

# ang *tagapagbalita* ng REPORMASYON

Vol. 65, No. 4

## ANG MENSAHE PARA SA MGA HULING ARAW

LINGGO NG PANALANGIN | DISYEMBRE 6–15, 2024

ang *tagapagbalita* ng
# REPORMASYON

Volume 65, Number 4

IN THIS ISSUE

**Editoryal**
Ang Mensahe Para sa mga Huling Araw ........ 3

**Ang Natatanging Banal na Mensahe**
Sa pamamagitan ng masigasig paghahanda para sa pagbabalik ni Kristo at taimtim na pagpapahalaga sa pag-asang ito, ang mensahe ay mabubuhay sa atin! ........ 4

**Ikaw Nga'y Magsikap at Magsisi**
Ang taos-pusong pagsisisi ay isang malalim na pagsisisi sa kaibuturan ng ating pagkatao sa harapan ng isang banal, matuwid na Diyos ........ 10

**Pagkahikayat**
Ang pagkahikayat ay isang pagbabago sa ating mga puso sa pamamagitan ng kapangyarihan ng pag-ibig ng Diyos ........ 16

**Ang Pagpapawi ng mga Kasalanan**
Ang kasalanan ay hindi lamang dapat mapatawad—kinakailangan itong mapawi! ........ 22

**Ang Mga Panahon ng Kaginhawahan**
Ang huling ulan ay ibubuhos nang masagana sa isang bayang dalisay ........ 28

**Ang Pagparito ni Jesucristo**
Tayo ay may pribilehiyo para sa paghahanda—at pagmadaliin—ang Mapalad na Pag-asa! ........ 34

**Ang Kaharian ng Kaluwalhatian**
Ngayon ang ating pagkakataon upang tumutok sa Kamahalan ng Langit na may nananabik na pag-asa ........ 40

**TULA**
Ang Mensaheng Kinakailangang Ipalaganap ........ 46

## MANALANGIN PARA SA KAPANGYARIHAN

Napakaraming impormasyon ang lumalabas! Karamihan sa mga ito ay hindi wasto; ang ilan dito ay totoo. Gayunpaman, kahit sa loob ng saklaw ng kung alin ang totoo, ano ang talagang nagpapatunay ng ating pinaka-determinadong atensyon? Ano ang dapat nating iniisip? Ang ating Tagapaglikha ay may natatanging mensahe para sa atin na dapat malaman at ibahagi sa mga huling araw na ito—at itong taunang Linggo ng Panalangin ay nagbibigay ng ganap na pagkakataon para sa atin upang pagtuonan ito ng pansin ng magkakasama. Ang Panginoon ay napakabuti sa atin sa nakaraang taon. Tayo ay nabubuhay pa rin kasama ang mahahalagang pagkakataon upang makilahok sa kaganapang ito.

"Ang mahahalagang hiyas ng katotohanan ay natatakpan lamang sa ibabaw, at bawat oras ng pagsasaliksik ay lubos kagantihan. Ipasok sa isipan ang mga prinsipyo ng ebanghelyo ni Kristo; maghanap nang may masusing pagsisikap para sa nakatagong kayamanan ng salita ng Diyos. Ang buong langit ay nakatingin kung ano ang gagawin ng tao sa mga tuntunin at mga pangako ni Jehova." (The Review and Herald, Disyembre 3, 1889.)

"Napakaraming mahalagang katotohanan ang nakapaloob sa Salita ng Diyos, subali't ang 'pangkasalukuyang katotohanan' ang kinakailangan ng kawan ngayon." (Early Writings, p. 63.)

Habang tayo ay nagpapatuloy sa mga pagbasang ito sa temang, Ang Mensahe para sa mga Huling Araw, na may layunin ng tunay na pagka-unawa at pagsasabuhay ng mensaheng ito, ang ating ang pananampalataya ay masagang gagantimpalaan. Ating ibahagi ang dakilang pagpapala ng mga pagbasang ito pati na rin sa iba na maaaring nakahiwalay o nasa tahanan, at tandaan ang mga sumusunod na petsa:

**Panalangin na may pag-aayuno:**
**Sabbath, Disyembre 14**
**Handog para sa mga mission:**
**Linggo, Disyembre 15**
.

Nawa ang Panginoon ay magiliw na tumugon sa taos-pusong pananabik ng lahat na masigasig na nagsisikap na isabuhay ang mensaheng ito at tanggapin ang Kanyang Banal na Espiritu sa kapangyarihan ng huling ulan ngayong Linggo ng Panalangin!

**Official Church Publication of the Seventh Day Adventist Reform Movement**

"The greatest want of the world is the want of men—men who will not be bought or sold."—*Education*, p. 57.

*Editor* L. Tudoroiu
*Assistant to the Editor* B. Montrose
*Layout and Design* E. Lee

**Web:** http://www.sdarm.org; **E-mail:** info@sdarm.org

**THE REFORMATION HERALD®** (ISSN 0482-0843) features articles on Bible doctrine that will enrich the spiritual life of those who seek to know more about God. It is published quarterly ni the Seventh Day Adventist Reform Movement General Conference, P. O. Box 7240, Roanoke, VA 24019-0240, U.S.A.

Printed and distributed ni Reformation Herald Publishing Association. Manuscripts, inquiries, address changes, subscriptions, payments, and donations should be mailed to the address below. Periodical postage paid at Roanoke, Virginia 24022.

**Subscription rates:**
United States: $18.00; Foreign countries: $16.00 plus shipping;
Single issue: $4.00 plus shipping
www.subscriptions.reformationherald.com

**POSTMASTER:** Send address changes to The Reformation Herald, P. O. Box 7240, ROANOKE, VA 24019.

Vol. 65, No. 4; Copyright © 2024 October–December issue.

**Illustrations:** Adobe Stock on the front cover and pp. 3–5, 8, 9, 12, 13, 16, 17, 20, 21, 24, 25, 28, 29, 32.

Editoryal



# ANG MENSAHE PARA SA MGA HULING ARAW

Ilarawan sa isipan ang kaganapan: Ang Banal Ang espiritu ay ibinuhos sa unang iglesia ang masaganang kapangyarihan ng maagang ulan. Sina Pedro at Juan ay nasa tarangkahan ng templo, kung saan, sa pangalan ni Hesukristo ng Nazareth, si Pedro ay inutusan ang isang lalaking pilay mula sa pagsilang na bumangon at tumayo at lumakad. Hinawakan niya sa kamay at nagsimulang lumakad ang lalaki, lumulukso, at nagpupuri sa Diyos.

Ang mahimalang pangyayaring ito, tiyak, ay nagdudulot ng kaguluhan sa mga tao, dahil alam nilang ito ang nakaupo na nanghihingi ng limos. Ngayon ay nagbibigay si Pedro ng lahat ng kaluwalhatian sa Diyos ni Abraham, Isaac, at Jacob—at nagpapaliwanag sa kanila ng tungkol sa Isang Banal, ang Prinsipe ng buhay. Inihayag niya kung paano sa pamamagitan ng pangalan ni Jesus, ang lalaking pilay noon ay pinalakas ng pananampalataya sa Kanya. Si Pedro pagkatapos ay matapang na ipinapahayag ang kaganapang itinanggi nila ang Panginoon sa harapan ng Romanong awtoridad at mas gusto ang isang mamamatay-tao (Barabbas) kaysa sa Isang Pinahiran ng Dios. Pagkatapos ay ipinahayag niya na sila ay nagtamo ng pagkakasala sa pamamagitan ng kamangmangan, ngunit higit pang naghahayag na ang ang pagdurusa ni Kristo ay katuparan ng propesiya.

Subalit ano ang dapat nilang gawin tungkol dito ngayon? Umalingawngaw ang mga salita:

"Kaya nga mangagsisi kayo, at mangagbalik-loob, upang mangapawi ang inyong mga kasalanan, upang kung magkagayon ay magsidating ang mga panahon ng kaginhawahang mula sa harapan ng Panginoon; At upang kaniyang suguin ang Cristo na itinalaga sa inyo, na si Jesus: Na siya'y kinakailangang tanggapin ng langit hanggang sa mga panahon ng pagsasauli sa dati ng lahat ng mga bagay, na sinalita ng Dios sa pamamagitan ng bibig ng kaniyang mga banal na propeta buhat pa nang una." (Mga Gawa 3:19–21).

## BAKIT ITO ANG MENSAHE PARA SA ANG MGA HULING ARAW?

Sa konteksto, ang malinaw na pahayag na ito ay ginawa kaagad pagkatapos ng pag-akyat ni Kristo. Gayunpaman mayroong pagkakasunod-sunod ng mga kaganapan para sa mga Kristiyano mula noon na nagpapatuloy:

1. Magsisi—ngayon
2. Magbalik-loob—ngayon
3. Upang ang inyong mga kasalanan (sa halip na ang inyong mga pangalan) ay mapawi.
4. Kailan? Sa panahon ng nagsisiyasat na paghuhukom bago ang pagbabalik ni Cristo, kapag ang mga panahon ng kaginhawahan—ang Banal na Espiritu sa kapangyarihan ng huling ulan—ay ibubuhos nang walang sukat.
5. Pagkatapos ay ipapadala ng Langit si Jesusristo. Bakit hindi mas maaga? Si Hesus ay manatili sa mga makalangit na korte hanggang bawat prinsipyo ng Kanyang moral na kautusan ay manumbalik sa puso ng tao—sa sinumang susuko sa Kanyang kalooban sa pamamagitan ng pagtanggap sa Kanya ng buong puso, ng lubusan.

"Sa pagbabagong-anyo, si Jesus ay niluwalhati ng Kanyang Ama. Naririnig natin Siyang sinabi: 'Ngayon ay niluluwalhati ang Anak ng tao, at ang Dios ay niluluwalhati sa kaniya.' Kaya bago ang pagkakanulo sa Kanya at pagpapako sa krus Siya ay pinalakas para sa Kanyang huling nakakakilabot na pagdurusa. Habang ang mga kaanib ng katawan ni Kristo ay lumalapit sa panahon ng kanilang huling pakikipagbuno, 'ang panahon ng kabagabagan ni Jacob,' sila ay lalago kay Kristo, at makakabahagi ng higit ng Kanyang espiritu. Habang ang Ang pangatlong mensahe ay lumalakas tungo sa malakas na sigaw (loud cry), at habang ang dakilang kapangyarihan at kaluwalhatian ay umaalalay sa nagtatapos na gawain, ang matapat na bayan ng Diyos ay makikibahagi sa kaluwalhatiang iyon. Ito ay ang huling ulan na magpapasigla at magpapalakas sa kanila na makapanagumpay sa panahon ng kabagabagan. Ang kanilang mga mukha ay magliliwanag ng kaluwalhatian ng liwanag na sumisinag sa ikatlong anghel."[1]

Panahon na ba para dumating si Hesus? Oo, walang pagdududa! Paano tayo magiging handa? Ang mga hakbang sa Mga Gawa 3:19–21 ay malinaw. Lubos nating tanggapin ang mensaheng ito para sa mga huling araw sa panahon ng Linggo ng Panalangin at masikap na iangkop ito sa ating mga puso!



BIYERNES, DISYEMBRE 6, 2024

# ANG NATATANGING BANAL NA MENSAHE

PINAGSAMA-SAMA MULA SA MGA SULAT NI ELLEN G. WHITE

## PAGHAHANDA PARA SA PAGDATING NI CRISTO

Mahal na mga Kapatid na lalaki at babae,

Naniniwala ba tayo ng buong puso na si Kristo ay malapit nang dumating at kaya mayroon tayong huling mensahe ng awa na patuloy na ibibigay sa nagkasalang sanlibutan? Ang atin bang halimbawa ay kung ano ang nararapat? Tayo ba, sa pamamagitan ng ating buhay at banal na pamumuhay, ay naipapakita sa mga nakapaligid sa atin na tayo ay naghihintay sa maluwalhating pagpapakita ng ating Panginoon at Tagapagligtas na si JesuCristo, na babago ng masasamang katawan at gagawin itong tulad ng Kanyang maluwalhating katawan? Ako ay natatakot na hindi natin pinaniniwalaan at napagtatanto ang mga bagay na ito ayon sa nararapat. Yaong mga naniniwala sa mahahalagang katotohanan na ating ipinahahayag, ay dapat kumilos ayon sa kanilang pananampalataya. Napakaraming naghahanap ng mga pansamantalang kasiyahan at mga bagay na umaagaw ng pansin sa sanlibutang ito; ang isipan ay tumatakbo nang labis tungkol sa pananamit, at ang dila ay masyadong madalas na nauugnay sa mababaw at walang kabuluhang usapan, na nagbibigay ng maling paglalarawan sa ating pag-aangkin, sapagkat ang ating pagkamamamayan ay hindi sa langit, dahil dito ay hinihintay natin ang Tagapagligtas.

Ang mga anghel ay nakatingin at nagbabantay sa atin; madalas nating pinagdadalamhati ang mga anghel na ito sa pamamagitan ng pagpapakabuyo sa walang kabuluhang usapan, kapilyuhan, at pakikipagbiruan, at sa pamamagitan din ng pagkalugmok sa isang walang ingat, walang silbing kalagayan. Kahit na tayo ngayon at sa susunod ay maaaring gumawa ng pagsisikap para sa tagumpay at makuha ito, ngunit kung hindi natin ito iingatan, kundi malulugmok sa gayon ding walang ingat, pabayang kalagayan, hindi makayang makapagtiis sa mga tukso at labanan ang kaaway, hindi natin mapagtitiisan ang pagsubok sa ating pananampalataya na lalong mahalaga kaysa



ginto. Tayo ay hindi nagtitiis alang-alang kay Kristo, at nagagalak sa kapighatian.

May napakalaking kakulangan ng Kristiyanong katatagan ng loob at paglilingkod sa Diyos na mula sa prinsipyo. Hindi natin dapat sikaping paluguran at bigyang-kasiyahan ang sarili, kundi parangalan at luwalhatiin ang Diyos, at sa lahat ng ating ginagawa at sinasabi ay magkaroon ng matang nakatutok sa Kanyang kaluwalhatian. Kung hahayaan nating makintal sa ating mga puso ang mga sumusunod na mahahalagang salita, at lagi itong isasaisip, tayo ay hindi madaling mahuhulog sa tukso at ang ating mga salita ay dapat konti lamang at napipiling mabuti: "Siya ay nasugatan dahil sa ating mga pagsalangsang, Siya ay nabugbog dahil sa ating mga kasamaan: ang kaparusahan ng ating kapayapaan ay nasa Kanya; at sa Kanyang mga latay tayo ay gumaling." "Bawat walang kabuluhang salita na binibigkas ng mga tao, ay pananagutan sa araw ng paghuhukom." "Ikaw ay Diyos na nakakakita."

Hindi natin maiisip ang mga mahahalagang salitang ito, at maaalaala ang mga paghihirap ni Hesus upang tayong mga abang mga makasalanan ay maaaring makatanggap ng kapatawaran at matubos sa Diyos sa pamamamagitan ng Kanyang napakahalagang dugo, kung walang pagka-dama ng isang banal na pagpipigil sa atin at isang marubdob na pagnanais na magtiis para sa Kanya na nagtiis at nagbata ng labis para sa atin. Kung tayo ay mananatili sa mga bagay na ito, ang iniibig na sarili, kasama ang dignidad nito, ay magpapakumbaba, at sa lugar nito ay sasakupin ng pagiging simple ng isang tulad ng bata na magagawang tiisin ang saway ng iba at hindi magiging madaling magalit. Ang isang espiritu na may matigas na kalooban ay hindi makakapasok upang pangunahan ang kaluluwa.1

## PAGPAPAHALAGA SA ATING PAGKAKATAON

Nang aking maunawaan kung gaano kahalaga ang nagawa para sa atin upang mapanatili tayong matuwid, ako ay napapabulalas, Oh, anong pag-ibig, anong kahanga-hangang pag-ibig, mayroon ang Anak ng Diyos para sa ating abang makasalanan! Dapat pa ba tayong maging hangal at walang ingat habang ang lahat na maaaring magawa ay ginagawa para sa ating kaligtasan? Ang buong kalangitan ay may pagmamalasakit para sa atin. Tayo ay dapat maging masigla at gising para parangalan, luwalhatiin, at sambahin ang mataas at matayog na Isa. Ang ating mga puso ay dapat mag-umapaw sa pag-ibig at pasasalamat sa Kanya na puspos ng pag-ibig at habag sa atin. Sa ating buhay ay dapat nating parangalan Siya, at sa dalisay at banal na pamumuhay ay ipakita na tayo ay ipinanganak mula sa itaas, na ang mundong ito ay hindi ang ating tahanan, kundi tayo ay mga manlalakbay at mga dayuhan dito, naglalakbay tungo sa isang lalong mabuting lupain.

Marami sa mga nagpapahayag ng pangalan ng Kristo at nag-aangkin na pinakananasa Ang kanyang mabilis na pagdating, ay hindi nalalaman kung ano ang magtiis alang-alang kay Kristo. Ang kanilang ang mga puso ay hindi nasupil ng biyaya, at sila ay hindi patay sa sarili, na madalas na ipinapakita sa iba't ibang paraan. Sa parehong panahon sila ay nagsasalita ng tungkol sa pagkakaroon ng mga pagsubok. Ngunit ang pangunahing dahilan ng kanilang mga pagsubok ay ang hindi nasusupil na puso, na gumagawa sa sarili na napaka-sensitibo kapag ito ay madalas na nasasalungat. Kung ang gayon ay nauunawaan kung ano ang maging isang abang tagasunod ni Kristo, isang tunay na Kristiyano, sila ay magsisimulang gumawa nang may mabuting sigasig at magsisimula sa tama. Sila ay dapat munang mamatay sa sarili, pagkatapos ay maging masikap sa panalangin, at suriin ang bawat naisin ng puso. Isuko ang

inyong tiwala sa sarili at pagiging-sapat sa sarili, mga kapatid, at sundin ang maamong Huwaran. Patuloy na panatilihin sa isipan si Jesus na Siya ang inyong halimbawa at dapat nating lakaran ang Kanyang mga bakas. Na masdan natin si Hesus, na gumawa at sumakdal ng ating pananampalataya, na siya dahil sa kagalakang inilagay sa harapan niya ay nagtiis ng krus, na niwalang bahala ang kahihiyan. Siya ay nagtiis ng pagsalangsang ng mga makasalanan laban sa Kanyang sarili. Siya para sa ating mga kasalanan ay ang maamo, na minsang pinatay na tupa, nasugatan, nabugbog, sinaktan, at napighati.2

## PAMUMUHAY NG MAS MABABA SA ATING MGA PRIBILEHIYO

Tayo ay malayo pa sa pagiging bayan na nais ng Dios na maging tayo, dahil hindi natin pinararangal ang kaluluwa at dinadalisay ang pag-uugali na naaayon sa kahanga-hangang paglalahad ng katotohanan ng Dios at ng Kanyang mga layunin. "Ang katuwiran ay nagbubunyi ng bansa: nguni't ang kasalanan ay kakutyaan sa alinmang bayan" (Kawikaan14:34). Ang kasalanan ay taga-panggulo. Saan man ito itinatangi—sa puso ng bawat isa, sa tahanan, sa iglesia—ay may kaguluhan, pagtatalo, alitan, awayan, inggit, paninibugho, dahil ang kaaway ng tao at ng Diyos ay may kapangyarihang magkontrol ng isipan. Ngunit hayaan ang katotohanan ay ibigin at dalhin sa pamumuhay, at pagtibayin, at upang ang mga lalaki o babae ay mamuhi sa kasalanan at maging buhay na kinatawan ni Hesu-Kristo sa sanlibutan.

Ang mga taong nagsasabing sumasampalataya sa katotohanan ay hindi hahatulan dahil sa sila ay wala ng liwanag, kundi dahil sila ay mayroong dakilang liwanag at hindi dinadala sa kanilang mga puso sa pagsusuri sa dakilang moral na pamantayan ng Diyos sa katuwiran. Ang mga taong nag-aangking sumasampalataya sa katotohanan ay dapat na maging marangal sa pamamagitan ng pagsasabuhay nito. Ang tunay na relihiyon ng Biblia ay dapat lumago ang buhay, dalisayin at parangalin ang pag-uugali, na ginagawa nitong lalong mas katulad ng banal na huwaran. Pagkatapos ang tahanan ay magiging masiglang magpahayag ng panalangin, sa pasasalamat at papuri sa Diyos. Ang mga anghel ay naglilingkod sa tahanan at pinapatnubayan ang sumasamba sa bahay dalanginan.

Hayaan ang mga iglesia na nag-aangkin na sumasampalataya sa katotohanan, na nagtataguyod ng kautusan ng Diyos, na sundin ang kautusang iyon at humiwalay sa lahat ng kasamaan. Hayaang ang bawat kaanib ng iglesia ay labanan ang mga tukso ng pagsasanay sa paggawa ng kasamaan at pagpapakabuyo sa kasalanan. Hayaang ang iglesia ay simulan ang gawain ng paglilinis sa harapan ng Diyos sa pamamagitan ng pagsisisi, pagpapakumbaba, malalim na pagsasaliksik sa puso, dahil tayo ay nasa katuparan ng araw ng pagbabayad-sala (antitypical day of atonement)—ang solemneng oras ay punong-puno ng walang hanggang mga bunga.

Hayaang ang mga nagtuturo ng katotohanan ay ipahayag ito ayon kay Hesus. Sa ilalim ng nagpapasuko, nagpapabanal, nagdadalisay na kapangyarihan ng katotohanan ng Diyos sila ay tulad ng malinis na sisidlan. Hayaang sila ay mapuno ng lebadura ng relihiyon ng Bibliya, O, anong impluwensya ang lalabas mula sa kanila tungo sa sanlibutan! Hayaang ang bawat kaanib ng iglesia ay maging malinis, matatag, hindi matitinag, laging sagana sa pag-ibig ni Hesus, at sila ay magiging isang liwanag sa sanlibutan. Hayaang ang mga taong nakatayo

> "Ang mga nalabi na nagpapadalisay ng kanilang kaluluwa sa pamamagitan ng pagsunod sa katotohanan ay nagtitipon ng lakas mula sa mahigpit na pamamaraan, na nagpapakita ng kagandahan ng kabanalan sa gitna ng nakapaligid na pag-apostasya. Sa lahat ng mga ito, sinasabi Niya, "Aking inanyuan ka sa mga palad ng aking mga kamay. (Isaias 49:16)."

bilang mga bantay at bilang mga pastor ng kawan ay ipahayag ang solemneng katotohanan, patunugin ang himig ng babala sa lahat ng mga tao, mga bansa, at mga wika. Hayaan silang maging buhay na mga kinatawan ng katotohanang kanilang itinataguyod, at igalang ang kautusan ng Diyos sa pamamagitan ng mahigpit at banal na pagsunod sa mga hinihiling nito, lumalakad sa harapan ng Panginoon sa kadalisayan, sa kabanalan, at isang kapangyarihan ang tutulong sa pagpapahayag ng katotohanan na magpapakalat ng liwanag sa lahat ng dako.

## PINAMIMIGHATI ANG ESPIRITU NG DIYOS

Ang Diyos ay hindi pinababayaan ang mga tao o ang bawat isa hanggang talikuran nila Siya. Ang panlabas na pagsalungat ay hindi magiging sanhi sa pananampalataya ng bayan ng Diyos, na sumusunod sa Kanyang mga ipinag-uutos, upang manghina. Ang pagpapabaya na dalhin ang kadalisayan at katotohanan sa pagsasagawa ay pinipighati ang Espiritu ng Diyos at nagpapahina sa kanila dahil wala ang Diyos sa gitna nila para pagpalain. Ang panloob na kasamaan ang magdadala ng mga pagpaparusa ng Diyos sa bayang ito tulad ng ginawa nito sa Jerusalem. Oh, hayaang ang nagsusumamong mga tinig, ang taimtim na panalangin ay marinig, na ang mga nangangaral sa iba ay hindi mangyari na sila rin ay itakwil. Aking mga kapatid, hindi natin nalalaman kung ano ang nasa unahan natin, at ang tanging kaligtasan natin ay nasa pagsunod sa Liwanag ng sanlibutan. Ang Diyos ay gagawa sa atin at para sa atin kung ang mga kasalanang nagdulot ng Kanyang poot sa sinaunang mundo, sa Sodoma at Gomorra at sa sinaunang Jerusalem, ay hindi magiging ating pagkakasala.

Ang pinakamaliit na pagsuway sa kautusan ng Diyos ay nagdudulot ng kasalanan sa lumalabag, at kung walang taimtim na pagsisisi at pag-iwan sa kasalanan ay tiyak na magiging isang ganap na tumalikod . . . . Tayo bilang isang bayan, hangga't maaari, ay linisin ang kampo sa moral na karumihan at nagpapalubhang mga kasalanan. Kapag ang kasalanan ay gumagawa ng paghakbang nito sa mga taong nagsasabing itinataas ang moral na pamantayan ng katuwiran, paano natin maaasahan ang Diyos na ibigay ang Kanyang kapangyarihan para sa ating kapakanan at iligtas tayo bilang isang bayan na gumagawa ng katuwiran? . . . Kung bilang bayan ay hindi natin pinanatili ang ating sarili sa pananampalataya at dahil hindi lamang tagapagtaguyod gamit ang panulat at tinig ng kautusan ng Diyos, kundi sinusunod din bawat isa, hindi lumalabag kahit isang tuntunin ng nalalaman, pagkatapos ang kahinaan at kapahamakan ay darating sa atin. Ito ay isang gawain na dapat nating asikasuhin sa bawat isa sa ating mga iglesia. Ang bawat tao ay dapat na maging isang Kristiyano.

## PAG-ALIS NG KASALANAN

Ang kasalanan ng pagmamataas ay dapat maalis, at ang lahat ng kalabisan sa pananamit ay mapagtagumpayan, at ang pagsisisi sa Diyos ay maisagawa para sa mga marahas na pagnanakaw sa Kanya ng pagkakait ng salapi na dapat dumaloy sa kabang-yaman upang matustusan ang gawain ng Diyos sa mga larangan ng mission nito. Hayaan ang gawain ng repormasyon, ng totoong pagkahikayat, ay itakda sa harapan at ipakiusap sa bayan. Hayaan ang ating mga gawa, ang ating pamamaraan, ay tumutugma sa gawain para sa panahong ito, upang masabi nating, "Sumunod ka sa akin gaya ng pagsunod ko kay Kristo."Ipagpakumbaba natin ang ating mga kaluluwa sa harapan ng Diyos sa pamamagitan ng pagpapakababa, pag-aayuno at pananalangin, pagsisisi ng kasalanan at pag-alis nito.

Ang tinig ng tunay na bantay ay kinakailangan na ngayong marinig ng lahat ng nasa hanay, "Dumarating ang umaga, at gayundin ang gabi" (Isaias 21:12). Ang trumpeta ay dapat magbigay ng tiyak tunog dahil tayo ay nasa dakilang araw ng paghahanda ng Panginoon. . . . May napakaraming mga doktrina sa kasalukuyan sa ating mundo. May napakaraming relihiyon sa kasalukuyan na bumibilang ng libu-libo at sampu-sampung libo nito, ngunit may isa lamang na nagtataglay ng tatak at ng tanda ng Diyos. May relihiyon ng tao at isang relihiyon ng Diyos. Ang ating kaluluwa ay dapat na maipako sa walang hanggang Bato. Lahat ng bagay sa mundo ng Dios, kapwa mga tao at mga doktrina at ang kalikasan mismo, ay tinutupad ang tiyak na salita ng hula ng Dios at ginaganap ang Kanyang dakila at nagtatapos na gawain sa kasaysayan ng mundong ito.

Dapat tayong maging handa at maghintay para sa mga ipag-uutos ng Diyos. Ang mga bansa ay magugulo hanggang sa kanilang pinakasentro. Ang tulong ay aalisin sa mga iyon na nagpapahayag ng

tanging pamantayan ng katuwiran ng Dios, ang tanging tiyak na pagsubok sa pag-uugali. At lahat ng hindi yuyukod sa kautusan ng pambansang konseho at susunod sa mga pambansang batas upang dakilain ang sabbath na itinatag ng taong makasalanan, hanggang sa pagbalewala ng banal na araw ng Diyos, ay mararamdaman, hindi ang mapang-aping kapangyarihan ng papa lamang, kundi pati rin ng mundo ng mga Protestante, ang larawan ng hayop.

Si Satanas ay gagawa ng kanyang mga himala upang manlinlang; itatakda niya ang kanyang kapangyarihan bilang pinakamataas. Ang iglesia ay makikita na parang babagsak, ngunit ito ay hindi babagsak. Ito ay mananatili, habang ang mga makasalanan ng Sion ay sasalain—ang ipa ay inihiwalay sa napakahalagang trigo. Ito ay isang nakakakilabot na pagsubok, ngunit gayunpaman dapat itong mangyari. Walang iba kundi ang mga nagtatagumpay sa pamamagitan ng dugo ng Kordero at ng salita ng kanilang patotoo ang matatagpuang kasama ng matapat at totoo, walang bahid o mantsa ng kasalanan, walang kasinungalingan sa kanilang mga bibig. Kinakailangang mahubad ang ating sariling katuwiran at madamitan ng katuwiran ni Kristo.3

Ipinakita sa akin na kung ang bayan ng Diyos ay hindi gumagawa ng pagsisikap sa kanilang bahagi, ngunit naghihintay para sa kaginhawahan na dumating sa kanila at saka aalisin ang kanilang mga kasalanan at itatama ang kanilang mga pagkakamali; Kung sila ay umaasa doon para linisin sila mula sa karumihan ng laman at espiritu, at iaangkop sila upang makasama sa malakas na sigaw (loud cry) ng ikatlong anghel, sila ay matagpuang kulang. Ang kagihawahan o ang kapangyarihan ng Diyos ay darating lamang sa mga inihanda ang kanilang sarili para dito sa pamamagitan ng paggawa ng gawaing iniuutos ng Diyos sa kanila, na ibig sabihin ay, nililinis ang kanilang sarili mula sa lahat ng karumihan ng laman at espiritu, na nagpapasakdal sa kabanalan sa pagkatakot sa Diyos.4

## NABIHISAN NG KATUWIRAN NI KRISTO

Ang mga nalabi na nagpapadalisay ng kanilang kaluluwa sa pamamagitan ng pagsunod sa katotohanan ay nagtitipon ng lakas mula sa mahigpit na pamamaraan, na nagpapakita ng kagandahan ng kabanalan sa gitna ng nakapaligid na pag-apostasya. Sa lahat ng mga ito, sinasabi Niya, "Aking inanyuan ka sa mga palad ng aking mga kamay" (Isaias 49:16). Sila ay nahahawakan sa walang hanggan na hindi nasisirang alaala. Tayo ay nangangailangan ng pananampalataya ngayon, buhay na pananampalataya. Tayo ay nangangailangang magkaroon ng buhay na patotoo na tatagos sa puso ng makasalanan. Masyadong napakarami na ang pangangaral at masyadong napaka-konti ang paglilingkod. Tayo ay nangangailangan ng banal na pangpahid. Kinakailangan natin ng espiritu at nag-aalab na sigasig sa katotohanan. Marami sa mga ministro ay paralisado ang kalahati ng kanilang sariling mga depekto ng pag-uugali. Kinakailangan nila ng nakapagpapabagong kapangyarihan ng Diyos.

Kung ano ang hinihiling ng Diyos kay Adan bago ang kanyang pagkahulog ay ang lubusang pagsunod sa Kanyang kautusan. Ang Diyos ay hinihiling ngayon kung ano ang hiniling Niya kay Adan, ang lubusang pagsunod, katuwirang walang kapintasan, walang pagkukulang sa Kanyang paningin. Tulungan nawa tayo ng Diyos na maibigay sa Kanya ang lahat ng hinihingi ng Kanyang kautusan. Hindi natin ito magagawa kung wala ang pananampalatayang iyon na nagdadala ng katuwiran ni Kristo sa pang-araw-araw na pagsasanay.

Mahal na mga kapatid, ang Panginoon ay darating na. Itaas ang inyong mga iniisip at mga ulo at magalak. O, nais naming isipin na ang mga nakakarinig ng masayang mga balita, na nagsasabing iniibig nila si Hesus, ay mapuspos ng kagalakang hindi masayod at puspos ng kaluwalhatian. Ito ang mabuti, ang masayang balita na dapat pumukaw sa bawat kaluluwa, na dapat muling banggitin sa ating mga tahanan at masabi sa mga makakasalubong natin sa daan. Ano pa kayang masayang balita ang maaaring ipagbigay-alam! Ang paghahanap ng kamalian at pakikipagtalo sa mga mananampalataya o hindi mananampalataya ay hindi ang gawain ng Diyos na ibinigay sa atin na dapat gawin.

Kung si Kristo ang aking Tagapagligtas, ang aking hain, ang aking pagbabayad-sala, kung gayon ay hinding hindi ako mamamatay. Sa pananampalataya sa Kanya, ako ay magkakaroon ng buhay magpakailanman. O, lahat nawa ng nananampalataya sa katotohanan ay manampalataya kay Hesus bilang kanilang sariling Tagapagligtas. Hindi ko ibig sabihin ang karaniwang uri ng pananampalataya na hindi sinusuportahan ng mga gawa, kundi iyong taimtim, buhay, patuloy, masunuring pananampalataya, na

kumakain ng laman at umiinom ng dugo ng Anak ng Diyos. Ang nais ko ay hindi lamang upang mapatawad sa pagsalangsang sa banal na kautusan ng Diyos, kundi nais kong iangat sa sinag ng mukha ng Dios. Hindi ganoon kasimple ang tanggapin sa langit, kundi magkaroon ng isang maluwahating pagpasok.

## ANG KALIGTASAN AY PAKIKIPAGKAISA KAY KRISTO

Tayo ba ay talagang wala ng kamalayan bilang isang natatanging bayan, isang banal na bansa, sa hindi mailarawang pag-ibig na ipinahayag ng Diyos para sa atin? Ang kaligtasan ay hindi lamang dapat mabinyagan, hindi lang dapat ang ating mga pangalan ay nasa mga talaan ng iglesia, hindi lang dapat maipangaral ang katotohanan. Kundi ito ay isang buhay na pakikipagkaisa kay Jesu-Kristo, na mabago ang puso, ginagawa ang mga gawa ni Kristo sa pananampalataya at paggawa ng pag-ibig, sa pagtitiis, kaamuan, at pag-asa. Ang bawat kaluluwa na kaisa kay Kristo ay isang buhay na misyonero sa lahat ng nakapaligid sa kanya. Siya ay gagawa para sa mga malapit at para sa mga nasa malayo. Siya ay walang hati-hating damdamin, walang interes na bumuo lang ng isang sangay ng gawain kung saan siya ang namumuno at ang kanyang kasigasigan ay hanggang doon lang matatapos. Ang lahat ay gagawa nang may pagnanais para maging matatag ang bawat sangay. Hindi magkakaroon ng pag-ibig sa sarili, walang makasariling interes. Ang layunin ay iisa, ang katotohanan ang napakadakilang kabuuan.

Maaaring maitanong ng may taimtim, nababalisang puso, "Ang inggit ba ay itinatangi, ang paninibugho ba ay pinahihintulutan upang makahanap ng lugar sa aking puso?" Kung gayon, si Kristo ay wala doon. "Iniibig ko ba ang kautusan ng Diyos, ang pag-ibig ba ni Hesu-Kristo ay nasa aking puso?" Kung iniibig natin ang isa't isa tulad ng pag-ibig ni Kristo sa atin kung gayon tayo ay naghahanda para sa mapalad na langit ng kapayapaan at kapahingahan. Wala ng pagsusumikap doon na maging una, na magkakaroon ng pangingibabaw; ang lahat ay iibigin ang kanilang kapwa gaya ng kanilang mga sarili. O nawa buksan ng Diyos ang pang-unawa at magpahayag sa mga puso ng ating mga iglesia sa pamamagitan ng pagpukaw sa bawat kaanib. . . .

Yaong mga matiwasay sa Sion ay kinakailangang mapukaw. Napakalaki ng kanilang pananagutan ng mga nagdadala ng katotohanan ngunit hindi nararamdaman ang bigat o pasanin para sa mga kaluluwa. O, para sa mga lalaki at babaeng nagpapahayag ng katotohanan na gumising, upang pasanin ang pamatok ni Kristo, upang dalhin Kanyang mga pasanin. Kinakailangan ang mga hindi magkakaroon ng interes sa pangalan lamang kundi isang tulad kay Kristo na pagnanais, hindi makasarili—isang matinding sigasig na hindi maghihina sa ilalim ng mga kahirapan o manlalamig dahil ang katampalasanan ay sagana. . . .

Tayo ay nakatayo sa pinakadulo na ng mga hangganan ng walang hanggang mundo. Ang mga Kristiyano sa maayos na panahon ay hindi kinakailangan para sa gawaing ito. Ang maramdamin at maselang relihiyon ay hindi kinakailangan para sa panahong ito. Kinakailangang may kasigasigan sa ating pananampalataya at sa pagpapahayag ng katotohanan. Aking sinasabi sa inyo, isang bagong buhay ang nagpapatuloy mula sa mga ahensya ni satanas upang gumawa ng may kapangyarihan na hanggang ngayon ay hindi natin nauunawaan. At hindi ba dapat isang bagong kapangyarihan mula sa itaas ang sasakop sa bayan ng Diyos? Ang katotohanan, sa nagpapabanal kapangyarihan nito, ay dapat ipilit sa bayan. Dapat mayroong taimtim na pagsusumamo na inihahandog sa Diyos, nakikipagbunong pananalangin sa Kanya, upang ang ating pag-asa bilang isang bayan ay hindi maitatag sa mga pagpapalagay, kundi sa walang hanggang katotohanan. Dapat nating malaman para sa ating mga sarili, sa pamamagitan ng katibayan ng Salita Diyos, kung tayo ay nasa pananampalataya, patungo sa langit o hindi. Ang moral na pamantayan ng pag-uugali ay ang kautusan ng Diyos. Natutugunan ba natin ang mga hinihiling nito? Ang bayan ba ng Panginoon ay nagdadala ng kanilang ari-arian, kanilang panahon, kanilang mga kaloob, at lahat ng kanilang kakayahan sa gawain para sa panahong ito? Tayo ay gumising. "Kung kayo nga'y muling binuhay na kalakip ni Cristo, ay hanapin ninyo ang mga bagay na nangasa itaas, na kinaroroonan ni Cristo, na nakaupo sa kanan ng Dios" (Colosas 3:1).3

### References:

[1] *Early Writings*, pp. 111, 112.
[2] Ibid., pp. 113, 114.
[3] *Selected Messages*, bk. 2, pp. 377–380.
[4] *Testimonies for the Church*, vol. 1, p. 619.
[5] *Selected Messages*, bk. 2, pp. 380–382.

SABBATH, DISYEMBRE 7, 2024

# "IKAW NGA'Y MAGSIKAP AT MAGSISI"

NI DANIEL LEE – U.S.A.

## ANG LIKAS NG TUNAY NA PAGSISISI

Ang unang tanong na kailangan lutasin ay, kung ano ang totoong pagsisisi? Pangalawa ay, ano ang maaaring posibleng pagsisishan ng isang bayang tumutupad na ng kautusan ng Diyos, kabilang na ang Sabbath at namumuhay na ng walang kapintasan hanggang ang moral na pag-uugali ay may kinalaman?

Ang pananampalataya sa Diyos at ang bunga nitong pagsisisi sa kasalanan ay ang kusang resulta ng pakikipagkaisa sa Diyos. Ang paghahayag ng kabutihan at katuwiran ng Diyos, na natamo sa pamamagitan ng isang masigasig na pakikipag-ugnayan sa Kanya ay kung ano ang umaakay sa mga tao na magsisi (Roma 2:4). Kung hiwalay sa pakikipagkaisang ito, walang tunay na pagsisisi. Mas nakikipag-usap ang kaluluwa Diyos, mas lalo nitong nakikilala Siya, mas nagiging malakas ang pag-uanawa sa kasalanan at mas malalim at mas dibdiban ang pagsisisi.

"Habang lumalapit tayo kay Hesus, at mas malinaw nating nauunawaan ang kadalisayan ng Kanyang katangian, mas malinaw nating makikita ang lubhang kasamaan ng kasalanan, at mas hindi natin mararamdaman na parang gusto nating itaas ang ating mga sarili. Magkakaroon ng patuloy na pag-abot ng kaluluwa sa Diyos, isang patuloy, taimtim, nakakadurog ng pusong pag-amin ng kasalanan at pagpapakumbaba ng puso sa harapan Niya. Sa bawat pasulong na hakbang sa ating karanasang Kristiyano ang ating pagsisisi ay magiging malalim."1

Tungkol kay Enoc ay sinabi, na "ang mas malapit na pakikipag-ugnayan sa Diyos, ay mas magiging malalim ang pagkadama ng kanyang sariling

kahinaan at kasalanan."2

Ang pagsisisi ay hindi maaaring gawin gamit ang mga makinarya. Ito ay hindi maaaring mabuo tulad ng ibang simbuyo ng damdamin ng tao. Ito talaga ay ang Banal na Espiritu na nakakaapeto sa ritmo ng puso ng tao, tinutunaw at sinusupil ito sa ilalim ng malakas Nitong kapangyarihang magpakilala ng kasalanan. Pagkatapos ang tunay na pagsisisi ay nangyayari. Ang kalungkutan para sa pagkakasala at pagsisisi ay natural at kusang pagtugon ng tao sa gawain ng Espiritu ng patuloy na pagkintal sa isipan ng kagandahan ng katangian ng Diyos kay Kristo Hesus. Kapag ang mananampalataya ay patuloy na tumitingin kay Hesus at binubuksan ang kanyang puso sa Kanya bilang isang kaibigan sa banal na pakikisama, lahat ng sariling katuwiran at ianaakalang kabutihan ay hinuhubad at ang kahubaran ng kaluluwa ay nahahayag. Pagkatapos ang kanyang kaluluwa ay kusang yumuyuko sa pagdadalamhati, nagpapakumbaba at nagsisisi.

"Ang isang sinag ng kaluwalhatian ng Diyos, isang sinag ng kadalisayan ni Kristo, na tumatagos sa kaluluwa, ay gumagawa sa bawat dungis ng kasamaan na napakasakit na nililinaw, at inihahayag ang kasamaan at mga depekto ng pag-uugali ng tao. Ginagawa nitong madaling mapansin ang hindi banal na mga pagnanasa, ang pagtataksil ng puso, ang karumihan ng mga labi. Ang mga gawa ng makasalanan ng kawalan ng katapatan na ginagawang walang bisa ang kautusan ng Diyos, ay inihahayag sa kanyang paningin, at ang kaniyang espiritu ay nababagabag at nagdadalamhati sa ilalim ng nagsisiyasat na impluwensya ng Espiritu ng Diyos. Siya ay nasusuklam sa kanyang sarili habang tinitingnan niya ang dalisay, walang dungis na katangian ni Kristo."3

## ANG PAGSISISI NI ISAIAS—ISANG HUWARAN PARA SA NAGTATAPOS NA PANAHON NG BAYAN DIYOS

Habang minamasdan ni propeta Isaias ang kaluwalhatian ng Diyos sa templo, siya ay naapektohan at kinilabutan sa pagkadama ng kanyang sariling moral na kahinaan at kasamaan ng pag-uugali. Ang nahahapis na sigaw ng propeta ay, "Sa aba ko! sapagka't ako'y napahamak; sapagka't ako'y taong may maruming mga labi, at ako'y tumatahan sa gitna ng bayan na may maruming mga labi: sapagka't nakita ng aking mga mata ang Hari, ang Panginoon ng mga hukbo" (Isaias 6:5). Bago siya nagkaroon ng ganitong nagpapabago ng buhay na personal na pakikipagtagpo sa Diyos sa santuwario, siya ay nakilos upang sawayin ang mga kasalanan ng iba. Gamit ang mga sumusunod na mabagsik na mga salita, pinupuntirya niya ang mga kasalanan ng iba: "Sa aba ng masama! ikasasama niya: sapagka't ang kagantihan sa kaniyang mga kamay ay mabibigay sa kaniya" (Isaias 3:11). "Sa aba nila na nagsisitawag ng mabuti ay masama, at ng masama ay mabuti; na inaaring dilim ang liwanag, at liwanag ang dilim; na inaaring mapait ang matamis, at matamis ang mapait! Sa aba nila na pantas sa kanilang sariling mga mata, at mabait sa kanilang sariling paningin. Sa aba nila na malakas uminom ng alak, at mga taong malakas sa paghahalo ng matapang na inumin" (Isaias 5:20-22).

Habang ang propeta ay nakikilos upang kondenahin ang umiiral na kasamaan sa paligid niya sa kanyang kasigasigan para sa Diyos, ay hindi niya kusang tinanggap ang sariling pagiging-makasalanan sa yugtong iyon ng kanyang espirituwal na paglakad. Hindi hanggang sa nakakakilabot na pakikipagtagpong iyon sa Diyos sa templo ay may naunawaan ang propeta sa kanyang sariling kasamaan ng buhay na lubos na salungat sa kaluwalhatian ng Diyos, ay napakalinaw na tumatak sa kanyang isipan at puso. Bilang resulta ng hindi malilimutang pakikipagtagpong iyon, Ang "Sa aba mo" naging "Sa aba ko . . ."

"Pinupuna ni Isaias ang kasalanan ng iba; subalit ngayon ay nakikita na niya ang sarili niya nalalantad sa parehong kahatulan na ipinapahayag niya sa kanila. Siya ay nasiyahan na sa malamig, walang buhay na



seremonya sa kanyang pagsamba sa Diyos. Hindi niya ito nalaman hanggang sa ang pangitain ay ibinigay sa kanya ng Panginoon. Gaano kaunti ngayon nahayag ang kanyang karunungan at mga talento habang tinitingnan niya ang kabanalan at kamahalan ng santuwario. Gaano siya hindi karapat-dapat! Gaano siya ay hindi naaangkop para sa sagradong paglilingkod! Ang kanyang pananaw sa kanyang sarili ay maaaring ipahayag sa wika ng apostol Pablo, 'Abang tao ako! sino ang magliligtas sa akin sa katawan nitong kamatayan?' "4

Ang nalalabing iglesia ng Diyos ngayon, habang ang layon ng kataas-taasang pagpapahalaga ng Diyos, ay kasing bulag sa kanyang totoong espirituwal na kalagayan, gaya ng propetang si Isaias, bago ang kanyang personal na pakikipagtagpo sa Diyos sa templo. Ang marangal niyang katayuan bilang imbakan ng Sagradong mga katotohanan at ang kanyang walang kapintasang pag-uugali ay, nakakalungkot na, gumawa sa sa kanya ng hindi kanais-nais na epekto ng pag-iisip na siya ay nasa isang mas mahusay na katayuan kaysa sa kung ano siya talaga. Ang kanyang pagpapalagay sa kanyang sariling espirituwal na kalagayan ay lubhang naiiba mula sa mga Tapat at Tunay na Saksi, Na nagsasabing, "Hindi mo nalalamang ikaw ang aba at maralita at dukha at bulag at hubad" (Pahayag 3:17) Talagang hindi nalalaman ang kanyang tunay na kalagayan, siya ay may pagtitiwalang sumisigaw, "Ako'y mayaman, at nagkamit ng kayamanan, at hindi ako nangangailangan ng anoman;" (Pahayag 3:17). Hangga't ang bayan na Dios ay nalulugod sa matagumpay, na gawi ng pagpuri sa sarili, nalilinlang ng kadakilaan ng kanilang inaakalang kabutihan, ang Banal na Espiritu ay hindi maaaring makapagpaunawa ng kasalanan. Hindi magkakaroon ng tunay na nakakadurog ng pusong pagsisisi at pagtatapat ng kasalanan, at walang tunay na pakikipagka-isa sa Diyos maliban kung ang nakapipinsalang kalagayan ng kaisipan ay determinadong alisin at iiwan.

Ang mga Eskriba at ang mga Pariseo noong panahon ni Hesus ay ipinagmamalaki ang kanilang sariling gawang sariling katuwiran. Ang panawagan ni Juan Bautista na "Mangagsisi kayo; sapagka't malapit na ang kaharian ng langit." (Mateo 3:2), ay walang epekto sa kanila. Ang panawagan sa pagsisisi sa kanila ay nakakayamot. Nabulag ng mga pagkadama ng pinataas na espirituwal na kalamangan sa bisa ng kanilang pagkakaugnay kay Abraham at ang kanilang napakaraming mga nakatuon sa gawang pagbabago, ng kanilang mahigpit na seremonya, hindi na nila naramdaman ang kanilang pangangailan ng isang Tagapagligtas, hindi na nangangailangang ipagpakumbaba ang kanilang sarili at ipahayag ang kanilang mga kasalanan, at tiyak na hindi na nangangailangan ng pagsisisi. Si Jesus ay inilarawan ang mga ito na nadaya ng sarili na mga nag-aangkin ng relihiyon sa Kanyang panahon bilang ". . . mga libingang pinaputi, na may anyong maganda sa labas, datapuwa't sa loob ay puno ng mga buto ng mga patay na tao, at ng lahat na karumaldumal." (Mateo 23:27). Ang mga ito ay nalilito sa panlabas na pagsang-ayon sa mga tuntunin at regulasyon sa katuwiran na natural na nagmumula sa kalooban ng puso. Wala silang nalalaman sa kaamuan at kababaang loob na natatamo lamang sa paaralan ni Kristo, natutunan lamang sa pamamagitan ng patuloy na pakikipagka-isa sa Kaniya.

Ang panawagan na natagpuan sa mensahe sa iglesia ng Laodicea, "Ikaw nga'y magsikap, at magsisi" (Pahayag 3:19), hindi man ito popular, gayunpaman ito ay para sa bawat kaanib ng iglesia ngayon na dapat tanggapin ng napaka-seryoso.Tayo ay nabubuhay sa panahon ng Laodicea. Ang panawagang ito na magsisi samakatuwid ay pangkasalukuyang tungkulin. Ang pagkabigong unawain ang panawagang ito ay magreresulta ng may katiyakang isusuka ng bibig ni Kristo, ang gawa ng lubusang pagtakwil. Pagpapakababa sa sarili, pagtanggi sa sarili, at pagsuko ng sarili tulad ng naranasan ni propeta Isaias sa templo habang pinagmamasdan ang kaluwalhatian ng Diyos, ay makikita sa buhay ng mga taong nakikinig sa panawagang magsisi. Walang iba kundi ang mga, sa pamamagitan ng pananampalataya, ay nakikipagtagpo sa Diyos sa santuwario gaya ng ginawa ni Isaias, ang magkakaroon ng pribilehiyong malaman ang mahalagang bagay sa kabutihan ng Diyos na aakay sa kanila tungo sa pagsisisi (Roma 2:4).

"Ang pangitain na ibinigay kay Isaias ay kumakatawan sa kalagayan ng bayan ng Diyos sa mga huling araw. Sila ay may pribilehiyong makita sa pamamagitan ng pananampalataya ang gawain na nangyayari sa makalangit na santuwario. 'At nabuksan ang templo ng Dios na nasa langit: at nakita sa kaniyang templo ang kaban ng kaniyang tipan.' Habang nakatingin sila sa pamamagitan ng pananampalataya sa kabanal-banalan, at nakikita ang gawain ni Kristo sa makalangit na santuwario, mauunawaan nila na sila ay isang bayang may maruruming mga labi,—isang bayan na ang mga labi ay madalas na nagsasalita ng walang kabuluhan, at ang mga talento ay hindi napababanal at

> Ang pangitain ni Isaias tungkol sa Diyos sa templo ay isang uri ng karanasan ng bayan ng Diyos sa mga huling araw. Sa pamamagitan ng pananampalataya, sila ay magkakaroon ng pribilehiyong sumunod kay Hesus sa kabanal-banalan.

nagagamit para sa ikaluluwalhati ng Diyos. Maaaring mawalan sila ng pag-asa habang inihahambing nila ang kanilang sariling kahinaan at pagiging hindi karapat-dapat sa kadalisayan at kagandahan ng kaluwalhatian ng katangian ni Kristo. Ngunit kung sila, ay tulad ni Isaias, ay tatanggapin ang babala na nais ng Panginoon na gagawin sa mga puso, kung ipagpapakumbaba nila ang kanilang mga kaluluwa sa harapan ng Diyos, ay may pag-asa para sa kanila. Ang bahaghari ng pangako ay nasa itaas ng trono, at ang gawaing ginawa para kay Isaias ay isasagawa sa kanila. Ang Diyos ay tutugon sa mga dalanging nagmumula sa nagsisising puso."5

## ANG ARAW NG PAGBABAYAD-SALA (DAY OF ATONEMENT) ANG PAGSISISI AY INILARAWAN

Ang pangitain ni Isaias tungkol sa Diyos sa templo ay isang uri ng karanasan ng bayan ng Diyos sa mga huling araw. Sa pamamagitan ng pananampalataya, sila ay magkakaroon ng pribilehiyong sumunod kay Hesus sa kabanal-banalan. Habang sila ay nakikipag-usap sa Kanya at nagninilay-nilay sa nagtatapos na gawain sa santuwario, sila ay aakayin na maunawaan ang mahahalagang bagay sa Kanyang dakilang pag-ibig sa pagpapawi ng kanilang mga kasalanan magpakailanman mula sa alaala at mula sa mga aklat ng mga alaala ng mga gawa; mauunawaan nila ng mas malinaw ang nasasaklaw ng karumihan ng kanilang mga puso at depekto ng kanilang mga pag-uugali na kapansin-pansing salungat sa kadalisayan ni Kristo. Bilang resulta, ang kanilang pagsisisi ay magiging malalim nang husto. Sila ay magbubuntong-hininga at dadaing at tatangis sa pagitan ng portiko at ng altar; pagdadalamhatiin nila ang kanilang mga kaluluwa at taimtim na magsusumamo para sa kadalisayan ng puso.

"Ang lahat ay kinakailangang maging mas matalino patungkol sa gawain ng pagtubos, na nangyayari sa santuwaryo sa itaas. Kapag ang dakilang katotohanan ay nakikita na at nauunawaan, ang mga nanghahawakan dito ay gagawa nang naaayon kay Kristo upang mahanda ang isang bayan na makakatayo sa dakilang araw ng Diyos, at ang kanilang pagsisikap ay magiging matagumpay. Sa pamamagitan ng pag-aaral, pagmumuni-muni, at pananalangin ang bayan ng Diyos ay mapaparangal ng higit sa karaniwan, ang makalupang kaisipan at damdamin, ay dadalhin sa pakikipagkaisa kay Kristo at sa Kanyang dakilang gawain ng paglilinis ng santuwario sa itaas mula sa mga kasalanan ng bayan. Ang kanilang pananampalataya ay sasama sa Kanya sa santuwario, at ang mga sumasamba sa lupa ay maingat na susuriin ang kanilang buhay at ihahambing ang kanilang mga pag-uugali sa dakilang pamantayan ng katuwiran. Makikita nila kanilang sariling mga depekto."6

## ANG BUONG NAABOT NG KASAMAAN NG TAO NA MAHAHAYAG AT PAGSISISIHAN

Ang nagsisising mananampalataya ay talagang walang ideya sa naaabot ng kasamaan ng kanyang buhay. Hindi niya nakikita ng kaniyang isipan ang kasamaan ng pagkakasala ng kanyang mga pagsalangsang at mga kasalanan. Kaya, sa anumang ibinigay na panahon, ang kanyang pagsisisi ay hindi lubos na malalim. Hindi niya nalalaman kung ano ang dapat pagsisihan! Hindi niya nauunawaan na

mas napakarami siyang pagkakautang sa kautusan ng Diyos kaysa sa kanyang pinagsisihan at ipinagtatapat pang-araw-araw.

"Ang gawain ng bawat tao ay dumadaan sa pagsusuri sa harapan ng Diyos at itinatala para sa katapatan o hindi katapatan. Sa tapat ng bawat pangalan sa mga aklat ng langit ay isinusulat ng may nakakakilabot na kawastuhan bawat maling salita, bawat makasariling gawa, bawat hindi nagampanang tungkulin, at bawat lihim na kasalanan, kasama ang bawat mapanlinlang na pagkukunwari. Ang mga ipinadala ng langit na mga babala o mga pagsaway na pinabayaan, nasayang na mga sandali, mga pagkakataong hindi napabuti, ang impluwensyang naidulot para sa kabutihan o para sa kasamaan, kasama ang napakalawak na naaabot ng mga resulta, lahat ay isinusulat ng nagtatalang anghel."7

Kahit na ang mga kasalanan na hindi pa talaga nagagawa ay nakatala sa mga aklat ng langit, na nagpapatotoo laban sa mga tao sa paghuhukom.

"Ang kautusan ng Diyos ay saklaw ang damdamin at motibo, gayundin ang panlabas na pagkilos. Inihahayag nito ang mga lihim ng puso, sinisinagan ng liwanag ang mga bagay bago maibaon sa kadiliman. Nalalaman ng Diyos bawat iniisip, bawat layunin, bawat pinaplano, bawat motibo. Sa mga aklat ng langit ay nakatala ang mga kasalanang nagawa sana kung nagkaroon ng pagkakataon. Ang Diyos ay dadalhin ang bawat gawa sa paghuhukom, kasama ang bawat lihim na bagay."8

Sa prinsipyo, ang isa na mas marami ang pagkakasalang nahahayag at nadadala sa liwanag, mas magiging malalim ang gawa ng pagsisisi. Nakakalungkot, na ang pag-unawa ng isa sa kanyang pagiging makasalanan ng buhay ay maaaring maging lubhang magulo at madilim dahil sa mga pagpapabuting iminumungkahi sa pagbabago sa buhay sa pagkahikayat. Ang pagpapasimula ng positibong pagbabago sa pagkain, sa pananamit, ang disposisyon at ang ugali na madalas humahantong sa marami na mag-isip ng (mali) na sila ay nagiging mas lalong nagiging matuwid at kaya, paunti ng paunti ang pagkadama sa kasalanan. Ito ay panlilinlang sa sarili sa pinaka-punto; ito ang pinakabuod ng kalagayan ng taga-Laodicea (Laodicean gridlock) na nagsasabing, "Ako'y mayaman, at nagkamit ng kayamanan, at hindi ako nangangailangan ng anoman." Hindi na kinakailangang sabihin na mas napakadaling mahulog sa bitag na ito kaysa sa nauunawaan ng mas maraming tao. Ito sa katunayan, ang kalagayan ng maraming mga tao sa iglesia, bagaman maaaring hindi nauunawaan at tinatanggap. Ito ang nagpapaliwanag kung bakit sa Laodicea, si Jesus ay sumigaw, "Hindi mo nalalaman. . . ." Ang lahat ng bagay na nasabi, ang ugaling ito ay napakasama at lubhang nakakaapekto sa antas ng nadaramang pagsisisi.

## ANG GAWA NG MALALIM NA PAGSISISI NA DAPAT MAUNA SA PANGHULING PAGBABAYAD-SALA (FINAL ATONEMENT) AT PAGLILINIS

Ang Diyos ay magkakaroon ng isang bayan sa huling mga araw na magiging malapit na nakaugnay sa Kanyang Anak sa paksa ng Kanyang huling ministeryo sa kabanal-banalan. Ang mga ito ay hahantong sa ganap na pagkaunawa sa naaabot ng kasamaan ng kanilang mga buhay, hanggang sa punto ng kawalan ng pag-asa. Malinaw nilang mauunawaan ito na salungat sa walang katulad na karilagan ni Kristo. Pagkatapos sila ay pangungunahan ng Banal na Espiritu upang iwaksi ang kaisipan ng taga-Laodicea na napakalaganap sa mga iglesia sa mga araw na ito at dumaan sa isang espirituwal na pagpupurga na nailalarawan sa pamamagitan ng malalim na pagsusuri ng kaluluwa at malalim na pagsisisi. Ang karanasang ito ay magiging katulad ng kung ano ang pinagdaanan ni Isaiah, malibang ito ay magiging mas matindi at mas napapanindigan. Ang karanasang ito, ay tinatawag na "pagdadalamhati ng kaluluwa" ( Levitico 16:29; 23:27-32 ) ay kung ano ang naghahanda sa nalabing iglesia para sa panghuling pagbabayad-sala at paglilinis.

"Ang pangitain ni Zacarias tungkol kay Joshua at ng Anghel ay naaangkop na may kakaibang puwersa sa karanasan ng bayan ng Diyos sa nagtatapos na kaganapan ng dakilang araw ng pagbabayad-sala. . . ."

"Habang si Joshua ay nagsusumamo sa harap ng Angel, ay ganon din ang nalabing iglesia, na may pagkawasak ng puso at hindi pinanghihinaan ng pananampalataya, ay magsusumamo ng kapatawaran at pagliligtas sa pamamagitan ni Hesus, ang kanilang Tagapamagitan. Nalalaman nila ng lubos ang kasamaan ng kanilang buhay, nakikita nila kanilang kahinaan at pagiging hindi karapat-dapat; at sila ay handang mawalan ng pag-asa."9

Ang gawain ng malalim na pagsusuri sa sarili at pagsisisi ay kinakailangang magawa sa panahong ito. (Joel 2:13.) Ang karaniwang pagsunod na malamig,

walang sigla, ang ayon sa tradisyon na mga pagsamba at seremonya sa iglesia ay hindi sapat upang ito mangyari. Hindi rin ang nakaugalian pangangaral na walang buhay, teoretikal na mga sermon o ang paghahandog ng walang buhay, walang diwang mga panalangin sa iglesia at sa tahanan ang magdadala ng karanasang ito. Tanging ang praktikal na pananampalataya lamang na nailalarawan ng patuloy na paghahanap sa Diyos sa araw-araw, oras-oras na pakikipag-kaisa at pagkaka-ugnay sa Kanya, ang makakatulong.

Dahil tayo ay nabubuhay na ngayon sa panahon ng katuparan ng pagbabayad-sala (antitypical day of atonement), hindi ito ang gawaing gaya ng karaniwan sa iglesia. Ang pagdadalamhati ng kaluluwa ay ang utos ni Kristo sa pagsulong ng nalalabing iglesia. Si Jesus ay malapit nang gawin ang Kanyang huling pagtubos; Malapit na Niyang ibigay ang utos, "Hubarin ninyo ang mga maruming kasuotan at. . . Aking susuutan ka ng mainam na kasuutan" (Zacarias 3:1–5). Sa lalong madaling panahon, alinsunod sa Kanyang nagtatapos na ministeryo sa makalangit na santuwario bilang Dakilang Saserdote, si Jesus ay lilinisin ang Kanyang bayan mula sa lahat ng kasamaan at kasalanan sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanila ng Kanyang sakdal na katuwiran. Yaong mga naging ugali ang magdalamhati sa kanilang espirituwal na panghihina at pagtangis sa paghihirap ng kaluluwa, ay tatanggap nito, habang ang mga naging pabaya at ang walang malasakit ay mahihiwalay sa Kanyang bayan.

Nais mo bang maging isa sa mga mapalad na makakatanggap ng biyaya ng Kanyang huling pagtubos at maging bahagi ng 144,000? Ang inyong pangalan ba ay nananatili sa aklat ng buhay ng Kordero? Nais mo bang linisin ng lubusan at tuluyan ang lahat ng kasamaan at maging angkop na Manahan sa sambayanan ng walang kasalanang mga anghel? Nawa ang Panginoon, ay ibilang tayong lahat na karapatdapat. Ikaw nga'y magsikap at magsisi.

"Habang ang bayan ng Diyos ay pinagdadalamhati ang kanilang mga kaluluwa sa Kanyang harapan, na nagsusumamo para sa kadalisayan ng puso, ang utos ay ibibigay, 'Hubarin ninyo ang mga maruruming kasuotan,' at ang mga salitang nagbibigay ng pag-asa ay binibigkas, 'Narito, aking pinaram ang iyong kasamaan, at aking susuutan ka ng mainam na kasuotan' (Zacarias 3:4). Ang walang bahid na balabal ng katuwiran ni Kristo ay inilalagay sa mga sinubok, tinukso, matapat na mga anak ng Diyos. Ang hinamak na nalabi ay binihisan ng maluwalhating kasuotan, hindi na kailanman muling madudungisan ng mga kasamaan ng sanlibutan. Ang kanilang mga pangalan ay mananatili sa aklat ng buhay ng Cordero, nakatala kasama ng mga matapat sa lahat ng kapanahunan. Nilabanan nila ang mga lalang ng magdaraya; sila ay hindi tumalikod mula sa kanilang katapatan sa pag-ungal ng dragon. Ngayon sila ay panatag na walang hanggan mula sa mga lalang ng manunukso. Ang kanilang mga kasalanan ay inililipat sa nagpasimula ng kasalanan. Isang 'magandang mitra' ang isusuot sa kanilang mga ulo."10

### References:


[1] *The Acts of Apostles*, p. 561.
[2] *Patriarchs and Prophets*, p. 85.
[3] *Steps to Christ*, p. 29.
[4] *The SDA Bible Commentary* [E. G. White Comments], vol. 4, p. 1139.
[5] Ibid.
[6] *Testimonies for the Church*, vol. 5, p. 575. [Emphasis added.]
[7] *The Great Controversy*, p. 482.
[8] *The Signs of the Times*, July 31, 1901. [Emphasis added.]
[9] *Prophets and Kings*, p. 588. [Emphasis added.]
[10] Ibid., p. 591.



LINGGO, DISYEMBRE 8, 2024

# PAGKAHIKAYAT

NI ELIAS RIVERA — U.S.A.


## PAGBABAGONG-ANYO

Ang kalikasan ay may magagandang paglalarawan na nagtuturo sa atin tungkol sa dakilang kapangyarihan ng Diyos, gayundin ng Kanyang pagtubos na gawain sa ating mga puso. Ang pagkasunod-sunod ng buhay ng paru-paro ay binubuo ng apat na yugto, yun ay: itlog, uod (larva), (pupa), at ganap na anyo (adult). Ang proseso ay maikli, tumatagal ng halos isang buwan. Ang mga paru-paro ay nangingitlog sa ilalim ng mga dahon ng mga halaman kung saan ang kanilang mga uod ang magpapakain. Kapag napisa ang itlog, ang isang maliit na uod ay lumalabas mula sa bahay nito. Ang mga uod (caterpillar) naman ay napaka matakaw; kumakain sila ng marami at mabilis na lumalaki. Kapag ang uod ay umabot na sa ganap na gulang, ito ay nagiging isang pupa, na tinatawag ding chrysalis. Habang nasa loob ng chrysalis, ang uod ay dumadaan sa pagbabago na tinatawag na metamorphosis at pagkatapos ng ilang araw, mula sa pupa ay lumabas ang isang magandang paru-paro.

Ang uod ay dumadaan sa lubusang pagbabago. Siya ay nagiging isang ganap na bagong nilalang na may ganap na bago at natatanging likas. At ito ang layunin ng Diyos para sa ating espirituwal na buhay kay Kristo: "Kaya't kung ang sinoman ay na kay Cristo, siya'y bagong nilalang: ang mga dating bagay ay nagsilipas na; narito, sila'y pawang naging mga bago" (2 Corinto 5:17). Ang plano ng Diyos ay baguhin ang ating buhay, muling ibalik ang Kanyang wangis sa atin, baguhin ang ating mga puso. Ipinahayag Niya, "Bibigyan ko rin naman kayo ng bagong puso, at lalagyan ko ang loob ninyo ng bagong diwa; at aking aalisin ang batong puso sa inyong katawan, at aking bibigyan kayo ng pusong laman. At aking ilalagay ang aking Espiritu sa loob ninyo, at palalakarin ko kayo ng ayon sa aking mga palatuntunan, at inyong iingatan ang aking mga kahatulan, at isasagawa." (Ezekiel 36:26, 27).

Ang salitang "pagkahikayat" ibig sabihin ay magbago, maging iba, mabago ng lubusan tungo sa isang bagay na naiiba sa kung ano ito dati. Isang halimbawa ito ay matatagpuan sa Juan 16:20, "Ang iyong kalungkutan ay magiging kagalakan" o sa Pahayag 11:6, ". . . may kapangyarihan sila sa mga tubig na mapaging dugo."

Kaya, kapag tayo ay nagsasalita tungkol sa pagkahikayat (o pagbabalik-loob), tayo ay nagpapahayag tungkol sa nagpapabagong gawain ng Diyos trabaho para sa tao at sa tao, ang gawain kung saan ang tao ay pinatatawad at nababago, ay isang dakilang gawain na nag-aaring ganap at nagpapabanal sa mananampalataya. Ito ay isang gawain kung saan ang lumang pagkatao ay ipinapako sa krus at inililibing at ang bagong pagkatao ay ipinanganak sa



[Emphasis added throughout.]

bagong buhay.

## PAANO ANG PAGKAHIKAYAT (O PAGBABALIK-LOOB) KUMIKILOS

Ang pagkahikayat ay gawain ng Diyos sa tao sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Kanyang pag-ibig at Kanyang Banal na Espiritu. May mga malaking pagbabagong-loob tulad ng kay Saulo, isang pagbabagong naging kapansin-pansin ng ang taong taga-Tarsus ay nagkaroon ng personal na pakikipagtagpo kay Kristo sa kanyang daan patungo sa Damascus. Ang buhay ni Saulo ay naapektuhan ng paghahayag ng kaluwalhatian ni Kristo. Ang pagtatagpong ito ay binago agad ang kanyang buhay sa punto na, sinaktan ng pagkabulag at napahandusay sa lupa, sinabi niya: "Panginoon, ano ang ibig mong aking gagawin?" (Gawa 9:6). Siya na patungo sa Damascus na may maitim na layunin laban sa iglesia ni Kristo, ay muling bumalik ang paningin pagkatapos ng paggugol ng tatlong araw ng pag-aayuno at pananalangin na sinundan ng pagbautismo. Pagkatapos ay agad siyang nagsimulang gumawa sa pagtatayo ng iglesia na noong mga araw pinag-uusig niya ng matindi. Si Saulo ngayon ay masigasig na ipinangangaral si Kristo ang sentro ngayon ng kanyang buhay at mensahe. "At pagdaka'y kaniyang itinanyag sa mga sinagoga si Jesus, na siya ang Anak ng Dios" (Mga Gawa 9:20).

Ang pagkahikayat ni Saulo, na tinatawag din na Pablo (nangangahulugan ng " ang isang maliit"), ay pagkilos ng biyaya ng Diyos at ng nagpapabagong pag-ibig ni Hesu-Kristo. Nagdulot ito sa mabangis na mang-uusig na mismo ang sarili ay usigin alang-alang kay Hesus, at ipahayag Ang kanyang mensahe na walang takot, hinaharap ang lahat ng uri ng kahirapan, maging ang kamatayan mismo. Mayroon ding iba pang mga uri ng pagkahikayat tulad ng sa kalagayan ni Nicodemo. Tumagal ito ng tatlong taon pagkatapos ng pakikipanayam kay Jesus (tingnan ang Juan kabanata 3) para maabot ni Nicodemo ang punto ng pagsasapubliko ng kanyang pananampalataya kay Hesus at isuko ang kanyang sarili ng lubusan sa ipinako sa krus na Tagapagligtas.

## UTANG NATIN ANG LAHAT SA DIYOS

"Ang hangin ay naririnig sa gitna ng sanga ng mga puno, pumapagaspas sa mga dahon at bulaklak; ngunit ito ay hindi nakikita, at walang nakakaalam kung saan ito nanggagaling o kung saan ito pupunta. Ganon din sa gawain ng Banal na Espiritu sa puso. Walang mas mahusay na paraan upang maipaliwanag ito kundi sa mga pagkilos ng hangin. Ang isang tao ay maaaring hindi masabi ang eksaktong oras o lugar, o upang bakasin ang lahat ng mga pangyayari sa proseso ng pagkahikayat; subalit ito ay hindi nagpapatunay na siya ay hindi nahikayat. Sa pamamagitan ng isang ahensya na hindi nakikita gaya ng hangin, Si Kristo ay patuloy na kumikilos sa puso. Paunti-unti, marahil hindi namamalayan ng tumatanggap, ang mga pag-unawa ay nagagawa na umaakay upang mailapit ang kaluluwa kay Kristo. Ang mga ito ay maaaring matanggap sa pamamagitan ng pagninilay-nilay sa Kanya, sa pamamagitan ng pagbabasa ng Banal na Kasulatan, o sa pamamagitan ng pakikinig sa salita mula sa buhay na mangangaral. Pagdaka, habang ang Espiritu ay dumarating nang may mas tuwirang pagsusumamo, ang kaluluwa ay malugod na sumusuko mismo kay Hesus. Ito ay tinatawag ng marami na biglaang pagkahikayat; ngunit ito ay ang resulta ng mahabang pagsisikap ng Espiritu ng Diyos—isang mapagtiis, matagalang proseso."1

## HUWAG LABANAN

"Paano kung gayon, tayo maliligtas? . . . Ang liwanag na sumisikat mula sa krus ay nagpapakita ng pag-ibig ng Diyos. Ang kanyang pag-ibig ay dinadala tayo sa Kanyang Mismo. Kung hindi nilalabanan ang pag-akay na ito, tayo ay hahantong sa paanan ng krus sa pagsisisi para sa mga kasalanan na nagpako sa krus sa Tagapagligtas. Pagkatapos ay sa pamamagitan ng Espiritu ng Diyos ang pananampalataya ay nagbubunga ng bagong buhay sa kaluluwa. Ang mga kaisipan at pagnanasa ay dinadala sa pagsunod sa kalooban ni Kristo. Ang puso, ang isipan, ay nililikha ng bago ayon sa

wangis Niya na gumagawa sa atin upang masupil ang lahat ng mga bagay sa pamamagitan Niya Mismo. Pagkatapos ang kautusan ng Dios ay isinusulat sa isipan at puso, at maaari nating sabihing kasama si Kristo, Aking kinalulugurang sundin ang iyong kalooban, Oh Dios ko' (Awit 40:8)."2

## PAGKAHIKAYAT SA PAMAMAGITAN NG BANAL NA ESPIRITU

"Bagaman ang hangin mismo ay hindi nakikita, ito ay gumagawa ng mga epekto na nakikita at naramdaman. Kaya ang gawain ng Banal na Espiritu sa kaluluwa ay naihahayag mismo sa bawat kilos niya na nakadarama ng makapagliligtas nitong kapangyarihan. Kapag ang Espiritu ng Diyos ay sinakop ang puso, binabago nito ang buhay. Ang mga masasamang kaisipan ay inaalis, ang masasamang gawa ay tinatalikuran; ang pag-ibig, pagpapakumbaba, at kapayapaan ang pumapalit sa galit, inggit, at alitan. Ang kagalakan ang pumapalit sa lugar ng kalungkutan, at sa mukha ay sumisinag ang liwanag ng langit. Walang sinuman ang nakakakita ng kamay na nagbubuhat ng pasanin, o namamasdan ang liwanag na bumababa mula sa mga looban sa itaas. Ang pagpapala ay dumarating kapag sa pamamagitan ng pananampalataya ang kaluluwa ay sumusuko mismo sa Diyos. Pagkatapos ang kapangyarihang iyon na walang mata ng tao ang nakakakita ay lumilikha ng bagong pagkatao ayon sa wangis ng Diyos."3

## TUNAY NA PAGSISISI

"Kaya nga mangagsisi kayo, at mangagbalik-loob, upang mangapawi ang inyong mga kasalanan, upang kung magkagayon ay magsidating ang mga panahon ng kaginhawahang mula sa harapan ng Panginoon" (Mga Gawa 3:19).

"Kung walang tunay na pagsisisi, hindi rin maaaring magkaroon ng tunay na pagbabalik-loob. Marami ang nadadaya dito, at madalas rin na ang kanilang buong karanasan ay nagpapatunay na isang pagkalinlang. Ito ang dahilan kung bakit napakarami ng kaanib sa iglesia ngunit hindi kailanman nakaugnay kay Kristo."4

"Kayo'y mangagbalik-loob, at magsihiwalay kayo sa lahat ninyong pagsalangsang; sa gayo'y ang kasamaan ay hindi magiging inyong kapahamakan" (Ezekiel 18:30).

"Kabilang sa pagsisisi ay ang pagkalungkot para sa kasalanan at pagtalikod dito. Hindi natin maitatakwil ang kasalanan hangga't hindi natin nakikita ang kasamaan nito; malibang talikuran ito mula sa puso, walang magiging tunay pagbabago sa buhay."5

Gayunpaman, upang maranasan ang ganitong uri ng pagsisisi, kinakailangan nating maunawaan kung paano ito gagawin. "Habang ang makasalanan ay tinatanggap ang kasalanan, siya rin ay naaakit ng pag-ibig at kabanalan ni Kristo; dahil hinihimok siya ni Hesus sa Kanyang sarili. Walang sinuman ang maaaring lumikha ng pagsisisi na napakahalaga para sa kaligtasan ng kaluluwa. Kung hindi niya kayang dalhin ang sarili sa pagsisisi mas lalong hindi niya kayang dalhin ang sarili sa pagbabagong-buhay Ang pagsisisi ay sumisibol sa puso sa pamamagitan ng pagtingin sa pag-ibig ni Kristo, na nagbigay ng Kanyang buhay upang iligtas ang makasalanan. Ang pag-ibig ng Diyos ang nagpapalambot ng napakatigas na mga puso."6

## MGA BUNGA NG PAGKAHIKAYAT

Ang gawain ng panunumbalik ay nagdadala ng mga nakakamanghang bunga: Isang bagong buhay, isang malinis at nabagong puso, isang matuwid na espiritu at iba pang mga bunga, ay maluwalhating mga katunayan ng pagkahikayat. "Kaya't kung ang sinoman ay na kay Cristo, siya'y bagong nilalang: ang mga dating bagay ay nagsilipas na; narito, sila'y pawang naging mga bago" (2 Corinto 5:17).

- Ang babaeng Samaritana, sa pagkahikayat kay Hesus, ay isinuko niya ang kanyang buhay ng pangangalunya at nagtungo sa lungsod upang ipahayag si Jesu-Cristo bilang Tagapagligtas na Mesiyas. Juan 4:28, 29.
- Ang demonyo, na hubad noong siya ay pinakawalan, ay nakitang may pananamit at matino ang kanyang bait; ang kanyang kahubaran ay nawala pagkatapos ng pagkahikayat. Lucas 8:35.
- Si Pedro, ang walang pinag-aralang mangingisda, pagkatapos ng kanyang pagkahikayat ay naging isang matapat na pastol ng ebanghelyo, isang pantas na tao at tagapagbalita ng kaharian ng liwanag. Mateo 4:19.
- Si Zaqueo, ang maniningil ng buwis, na inakusahan ng pagiging lilo (traidor) at kaaway ng mga tao pagkatapos ng kanyang pagkahikayat, ay ibinigay ang kalahati ng kanyang ari-arian sa mahihirap at nagpasyang gawin ang pagsasauli sa kanyang mga nadaya. Lucas 19:8, 9.
- Si Maria, ay sinapian ni pitong demonyo dahil sa kanyang mahalay na pamumuhay, pagkatapos na siya ay mailigtas at sa pagbabalik-loob ay nagdala kay Hesus ng isang mahalagang kaloob upang

maipahayag ang kanyang pag-ibig at pagpapasalamat. Marcos 14:3.

Ang pagkahikayat ay magdudulot sa napakagandang katangian ni Kristo na lumago sa ating mga buhay; magkakaroon ng mapaglingkod na espiritu, pagpapasakop sa kalooban ng Diyos, pagiging matapat, at banal na kagalakan. Lahat na marangal at magaganda ay sasagana sa buhay ng isang nanunumbalik sa Panginoon.

"Ang espiritu ni Cristo ay isang mapaglingkod na espiritu. Ang unang epekto ng nabagong puso ay ang madala rin ang iba sa Tagapagligtas."7

"Ang bawat tunay na disipulo ay ipinanganganak sa kaharian ng Diyos bilang isang misyonero. Siya na umiinom ng tubig na buhay ay nagiging bukal ng buhay. Ang tumatanggap ay nagiging tagabigay."8

## MALING PAGKAHIKAYAT

Laganap ang pag-aangkin ng relihiyon. Hindi lahat ng nag-aangkin ng pagiging relihiyoso ay talagang mga Kristiyano; marami ang tinatawag sa kanilang sarili na mga Kristiyano ay hindi sinusunod ang mga prinsipyo ng kautusan ng Diyos, sila ay nabubuhay na pinakakain ng lumang pagkatao na pinaluluguran ang laman. Sila ay nadaya ng kanilang sarili sa paniniwalang sila ay nahikayat subalit sa katunayan ay hindi. Marami ang nagpapahayag: "Dios, pinasasalamatan kita, na hindi ako gaya ng ibang mga tao, na mga manglulupig, mga liko, mga mapangalunya, o hindi man lamang gaya ng maniningil ng buwis na ito.

Makalawa akong nagaayuno sa isang linggo; nagbibigay ako ng ikapu ng lahat kong kinakamtan." (Lucas 18:11, 12).

Ang dahilan ng maling pagkahikayat ay hindi dahil sa kakulangan ng kaalaman o mga pagkakataon, kundi sa kakulangan ng ganap at lubusang pagpapasakop, sa pagkabigong buksan nang lubusan ang puso ng isang tao kay Hesus at hayaang ang nagpapabagong gawain ng Kanyang biyaya na gumawa sa buhay.

Ang isang pangunahing halimbawa ay ang kay Hudas Iscariote, na ang kasiraan ng pangalan ay talagang nalalaman.

"Si Judas ay hindi dumating sa punto ng lubusang pagsuko ng sarili kay Kristo. Hindi niya isinuko ang kanyang makamundong ambisyon o ang kanyang pag-ibig sa salapi. Nang tinanggap niya ang tungkulin ng isang ministro ni Kristo, hindi niya dinala ang kanyang sarili sa ilalim ng banal paghubog."9

Kapag handa kang mahiwalay ng lubusan mula sa lahat ng iyong masasamang pamamaraan, ikaw ay magiging kaisa kay Kristo, at ang maging kaisa ni Kristo ay ang pumasok sa daan ng buhay at sa dako ng kapayapaan.

Kaya ngayong tayo ay nasa Linggo ng Panalangin, maging pagkakataon ito upang suriin ang ating mga puso at tingnan kung may anumang landas ng kasamaan tayong sinusunod—kung ang ating damdamin ay hati, kung mayroon tayong mga idolo na nkaluklok sa trono ng puso, at upang matiyak na mayroon tayong karanasan kung saan si Hesus ang Hari at tanging Hari na sumasakop sa trono ng ating mga puso. (Isaias 33:22.) "Manumbalik ka sa amin, Oh Panginoon, at kami ay manunumbalik: baguhin mo ang aming mga araw na gaya nang una" (Mga Panaghoy 5:21).

## ANG PANAHON AY DUMATING NA

Panahon na para sa atin, tulad ni Jacob, upang alisin ang mga diosdiosan na naroon ating mga puso at ibaon sila magpakailanman (Genesis 35:2–4). Panahon na upang ipanganak muli sa pamamagitan ng salita ng Diyos at ng kapangyarihan ng Kanyang espiritu (1 Pedro 1:23). Panahon na upang mapalaya ng kalayaan kung saan ginawa ni Kristo tayong malaya. Panahon na upang iwanan ang hating puso, at, sa pamamagitan ng mahimalang biyaya ng Diyos, ay mabago bilang mga lalaki, mga babae, at kabataang ayon sa Kanya mismong puso (Gawa 13:22). Panahon na upang sumagot ng oo kay Jesus. Kung tayo ay susuko kay Hesus ngayon, Siya gagawa ng himala na maaaring kulang sa inyong buhay. Ang Kanyang layunin ay matatag: "At aking bibigyan sila ng isang puso, at aking lalagyan ng bagong diwa ang loob ninyo; at aking aalisin ang batong puso sa kanilang laman, at aking bibigyan sila ng pusong laman; Upang sila'y magsilakad sa aking mga palatuntunan, at ganapin ang aking mga kahatulan at isagawa: at sila'y magiging aking bayan, at ako'y magiging kanilang Dios" (Ezekiel 11:19, 20).

## TUNAY, HINDI PAIMBABAW NA PAGKAHIKAYAT

Ang pagkahikayat ay dapat na tunay, hindi mababaw. Ang loob ng puso ay dapat mabago, hindi lamang ang panlabas na buhay; ang kaibuturan ng pananampalataya ay dapat mahigitan ang kinaugalian o seremonyal. Sa panahon ng Tagapagligtas, ang mga Hudyo at mga pinuno ng relihiyon ay gumagawa ng malaking pagpapakita ng kabanalan, ngunit ipinahayag ni Jesus na ang kanilang buhay ay walang saysay at puno ng katampalasanan. Mateo

23:27, 28. Higit sa panlabas na mga pagbabago ang kinakailangan; ang mga ito ay may kanilang lugar, ngunit ang "espirituwal na puso"—iyon ay, ang kaisipan—ang dapat na mabago, at ito ang magdudulot ng bagong buhay.

Ang bayan ng Hudyo sa panahon ni Kristo ay umaasa sa mga hain at ritwal sa halip na sa Isa kung kanino ang mga ito itinuturo. At dahil parang ang mga iyon ay hindi sapat, umabot sila sa punto na palitan ang nawalang presensya ng Diyos ng napakaraming hinihiling ng imbensyon ng tao—kahit na sa napakalayong pagsukat ng kanilang kabanalan sa pamamagitan ng maraming mga seremonya, habang ang kanilang mga puso ay nanatiling hindi nagbabago, puno ng pagmamataas at pagpapaimbabaw.

Hindi ang panlabas na mga pagbabago o mga pagpapabuti ang kinakailangan, kundi ang kabuuan at lubusang pagbabago ng buhay. Ang balahibo ng Arctic fox ay kulay kaki (brown), ngunit sa panahon ng taglamig ang balahibo nito ay nagiging kasing puti ng niyebe. Ito sa gayon ang zorra ay parang ibang nilalang, ngunit ang totoo ang tanging bagay na nagbago ay ang kanyang balahibo, isang pagbabago na magbibigay dito ng pagkukubli sa kaaway (pagbabalatkayo)sa panahon ng taglamig. Bagaman ang kanyang panlabas na anyo ay nabago pansamantala, ang kanyang likas ay nananatiling dati, siya pa rin ang isang matapang, sumusubaybay ng palihim, handang pumatay na zorra.

"Ang bukal ng puso ay dapat maging malinis bago ang pagdaloy maging dalisay. Siya na nagsisikap maabot ang langit sa pamamagitan ng kanyang sariling mga gawa sa pagsunod sa kautusan ay nagsisikap ng imposible. Walang katiyakan para sa isang may legal na relihiyon lamang, isang anyo ng kabanalan. Ang buhay ng Kristiyano ay hindi isang kaunting pagbabago o pagsasaayos ng luma, kundi pagbabago ng likas. May pagkamatay sa sarili at kasalanan, at isang bagong buhay sa kabuuan. Ang pagbabagong ito ay maaaring mangyari lamang sa pamamagitan ng mabisang pagkilos ng Banal na Espiritu."10

## "ARAW-ARAW AKO AY NASA PANGANIB NG KAMATAYAN"

Ang ating paglalakad kasama ang Diyos ay dapat na araw-araw; bawat araw ay kinakailangan natin ang Kanyang nagpapabagong biyaya sa ating mga puso upang ang ating lumang makasalanang likas—"ang lumang pagkatao"— ay lubos na mapuksa. May pagmamasid na ginawa na habang ang lumang pagkatao ay inilibing sa tubig ng pagbautismo, ang abang tao din naman ay nagiging isang mahusay na manlalangoy. Kaya naman ang determinadong mga salita ni Pablo: "Araw-araw ako ay nasa panganib ng kamatayan" (1 Corinto 15:31).

"Kinakailangan ang patuloy na pagbabantay, araw-araw na pagkahikayat, upang ang ating mga sariling likas ng pagkatao ay magiging ganap na mapabanal sa Diyos. Lahat ng ating kakayahan ay dapat dalisayin mula sa karumihan ng kasalanan, at sanayin para sa paglilingkod."11

"Ang pagpapakabanal ni Pablo ay patuloy na pakikibaka sa sarili. 'Araw-araw ako ay nasa panganib ng kamatayan,' sinabi niya. Bawat araw ang kanyang kalooban at kanyang mga kagustuhan ay sumasalungat sa tungkulin at sa kalooban ng Diyos. Subalit sa halip na sundin ang hilig, ginagawa niya ang kalooban ng Diyos, gaano man hindi nakalulugod at napakahirap sa kanyang likas. Kung nais nating magpatuloy sa hangganan ng dakilang pagtawag na kay Cristo Jesus, dapat nating ipakita na tayo ay naalisan ng laman ng lahat ng sarili, at tinutustusan ng gintong langis ng biyaya."12

## ANG LIHIM AY NAHAYAG

Si Daniel sa Babilonya ay inilarawan na isang taong walang kapintasan: "Nang magkagayo'y ang mga pangulo at ang mga satrapa ay nagsihanap ng maisusumbong laban kay Daniel, tungkol sa kaharian; nguni't hindi sila nangakasumpong ng anomang kadahilanan, ni kakulangan man, palibhasa'y tapat siya, walang anomang kamalian ni kakulangan nasumpungan sa kaniya" (Daniel 6:4).

Saan ang lihim ng pamumuhay ng gayong matapat na buhay? Si Haring Darius ay inihayag sa atin ang lihim ni Daniel; siya ay kinilala sa dalawang pagkakataon na ang lihim ni Daniel ay nasa kanyang patuloy pakikipag-kaisa sa Diyos. Si Daniel ay pinanatili ang pamumuhay ng may pananampalataya at araw-araw na pananalangin, nalulugod sa napakalapit na pakikipag-ugnayan sa Diyos araw-araw. Ang kinasihang patotoo ay nagsasabi: "Oh Daniel, na lingkod ng buhay na Dios, ang iyo bagang Dios na iyong pinaglilingkurang palagi ay makapagliligtas sa iyo sa mga leon?" "Nang magkagayo'y natuwang mainam ang hari, at ipinagutos na kanilang isampa si Daniel mula sa yungib. Sa gayo'y isinampa si Daniel mula sa yungib, at walang anomang sugat na nasumpungan sa kaniya, sapagka't siya'y tumiwala sa kaniyang Dios." (Daniel 6:20, 23).

"Ang tunay na pagkahikayat ay naghahatid sa atin sa araw-araw sa pakikipagkaisa sa Diyos. May mga tuksong kakaharapin, at napakalakas na nakatagong damdamin sa kalooban na maglalayo sa atin mula sa Diyos tungo sa ating dating kalagayan ng pagiging malamig at napakasamang pagkamalilimutin sa Diyos."13

"Ako ang puno ng ubas, kayo ang mga sanga: Ang nananatili sa akin, at ako'y sa kaniya, ay siyang nagbubunga ng marami: sapagka't kung kayo'y hiwalay sa akin ay wala kayong magagawa" (Juan 15:5).

## PERSONAL NA PAGKAHIKAYAT

Ang bawat isa sa atin ay kinakailangang gawing tiyak ang ating sariling pagtatalaga, isang personal na pagkahikayat. Tayong lahat ay kinakailangang magtamo ng buhay na karanasan; si Kristo ay dapat iluklok sa puso, ang Kanyang Espiritu ang dapat magkontrol ng ating mga damdamin. Ang mga magulang ay nangangailangan ng tumutubos na biyaya ng Diyos sa pamamagitan ng personal na karanasan kay Kristo, tulad ng mga bata. Ang bawat isa ay dapat ihugpong sa tunay na puno upang magbigay ng mga bunga kung paano ang ating Ama sa langit ay napararangalan. "Sa ganito'y lumuluwalhati ang aking Ama, na kayo'y magsipagbunga ng marami; at gayon kayo'y magiging aking mga alagad" (Juan 15:8).

"Ang Dios ay nakikitungo sa atin sa pamamagitan ng Kanyang probidensya. Mula sa walang-hanggan ay pinili Niya tayo upang maging masunurin mga anak. Ibinigay Niya ang Kanyang Anak upang mamatay para sa atin, upang tayo ay maging banal sa pamamagitan ng pagsunod sa katotohanan, nilinis mula sa pagiging hamak ng sarili. Ngayon ay hinihiling Niya sa atin ang personal na gawain, ang personal na pagsuko ng sarili." 14

"Sa lungsod ng Diyos ay walang makakapasok na anumang bagay na magpaparumi. Ang lahat ng mga maninirahan doon ay dito pa ay nagiging dalisay na ang puso. Sa isa na natututo tungkol kay Jesus, ay makikita ang lumalagong hindi pagkagusto para sa walang ingat na ugali, masagwang pananalita, at magaspang na pag-iisip. Kapag Si Kristo ay nananahan sa puso, ay magkakaroon ng kalinisan at kadalisayan ng pag-iisip at pag-uugali."15

## KONGKLUSYON

Si Enoc ay lumakad na kasama ng Diyos 300 taon pagkatapos ipanganak ng kanyang anak na si Methuselah, at sa higit na 300 taon araw-araw ay inanyayahan ni Enoc ang Diyos na lumakad kasama niya, hanggang isang araw ang Diyos ay dumating at mahalagang sinabi sa kanya, "Enoch, Ako ay hiniling mo na lumakad na kasama mo buong 300 na taong ito, kaya ngayon Ako ay narito upang anyayahan ka na lumakad kasama ko," at dinala siya sa langit. "At lumakad si Enoc na kasama ng Dios: at di siya nasumpungan, sapagka't kinuha ng Dios." (Genesis 5:24). Si Enoch ay hindi lang nanalangin kundi matapat ding tinupad ang kanyang tungkulin sa Diyos at sa kanyang kapwa tao; Si Enoc ay inibig kung ano ang iniibig ng Diyos at kinapopootan ang kinasusuklaman ng Diyos; siya ay namuhay sa pamamagitan ng pananampalataya sa buhay sa paraan ng pagsunod, na pinaluluguran ang Diyos sa lahat ng kaniyang ginagawa. "Sa pananampalataya si Enoc ay inilipat upang huwag niyang makita ang kamatayan; at hindi siya nasumpungan, sapagka't siya'y inilipat ng Dios: sapagka't bago siya inilipat ay pinatotohanan sa kaniyang siya'y naging kalugodlugod sa Dios:" (Hebreo 11:5).

"Gayon ma'y ngayon, ang sabi ng Panginoon, magsipanumbalik kayo sa akin ng inyong buong puso, na may pagaayuno, at may pananangis, at may pananambitan" (Joel 2:12). Magkaroon ng sapat na oras ngayon upang isaalang-alang ang inyong pamamaraan at tingnan kung tayo ay nasa tamang pakikipag-ugnayan kay Hesus.

- Nais mo bang isuko ang iyong puso kay Hesus ngayon upang magbago?
- At kayo na ibinigay na ang inyong sarili kay Hesus, nais mo bang muling magpanibago ng inyong pagpasakop kay Hesus upang ang inyong puso kailanman ay mas magiging maganda tulad ng kay Kristo?
- Nais mo bang manalangin ngayon din mismo upang ibigay ang inyong puso kay Hesus?

**Tayo ay manalangin ng sama-sama.** ℛ

### References:

[1] *The Desire of Ages*, p. 172.
[2] Ibid., pp. 175, 176. [Emphasis added.]
[3] Ibid., p. 173. [Emphasis added.]
[4] *The Spirit of Prophecy*, vol. 4, p. 298. [Emphasis added.]
[5] *Steps to Christ*, p. 23.
[6] *The Review and Herald*, September 3, 1901.
[7] *The Great Controversy*, p. 70. [Emphasis added.]
[8] *The Desire of Ages*, p. 195. [Emphasis added.]
[9] Ibid., p. 717.
[10] Ibid., p. 172. [Emphasis added.]
[11] *This Day With God*, p. 307.
[12] *The Youth's Instructor*, August 24, 1899.
[13] *This Day With God*, p. 277.
[14] *The Youth's Instructor*, August 24, 1899.
[15] *Thoughts From the Mount of Blessing*, pp. 24, 25.



MIYERKULES, DISYEMBRE 11, 2024

# ANG PAGPAWI NG MGA KASALANAN

NI JETHRO M. SITHOLE — SOUTH AFRICA

*[Emphasis added throughout.]*

“Aako, ako nga ay siyang pumapawi ng iyong mga pagsalangsang alang-alang sa akin; at hindi ko aalalahanin ang iyong mga kasalanan.” (Isaias 43:25). Ang pagpawi ibig sabihin ay ganap na alisin nang wala ni isang bahid, burahin o pawiin sa pananatili o sa alaala.

Ang katiyakan ng Diyos na ipinarating sa atin sa pamamagitan ni propeta Isaias ay nangangahulugan na “Ang lahat na tunay na nagsisi ng kasalanan, at sa pamamagitan ng pananampalataya ay inaangkin ang dugo ni Kristo bilang kanilang hain, ay isinusulat ang pinatawad sa tapat ng kanilang mga pangalan sa mga aklat ng langit; bilang sila ay naging kabahagi ng katuwiran ni Kristo, at ang kanilang mga pag-uugali ay natagpuang sa naaayon sa kautusan ng Diyos, ang kanilang ang mga kasalanan ay mapapawi, at ang kanilang mga sarili ay ibibilang na karapat-dapat sa buhay na walang hanggan.”[1] Kaya ating isaalang-alang ng taimtim kung bakit ang pagpapawi ng mga kasalanan ay kinakailangan.

## ANG PAGSUWAY AT ANG BAHID NG KASALANAN

Matapos sumuway ang tao sa kautusan ng Diyos sa Eden, “ang sinag sa ulo ng kaluwalhatian, na ibinigay ng Diyos sa banal na si Adan, na nagtatakip sa kanya bilang kasuotan, ay naalis sa kanya pagkatapos ng kanyang pagsuway. Ang Liwanag ng kaluwalhatian ng Diyos ay hindi maaaring pagtakpan ang pagsalangsang at kasalanan. Kapalit ng kalusugan at kasaganaan ng mga pagpapala, kahirapan, karamdaman, at pagdurusa sa bawat uri ang naging bahagi ng mga anak ni Adan.”[2] Nakalulungkot, na ang tao ay nawalan ng mga dakilang pribilehiyo kapalit ng mga mantsa ng kasalanan.

“Si Satanas ay nagtagumpay sa pagkahulog ng tao, at mula ng panahong iyon ang kanyang gawain ay ang maalis sa tao ang wangis ng Diyos, at itatak sa puso ng tao ang kanyang sarilng anyo.”[3]

“Bago ang pagpasok ng kasalanan, si Adan ay nalulugod sa lantarang pakikipag-usap sa kanyang Maylalang; ngunit mula noong ang tao ay



inihiwalay ang sarili sa Diyos sa pamamagitan ng paglabag, ang sangkatauhan ay nahiwalay sa mataas na pribilehiyong ito. Sa pamamagitan ng plano ng pagtubos, gayunpaman, ang isang paraan ay nabuksan kung saan ang mga naninirahan sa lupa ay maaari pa ring magkaroon ng kaugnayan sa langit.”[4]

## ANG KAHANGA-HANGANG PAG-IBIG NG DIYOS PARA SA SANGKATAUHAN

Ang kamatayan nina Adan at Eva dahil sa pagsuway ay tiyak. Kung hindi dahil sa plano ng kaligtasan sila ay namatay sana kaagad sa pagkain ng ipinagbabawal na bunga.

“Datapuwa’t ipinagtatagubilin ng Dios ang kaniyang pagibig sa atin, na nang tayo’y mga makasalanan pa, si Cristo ay namatay dahil sa atin” (Roma 5:8). Ang lalim ng pag-ibig ng Dios na ipinahayag sa mga salitang, “Sapagka’t gayon na lamang ang pagsinta ng Dios sa sanglibutan” (Juan 3:16), ay maaaring mas maunawaan sa pamamagitan ng kamangha-manghang paghahayag na ang Kordero ng Ang Diyos ay “pinatay buhat nang itatag ang sanglibutan.” (Pahayag 13:8).

Pinakilos ng pag-ibig na umiiral na bago pa man tayo nilikha, ang Diyos ay gumawa ng pangako laban sa isang napakasama (tingnan ang Genesis 3:15). “Habang [ang pangakong ito] ay nagbadya ng laban sa pagitan tao at kay Satanas, ipinahayag nito na ang kapangyarihan ng matinding kaaaway sa huli ay dudurugin.”[5]

“Walang sinuman kundi si Kristo ang maaaring tumubos sa nahulog na tao mula sa sumpa ng kautusan at ibalik siya sa pagkakaayon sa Langit.”[6] Ang kahanga-hangang pag-ibig ng Dios ay ipinamalas sa pamamagitan ng plano ng kaligtasan na ibalik ang Kanyang sakdal na plano para sa sangkatauhan. Itinatag ng Panginoon ang mga serbisyo ng paghahain upang maliwanag na ihayag ang Kanyang plano ng kaligtasan.

## MGA SIMBOLO AT SAGISAG NG PAGBABAYAD-SALA NI CRISTO

Ang pagbabayad-sala ay ang pagkikipagkasundo ng Diyos sa sangkatauhan sa pamamagitan ng sakripisyong kamatayan ni Kristo. Pagkatapos ipahayag ang plano ng kaligtasan kay Adan at Eba, ang Diyos ay pinalitan ang naalis na kasuotan ng liwanag at ang tapis na dahon ng igos na may balabal na mga balat, na sumasagisag sa balabal ng katuwiran ni Kristo at ng kasuotan ng kaligtasan. Upang magawa ang mga kasuotang iyon, isang hain ang kinakailangang gawin, dahil “maliban na sa pagkabuhos ng dugo ay walang kapatawaran” (Hebreo 9:22), na naglalarawan ng sakripisyo ni Kristo sa krus.

Mula sa altar na ginawa ni Abraham sa lupain ng Moria upang ihandog si Isaac bilang hain, hanggang sa templong itinayo ni Solomon sa Bundok Moriah para sa presensya ng Diyos at ang mga hain ng dugo ng hayop sa buong kapanahunan, mga simbolo at mga sagisag na nagpapahayag ng bisa ng dugo ni Kristo upang mapawi ang mga kasalanan ng tao ay nauunawaan ( Genesis 22:2; 2 Cronica 3:1 ). “Ang wastong pag-unawa sa ministeryo sa makalangit na santuwario ay ang pundasyon ng ating pananampalataya.”[7]

## ANG SANCTUARIO

“Ang salitang ‘santuwario,’ gaya ng pagkakagamit sa Bibliya, ay tumutukoy, una, sa tabernakulong itinayo ni Moises, bilang isang huwaran ng mga bagay sa langit; at, pangalawa, sa ‘tunay na tabernakulo’ sa langit, kung saan ang makalupang santuwario ay naglalarawan.”[8]

Habang nasa kanilang paglalakbay patungong Canaan, Ang Diyos ay nag-utos sa Israel sa pamamagitan ni Moises na igawa Siya ng isang santuario; upang Siya’y makatahan sa gitna nila (Exodo 25:8). “Ang Diyos ay ipinakita sa harapan ni Moises sa bundok ang hitsura ng

makalangit na santuwario, at nag-utos sa kanya na gawin ang lahat ng bagay ayon sa huwarang ipinakita sa kanya."9

Ang makalupang santuwaryo o tabernakulo ay binubuo ng looban, ang dakong banal, at ang kabanal-banalang dako na kumakatawan sa inihulang gawain ni Kristo mula sa Kanyang kapanganakan hanggang sa Kanyang pagpapawi ng kasalanan

1. Ang looban (Exodo 27:9–18), ang dako na nakapalibot sa tabernakulo at kung saan ang lahat ng mga hain ay pinapatay, ay isang uri ng sa lupa kung saan si Hesus, ang dakilang katuparang hain, ay nakatakdang mamatay para sa ating mga kasalanan (Juan 12:32, 33).10 Ang nag-iisang pintuan patungo sa looban kung saan dadalhin ng makasalanan ang kanilang pinakahandog dahil sa kasalanan, ay nagpapaalala sa atin ng pananampalataya kay Kristo bilang ang tanging daan sa ating pakikipagtipang relasyon sa Diyos (Juan 10:7, 9). Ang dambana ng handog na susunugin (Exodo 27:1–8) bukod sa kung saan ang dugo ng handog ibinubuhos at ang mga abo ng handog na susunugin ay inilalagay (Levitico 6:10; Deuteronomio12:27), ay naglalarawan ng pagbubuhos ng mahalagang dugo ni Hesus, na mag-aalis ng sumpa ng kasalanan mula sa lupang ito, at maghahanda ng daan para sa pagdadalissay nito sa pamamagitan ng apoy (Malakias 4:1,3).11 Ang dugo ng hain din ay nagtuturo na ito ay sa pamamagitan ng dugo ni Jesus lamang tayo ay may malayang pagpasok sa presensya ng Diyos sa loob ng santuwario (Hebreo 10:19, 20 (ESV, ISV)).

Ang hugasan ng tubig (Exodo 30:17–21) sa pagitan ng pasukan ng looban at ng tabernakulo at kung saan ang mga pari ay dapat maghugas ng dalawang kamay at mga paa bago pumasok sa tabernakulo, ay isang angkop na paglalarawan ng katotohanang itinuro kay Nicodemo tungkol sa espirituwal na paglilinis na kinakailangan upang makapasok sa presensya ng Diyos, kung saan ang bautismo ay isa ring simbolo (Juan 3:5).1

2. Ang tabernakulo ay hinati sa dakong banal at sa kabanal-banalang dako (Hebreo 9:1, 2).

A. Ang dakong banal ay may mga sumusunod na sumisimbolong kasangkapan: Ang dulang (Exodo 25:23–30) na natugunan ang katuparan nito kay Hesus, ang tinapay ng buhay (Juan 6:48, 33, 51).13 Ang kandelero (Exodo 25:31–40) na kinakatawanan ng iglesia (Pahayag 1:12, 20) upang panghawakan ang ilawan ng salita (Awit 119:105) habang ang langis sa loob ng bawat ilawan ay sinisimbolohan ng gawain ng Banal na Espiritu sa lupa (Zacarias 4:1-6,10 c.f. Pahayag 5:6). Ang dambanang sunugan ng kamangyan (Exodo 30:1–7) ay kumakatawan sa patuloy na mabangong pamamagitan ni Jesus kalakip ng ating mga panalangin (Mga Hebreo 7:25; Pahayag 8:3, 4).

B. Ang kabanalbanalang dako (Mga Hebreo 9:3–5) ay may sumusunod na sinisimbolohang kasangkapan at mga bagay: Ang arka ng tipan (Exodo 25:10–22), ang simbolo ng banal na presensya ng Diyos.14 Sa loob ng arka naroon ang dalawang tapyas bato na doon ang Sampung Utos ay isinulat ng daliri ng Diyos (Deuteronomio 10:4, 5). Ang mga ito ay ang nananatiling pagpapahayag ng hindi nagbabagong katangian ng Dios.15 Ang luklukan ng awa (Exodo 25:17–21) na nagtatakip sa nilabag na kautusan, ay kung saan ang maliwanag na presensya ng Diyos ay ipinakita (Exodo 25:32; 30:6). Inilalarawan nito ang pagkakaisa ng awa at katarungan sa plano ng pagtubos at ito ay isang naaangkop na simbolo ng trono ng dakilang Diyos, na nagpapahayag ng Kanyang pangalan bilang "puspos ng kahabagan at mapagkaloob, banayad sa pagkagalit, at sagana sa kaawaan at katotohanan;" (Exodo 34:5-7).16 Ang gintong palayok ng manna (Mga Hebreo 9:4) ay nagpapaalala ng mapagkalingang pangangalaga ng Diyos nang magpaulan Siya ng tinapay sa Kaniyang bayan sa ilang upang tustusan ang kanilang pamumuhay (Exodo 16:32, 33). Kaya, ngayon, sa Kanyang pangangalaga sa atin, ang Diyos nagpapaulan sa atin ng mahahalagang sinag ng liwanag sa punto ng pagkain na magpapatunay ng pagpapala sa lahat ng nagtitipon sa kanila.17 Habang ibinabahagi natin ang liwanag na ito, ang mga pinto ay magbubukas para sa pangangaral ng ebanghelyo. Kaya, ang mensahe ng kalusugan ay ang magiging kanang kamay ng mensahe ng ikatlong anghel.18 Ang tungkod na namumulaklak (Hebreo 9:4) ay isang paalala na dapat igalang ang sistema ng kaayusan at pamumuno na itinatag ng Diyos para sa Kanyang iglesia.19

Ang makalupang santuwario at ang simbolo ng mga serbisyo ay pansamantalang itinatag ng Diyos upang turuan ang Israel at tayo tungkol sa sistema ng paghahain, ang matuwid at ganap na plano ng kaligtasan at ang ministeryo ni Kristo sa makalangit na santuwario. Ang kamatayan ni Kristo sa krus ang nagpawi ng ordinansa sa paghahain sa makalupang

santuwario at sa gayon ay hindi na magdadala ng karagdagang kahalagahan sa ngayon (Colosas 2:14: Hebreo 9:8–14).

## ANG PAGKASASERDOTE

May mga napakahalagang pagkakaiba sa pagitan pagkasaserdote ni Jesus kung ihahambing sa makalupang pagkasaserdote.

Ang Diyos ay pinili ang tribo ni Levi upang maglingkod sa pagkasaserdote ng makalupang tabernakulo (Bilang 1:50; Exodo 28:1; Levitico 21:17–23). Subalit si Hesus ay hindi maaaring maging isang pangulong saserdote sa lupa, "sapagkat maliwanag na ang ating Panginoon ay nagmula kay Juda; kung saang tribo si Moises ay walang binanggit tungkol sa pagkasaserdote" (Hebreo 7:14). Isang pangulong saserdote ang pinili mula sa kanyang bayan (Hebreo 5:1). Upang si Hesus ay maging pangulong saserdote ng sangkatauhan sa langit, "Hindi Niya kinuha ang likas ng mga anghel; kundi kinuha Niya ang binhi ng Abraham" (Hebreo 2:16). Hindi katulad ng pagkasaserdote ng Levita, ang pagkasaserdote ni Jesus na ayon sa pagkasaserdote ni Melquisedec ay walang pasimula o katapusan (Hebreo 7:3).

Dalawang kaganapan ang tumatak sa paglilipat mula sa makalupa patungo sa makalangit pagkasaserdote. Nang si Kristo ay ipinako sa krus, "ang pagkapunit ng tabing ng templo ang nagpakita na ang mga paghahain at ordenansa ng mga Hudyo ay hindi na tatanggapin."20 "Sa pamamagitan ng paghapak ng kaniyang kasuotan, [ni Caifas] ay naalis ang kaniyang sarili mula sa pagiging isang kinatawan. Hindi na siya tinanggap ng Diyos bilang nangangasiwang pangulong saserdote."21

## ANG PANG-ARAW-ARAW NA HANDOG NA SUSUNUGIN

Ang pang-araw-araw na haing paglilingkod ay isinasagawa sa looban at sa banal na dako upang ituro sa sakripisyo ng Mesiyas sa krus. Ang nagkasala ay kinakailangang magdala ng isang bata walang kapintasang hayop (kordero) bilang handog dahil sa kasalanan. Ang kordero (Exodo 12:21) ay kumakatawan kay Hesus na Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan (Juan 1:29; 1 Corinto 5:7). Ang nagkasala ay ipinapatong ang kanyang mga kamay sa ulo ng hayop habang ipinapahayag ang kanyang mga kasalanan habang personal niyang papatayin ang hayop.

Ang pari ay kinukuha ang dugo nito, at iwiniwisik ito sa mga anyong sungay ng dambana at ibinubuhos ang natitira sa ibaba ng dambana o iwiniwisik ito sa harapan ng tabing sa ibabaw ng dambana ng insenso sa banal na dako o kinakain ang bahagi ng handog bago pumasok sa banal na dako. Ang buong serbisyo ay nagpahiwatig ng paglilipat ng mga kasalanan mula sa nagkasala hanggang sa santuwario (Hebreo 9:6; Levitico 4:3, 7, 22, 23; 6:10; 10:17, 18).

"Habang ang mga saserdote sa umaga at gabi ay pumapasok sa banal na dako sa panahon ng insenso, ang pang-araw-araw na paghahain ay inihahanda upang ihandog sa dambana sa looban na wala . . . [ang mananamba] na nagkakaisa sa tahimik na pananalangin, na ang kanilang mga mukha ay nakaharap sa banal dako. Kaya ang kanilang mga pagsusumamo ay umaakyat kasama ng usok ng insenso, habang ang pananampalataya ay nanghahawakan sa mga merito ng ipinangakong Tagapagligtas na inilalarawan ng nagbabayad-salang hain."22

"Ang mga kasalanan ng Israel na inilipat sa santuwario, ang mga banal na dako ay nadudumihan, at isang natatanging gawain ang kinakailangan para sa pag-aalis ng mga kasalanan. Ang Diyos ay nag-utos na ang isang pagbabayad-sala ay dapat magawa sa bawat sagradong mga silid, para sa dambana, upang 'linisin ito, at pabanalin ito mula sa karumihan ng mga anak ni Israel.' "23

## ANG ARAW NG PAGBABAYAD-SALA (THE DAY OF ATONEMENT)

Ang Araw ng Pagbabayad-sala (Yom Kippur) ay ang ika-10 araw ng ika-7 buwan ng Tishrei (sa pagitan ng Setyembre at Oktubre) at nananatiling pinakabanal na araw sa kalendaryong Judio (Levitico 23:27).

"Minsan sa isang taon, sa dakilang Araw ng Pagbabayad-sala, ang saserdote ay pumapasok sa kabanalbanalang dako upang linisin ang santuwario. Ang gawain na isinasagawa doon ang bumubuo ng taunang ministeryo (Hebreo 9:7)."24

"Ang bawat tao ay dapat papagdalamhatiin ang kanyang kaluluwa habang ang gawain ng pagbabayad-sala ay nagpapatuloy sa langit. Lahat ng pangkaraniwang gawain ay isinasantabi, at ang buong kongregasyon ng Israel ay ginugugol ang araw sa solemneng pagdadalamhati sa Diyos, na may panalangin, pag-aayuno, at malalim na pagsasaliksik ng puso. . . . Gayon ang ginagawang paglilingkod 'sa halimbawa at anyo ng mga makalangit na bagay sa langit' (Hebreo 8:5)."25

## ANG MINISTERYO NI CRISTO SA BANAL NA DAKO

Pagkatapos ng pag-akyat ni Kristo sa langit, Siya ay nagsimula na sa Kanyang gawain bilang ating Pangulong Saserdote. "Sa loob ng labingwalong siglo ang gawaing ito ng paglilingkod ay nagpatuloy sa unang silid ng santuwario. Ang dugo ni Kristo, ay nagsumamo para sa mga nagsisising mananampalataya, upang tiyakin ang kanilang kapatawaran at pagtanggap ng Ama, gayunpaman nanatili pa rin ang kanilang mga kasalanan sa mga aklat ng talaan."26

## ANG NAGSISIYASAT NA PAGHUHUKOM (THE INVESTIGATIVE JUDGEMENT)

"Habang ang simbolo ng paglilinis ng makalupa ay naisakatuparan ng pag-aalis ng mga kasalanan na nagparumi dito, gayon ang totoong paglilinis ng makalangit ay dapat maisakatuparan sa pamamagitan ng pagtanggal, o pagpapawi ng mga kasalanan na doon naitala. Ngunit bago ito maisakatuparan, ay dapat may pagsusuri sa mga aklat ng talaan upang matukoy kung sino, sa pamamagitan ng pagsisisi ng kasalanan at pananampalataya kay Kristo, ang may karapatan sa mga benepisyo ng Kanyang pagbabayad-sala. Ang paglilinis ng santuwaryo kung gayon ay kinakailangan ang gawain ng pagsisiyasat sa gawain ng paghuhukom. Ang gawaing ito ay dapat maisagawa bago ang pagdating ni Kristo upang matubos ang Kanyang bayan."27

"Sa dakilang araw ng huling pagbabayad-sala at nagsisiyasat na paghuhukom tanging ang mga kaso na isinasaalang-alang ay ang sa mga nag-aangking bayan ng Diyos [1 Pedro 4:17]. Ang pahuhukom sa masasama ay isang natatangi at hiwalay na gawain, at magaganap sa huling pang panahon."28

"Sa panahong itinakda para sa paghuhukom—ang pagtatapos ng 2300 na araw, noong 1844—ay nagsimula ang gawain ng pagsisiyasat at pagpapawi ng mga kasalanan. Ang lahat na kinuha para sa kanilang sarili ang pangalan ni Kristo ay dapat dumaan sa masusing pagsisiyasat nito. Pareho ang mga buhay at ang mga patay ay huhukuman 'mula sa mga bagay na iyon na nakasulat sa mga aklat, ayon sa kanilang mga gawa.' "29

"Ang mga aklat ng talaan sa langit, kung saan ang mga pangalan at mga gawa ng mga tao ay nakatala, ay dapat matiyak ang mga desisyon ng paghatol. . . .

"Ang aklat ng buhay ay naglalaman ng pangalan ng lahat na nakapasok sa paglilingkod sa Diyos. . . . [Lucas 10:20, Filipos 4:3; Daniel 12:1; Pahayag 21:27.]

"Ang aklat ng alaala 'ay nasulat sa harap niya, para sa kanila na nangatakot sa Panginoon, at gumunita ng kaniyang pangalan.' (Malakias 3:16; Nehemias 13:14). . . . Bawat matuwid na gawa ay pananatilihing buhay.

"May talaan din ng kasalanan ng mga tao."30 Bawat masamang gawa, bawat walang kabuluhang salita na binigkas ay hahatulan (Eclesiastes 12:14; Mateo 12:36,) 37; 1 Corinto 4:5; Isaias 65:6, 7).

"Ang mga kasalanang hindi napagsisisihan at hindi iniwan ay hindi mapapatawad at mapapawi sa mga aklat ng talaan, kundi tatayo laban sa nagkasala sa araw ng Diyos. . . . Ang kasalanan ay maaaring itago, tanggihan, pagtakpan mula sa ama, ina, asawa, mga anak, at mga kasama; walang iba kundi ang mga nagkasalang tao ang maaaring magtangi ng pinakamaliit na hinala ng pagkakamali; ngunit ito ay nailalahad sa harapan ng mga kinatawan ng langit. . . . Ang Diyos ay may eksaktong talaan ng bawat hindi matuwid na talaan at bawat hindi patas na pakikitungo."31

"Ang bawat gawa ng tao ay dumadaan sa pagsusuri sa harapan ng Diyos at nakatala para sa katapatan o hindi katapatan. Sa tapat ng bawat pangalan sa mga aklat ng langit ay isinusulat na may nakakakilabot na kawastuhan bawat maling salita, bawat makasariling kilos, bawat hindi natupad na tungkulin, at bawat lihim na kasalanan, kasama ang bawat tusong panlilinlang."32 "Gaano kahalaga ang kaisipan! Bawat araw, ay lumilipas tungo sa walang hanggan, dinadala ang pasanin ng mga nakatala sa mga aklat ng langit. . . . Ang ating mga kilos, ang ating mga salita, maging ang ating pinaka-lihim na mga motibo. . . kahit na maaaring nakalimutan na natin sila, ay magdadala ng kanilang patotoo upang mag-aring ganap o maghatol."33

## SI KRISTO ANG ATING TAGAPAMAGITAN SA KABANALBANALANG DAKO

"At kung ang sinoman ay magkasala, ay may Tagapamagitan tayo sa Ama, si Jesucristo ang matuwid" (1 Juan 2:1). Tingnan din Hebreo 9:24.

"Habang ang mga aklat ng talaan ay nakabukas sa paghuhukom, ang mga buhay ng lahat ng sumasampalataya kay Hesus ay dumadaan sa pagsusuri sa harapan ng Diyos. Simula sa mga unang nabuhay sa lupa, ang ating Tagapamagitan ay iminumungkahi ang mga kaso ng bawat susunod na henerasyon, at magtatapos sa mga buhay. Ang bawat pangalan ay tatawagin, ang bawat kaso ay mahigpit na susuriin. Ang mga pangalan ay tatanggapin, ang mga pangalan ay tatanggihan. Kapag may natitira pang mga kasalanan sa mga aklat ng talaan, na hindi pinagsisihan at hindi napatawad, ang kanilang mga

pangalan ay mapapawi sa aklat ng buhay, at ang talaan ng kanilang mga mabubuting gawa ay mabubura sa aklat ng alaala ng Diyos. . . .

"Lahat ng tunay na nagsisisi ng kasalanan, at sa pamamagitan ng pananampalataya ay inaangkin ang dugo ni Kristo bilang kanilang nagbabayad-salang hain, ay isinusulat ang pinatawad sa harapan ng kanilang mga pangalan sa mga aklat ng langit; bilang sila ay naging kabahagi ng katuwiran ni Kristo, at ang kanilang mga ugali ay natagpuang naaayon sa kautusan ng Diyos, ang kanilang mga kasalanan ay mapapawi, at ang kanilang sarili ay ibibilang na karapat-dapat sa buhay na walang hanggan." [Isaias 43:25; Pahayag 3:5; Mateo 10:32, 33.]34

## ANG ATING SOLEMNENG TUNGKULIN

Ang ating wastong pag-unawa sa gawain ng nagsisiyasat na paghuhukom (investigative judgment) ay nangangailangan ng ating determinadong pagkilos tungkol sa ating kaligtasan.

"Lahat na nagnanais na ang kanilang pangalan ay manatili sa aklat ng buhay ay dapat ngayon, sa ilang natitirang panahon ng kanilang palugit, ay papagdalamhatiin ang kanilang mga kaluluwa sa harapan ng Diyos sa pamamagitan ng pagkalungkot para sa kasalanan at tunay na pagsisisi. Kinakailangang may malalim, matapat na pagsisiyasat sa puso. Ang walang halaga, walang kabuluhang espiritu na pinagkakabuyuhan ng napakaraming nag-aangking mga Kristiyano ay dapat maaalis."35

Kinakailangan nating lubos na gawin ang ating sariling pagkaligtas na may takot at panginginig (Filipos 2:12.) "Kapag ang gawain ng nagsisiyasat na paghuhukom ay natapos na (investigative judgment), ang kahahantungan ng lahat ay napagpasyahan na para sa buhay o kamatayan. Ang panahon ng awa ay natapos na sa maikling panahon bago ang pagpapakita ng Panginoon sa mga ulap ng langit. Si Kristo . . . .ay nagpahayag: 'Ang liko, ay magpakaliko pa: at ang marumi, ay magpakarumi pa: at ang matuwid, ay magpakatuwid pa: at ang banal, ay magpakabanal pa. Narito, ako'y madaling pumaparito; at ang aking ganting-pala ay nasa akin, upang bigyan ng kagantihan ang bawa't isa ayon sa kaniyang gawa..' Pahayag 22:11, 12."36

## KONGKLUSYON

"Ang matuwid at ang masama ay mabubuhay pa rin sa lupa sa kanilang may kamatayang kalagayan—ang mga tao ay magtatanim at magtatayo, kumakain at umiinom, lahat ay walang malay na ang pangwakas, hindi na mababawing desisyon ay ipinahayag na sa santuwario sa itaas.

. . . Tahimik, hindi namamalayan tulad sa magnanakaw sa hatinggabi, ay darating ang tiyak na oras na magtatakda ng pag-aayos ng bawat kahahantungan ng tao, ang huling pag-aalis ng inihahandog na awa sa nagkasalang mga tao.

" 'Mangagpuyat nga kayo: . . . Baka kung biglang pumarito ay kayo'y mangaratnang nangatutulog' (Marcos 13:35, 36). Mapanganib ang kalagayan ng mga taong, napapagod sa kanilang pagbabantay, bumabaling sa pang-aakit ng sablibutan. Habang ang taong nangangalakal ay abala sa pagsisikap ng pakinabang, habang ang mahilig sa kasiyahan ay nagsisikap magpakabuyo, habang ang anak ng mahilig sa uso ay nag-aayos ng kanyang mga palamuti—ito ay maaaring sa oras na iyon ang Hukom ng buong lupa ay ipapahayag ang hatol: 'ikaw ay tinimbang sa timbangan, at ikaw ay nasumpungang kulang.' Daniel 5:27."37

Hanggang hindi ng Diyos winawasak ang may-akda ng kasalanan, ang bayan ng Diyos ay dapat isaalang-alang ang kanilang sarili na malaya mula sa pasanin ng kasalanan. Ngayon na ang panahon upang papagdalamhatiin ang ating mga sarili, malalim na suriin ang ating mga puso at taimtim na manalangin para sa pagpapawi ng ating mga kasalanan sa halip ng pagpawi ng ating mga pangalan mula sa aklat ng buhay, Amen. ℛ

**References:**


[1] *Maranatha*, p. 93.
[2] *Selected Messages*, bk. 1, p. 270.
[3] *God's Amazing Grace*, p. 161.
[4] *The Great Controversy*, p. *c.* 2. [1888 edition.]
[5] *The Faith I Live Ni*, p. 75.
[6] *Patriarchs and Prophets*, p. 63.
[7] *Evangelism*, p. 221.
[8] *The Faith I Live Ni*, p. 202.
[9] *Patriarchs and Prophets*, p. 343.
[10] Haskell, S.N., *The Cross and Its Shadow*, pp. 176, 178.
[11] Ibid., pp. 129, 130.
[12] Ibid., p.179.
[13] Ibid., p. 56.
[14] *Testimonies for the Church*, vol. 4, p. 157.
[15] *Reflecting Christ*, p. 46.
[16] *God's Amazing Grace*, p. 69.
[17] *Counsels on Diet and Foods*, p. 269.
[18] *Counsels on Health*, p. 219.
[19] *Patriarchs and Prophets*, pp. 397, 403.
[20] *Early Writings*, pp. 259, 260.
[21] *The Desire of Ages*, p. 709.
[22] *Patriarchs and Prophets*, p. 353.
[23] Ibid., p. 355.
[24] Ibid.
[25] Ibid.
[26] *The Great Controversy*, p. 421.
[27] Ibid.
[28] Ibid., p. 480.
[29] Ibid., p. 486.
[30] Ibid., pp. 480, 481.
[31] Ibid., p. 486.
[32] Ibid., p. 482.
[33] Ibid., pp. 486, 487.
[34] Ibid., p. 483.
[35] Ibid., p. 490.
[36] Ibid.
[37] Ibid., p. 491.



**BIYERNES, DISYEMBRE 13, 2024**

# ANG MGA PANAHON NG KAGINHAWAHAN

NI A. C. SAS — AUSTRALIA

Ang Banal na Kasulatan ay malinaw ituro sa atin na "Sa bawa't bagay ay may kapanahunan, at panahon sa bawa't panukala sa silong ng langit" (Eclesiastes 3:1). Kaya gayon din ang "kaginhawahan" ay may panahon kung kailan ito dapat matupad."

"Ang salitang "kaginhawahan" ay ginamit sa Silangan na may kaugnayan sa ulan na pumapatak sa lupa bago ang huling pag-aani ng trigo. Ito ay din ay kilala bilang "ang huling ulan."

"Sa Silangan ang unang ulan ay bumubuhos sa panahon ng paghahasik. Ito ay kinakailangan upang ang binhi ay tumubo. Sa ilalim ng epekto ng nakakapatabang ulan, ang batang supling ay sumisibol. Ang huling ulan, na bumubuhos malapit sa pagtatapos ng kapanahunan, ay pinahihinog ang trigo at inihahanda ito para sa karit. Ang Panginoon ay ginagamit ang mga gawaing ito ng kalikasan upang kumatawan sa gawain ng Banal na Espiritu."1

Ang propetang si Zacarias sa Lumang Tipan ay gumawa ng batayan hindi lamang hanggang sa pagbuhos ng huling ulan, kundi tungkol din sa pangangailangan ng bayan ng Diyos na manalangin at hilingin ang pagbuhos nito sa naaangkop na panahon.

"Hingin ninyo sa Panginoon ang ulan sa kapanahunan ng huling ulan, sa Panginoon na nagpapakidlat; at kaniyang bibigyan sila ng ulan, at ang bawa't isa'y ng damo sa parang" (Zacarias 10:1).

Sa Bagong Tipan si apostol Pedro ay gumagawa din ng pagtukoy sa "kaginhawahan," ng siya ay nagpahayag ng kanyang sermon sa maraming tao na nagtipon sa araw ng Pentecostes. Sa oras na iyon sila ay pinagkalooban ng dakilang kapangyarihan mula sa langit. Ang Banal na Espiritu ay ibinuhos nang sagana sa kanila. Ang gayong karanasan ay tinawag na "maagang ulan," o ang "unang ulan."

"Nang ang 'unang ulan' ay ibinigay, sa pagbuhos ng Banal na Espiritu sa pagbubukas ng ebanghelyo, upang tumubo ang mahalagang binhi, gayon ang 'huling ulan' ibibigay sa pagtatapos nito para sa pagpapahinog ng ang ani."2

Nang magpahayag si apostol Pedro tungkol sa "mga panahon ng kaginhawahan" ginawa niyang malinaw na may ilang napakahalagang hakbang na dapat gawin bago ang katuparan ng kaganapan, gaya ng nakabalangkas sa mga pagbasa nitong Linggo ng Panalangin, tumutok sa talata sa Bibliya: "Kaya nga



mangagsisi kayo, at mangagbalik-loob, upang mangapawi ang inyong mga kasalanan, upang kung magkagayon ay magsidating ang mga panahon ng kaginhawahang mula sa harapan ng Panginoon; At upang kaniyang suguin ang Cristo na itinalaga sa inyo, na si Jesus:" (Gawa 3:19, 20).

Tayo ay may limang mahalagang punto dito:

a) Pagsisisi

b) Pagkahikayat (Pagbabalik-loob)

c) Pagpapawi ng mga kasalanan

d) Mga panahon ng kaginhawahan

e) Ang pagdating ni Hesus

## PAGSISISI

Ang tunay na pagsisisi ay umaakay sa tao na kilalanin ang kanilang kasalanan at aminin ito. "Ang mga halimbawa ng salita ng Dios ng tunay na pagsisisi at pagpapakababa ay naghahayag ng espiritu ng pagtatapat kung saan walang pagdadahilan para sa kasalanan o pagtatangka ng pagbibigay-katwiran sa sarili. Si Pablo ay hindi ipinagtanggol ang kanyang sarili; inilarawan niya ang kanyang kasalanan sa pinakamadilim nitong kulay, hindi sinubukang bawasan ang kanyang pagkakasala."3

Si apostol Juan ay nagsulat, "Kung sinasabi nating tayo'y walang kasalanan, ay ating dinadaya ang ating sarili, at ang katotohanan ay wala sa atin. Kung ipinahahayag natin ang ating mga kasalanan, ay tapat at banal siya na tayo'y patatawarin sa ating mga kasalanan, at tayo'y lilinisin sa lahat ng kalikuan." (1 Juan 1:8, 9). Ito ay isang kahanga-hangang pangako: Kung ipagtatapat natin ang ating mga kasalanan, tayo ay pinatatawad at nililinis.

## PAGBABALIK-LOOB

Pagkatapos nating magsisi at ipahayag ang ating mga kasalanan ay inaanyayahan tayong magbalik-loob. Ang pababalik-loob ay isang kumpletong 180° na pagbaling ng ating buhay, ang pagkuha ng katapat direksyon. Inaanyayahan tayo ng Panginoon talikuran ang sanlibutan patungo sa Kanya, ng kusang loob, hindi napipilitan:

"Gayon ma'y ngayon, sabi ng Panginoon, magsipanumbalik kayo sa akin ng inyong buong puso, na may pagaayuno, at may pananangis, at may pananambitan: At papagdalamhatiin ninyo ang inyong puso, at hindi ang mga damit ang inyong hapakin, at kayo'y magsipanumbalik sa Panginoon ninyong Dios; sapagka't siya'y maawain at puspos ng kahabagan, banayad sa pagkagalit, at sagana sa kagandahang-loob, at nagsisisi siya sa kasamaan." (Joel 2:12, 13).

"Ang pagbabago ay makikita sa pag-uugali, sa mga gawi, sa mga hangarin."4

Ito ay hindi lamang isang maliit na pagpapabuti ng ating espirituwal na buhay kundi lubusang pagbabago.

"Walang katibayan ng tunay na pagsisisi maliban kung ito ay gumagawa ng pagbabago. Kung isasauli niya sa dati ang ipinangako, ibabalik ang kanyang ninakaw, aaminin ang kanyang mga kasalanan, at iibigin ang Diyos at ang kanyang kapwa tao, ang nagkasala ay maaaring maging tiyak na siya ay nakaligtas mula sa kamatayan tungo sa buhay."5

## PAGPAPAWI NG MGA KASALANAN

Gaya rin ng ating nakita sa panahong ito ng Linggo ng Panalangin, tanging ang mga kasalanan lamang na ipinagtapat at tinalikuran ang maaaring mapawi, o maalis sa aklat ng buhay. Ang pag-alis ng mga kasalanan ay dapat maganap bago natin tatanggapin ang "kaginhawahan"— ang "huling ulan."

"Ang dakilang gawain ng ebanghelyo ay hindi magtatapos na may mas kakaunting pagpakita ng kapangyarihan ng Diyos kaysa sa ipinakita sa pagsimula nito. Ang mga propesiya na natupad sa pagbubuhos ng unang ulan sa pagbubukas ng ebanghelyo, ay muling matutupad sa huling ulan sa pagtatapos nito. Dito ay 'ang mga panahon ng kaginhawahan' ang inaasahan ni apostol Pedro nang sabihin niya, 'Kaya nga mangagsisi kayo, at mangagbalik-loob, upang mangapawi ang inyong mga kasalanan [sa Nagsisiyasat na Paghuhukom (Investigative Judgment]], upang kung magkagayon ay magsidating ang mga panahon ng kaginhawahang mula sa harapan ng Panginoon; at upang Kaniyang suguin si Hesus.' "6

## PAGHAHANDA PARA SA HULING ULAN

Nang ang maagang ulan ay ibinuhos sa araw ng Pentecostes karamihan sa mga alagad ay natipon sa isang lugar, sa silid sa itaas. Ano ang kanilang ginagawa doon sa loob ng sampung araw? Ang Bibliya ay nagsasabi sa atin:

"Ang lahat ng mga ito'y nagsisipanatiling matibay na nangagkakaisa sa pananalangin na kasama ang mga babae, at si Maria na ina ni Jesus, at pati ng mga kapatid niya." (Mga Gawa 1:14).

"Ang mga araw na ito ng paghahanda ay mga panahon ng malalim na pagsisiyasat sa puso. Ang mga alagad ay nadama ang kanilang espirituwal na pangangailangan at dumaing sa Panginoon para sa banal na pangpahid upang sila ay maging angkop para sa gawain ng pagliligtas ng kaluluwa. Sila ay hindi humingi ng pagpapala para sa kanilang sarili lamang. Sila ay nabigatan sa pasanin ng kaligtasan ng mga kaluluwa."7

Ito ay natupad sa Mga Gawa 2:1–4.

"Ang pangako ng Banal na Espiritu ay hindi limitado sa anumang edad o sa anumang lahi. Ipinahayag ni Kristo na ang banal kapangyarihan ng Kanyang Espiritu ay nasa Kanyang mga tagasunod hanggang sa wakas. Mula sa Araw ng Pentecostes hanggang sa kasalukuyang panahon, ang Mang-aaliw ay ipinadala sa lahat ng nagpapasakop ng kanilang sarili nang lubusan sa Panginoon at sa Kanyang paglilingkod."8

Sa kabila ng katotohanan na ang Banal na Espiritu ay ibinigay sa atin ngayon sa isang saktong sukat, upang turuan tayo at gabayan sa lahat ng katotohanan, ang ipinangakong huling ulan ay kinakailangan para sa pagtatapos ng gawain ng Diyos, para sa pagtatapos ng pagpapahayag ng walang hanggang ebanghelyo. At ang pangakong ito ay matutupad:

"At mangyayari pagkatapos, na ibubuhos ko ang aking Espiritu sa lahat ng laman; at ang inyong mga anak na lalake at babae ay manganghuhula, ang inyong mga matanda ay magsisipanaginip ng mga panaginip, ang inyong mga binata ay mangakakakita ng mga pangitain: At sa mga lingkod na lalake at babae naman ay ibubuhos ko sa mga araw na yaon ang aking Espiritu. " (Joel 2:28, 29).

Kapag nabasa natin ang salitang "pagkatapos" sa aklat ni Joel nauunawaan natin na sa mga huling araw ay may isang gawaing kinakailangang maisakatuparan bago ang Banal na Espiritu ay ibibigay sa atin sa pinakamalaking sukat. Sa unang mga talata ng Joel 2, ang propeta ay ginawang malinaw ang gawaing dapat gawin bago ang huling ulan:

"Tipunin ninyo ang bayan, banalin ang kapisanan, pisanin ang mga matanda, tipunin ang mga bata, at yaong mga pasusuhin; lumabas ang bagong kasal na lalake sa kaniyang silid, at ang bagong kasal na babae sa kaniyang silid. Manangis ang mga saserdote, ang mga tagapangasiwa ng Panginoon, sa pagitan ng portiko at ng dambana, at kanilang sabihin, Maawa ka sa iyong bayan, Oh Panginoon, at huwag mong ibigay ang iyong bayan sa kakutyaan, na ang mga bansa baga'y magpuno sa kanila: bakit nila sasabihin sa gitna ng mga bayan, Saan nandoon ang kanilang Dios? Noong ang Panginoon ay naging masikap sa kanilang lupain, at nahabag sa kaniyang bayan." (Joel 2:16–18).

Walang sinuman ang makakatanggap ng "kaginhawahan," o "huling ulan," kung ang kanyang mga kasalanan ay hindi napawi, o naalis. Gayunpaman, ito ay nakakalungkot sabihin, na marami ang umaasa upang matanggap ang dakilang pagpapalang iyon sa kanilang makasalanang kalagayan, nang walang pagsisisi at pagbabalik-loob, umaasa na sa panahon ng huling ulan ay mababago sila. Ang mga kaso ng mga gayon ay walang pag-asa, gaya ng mababasa natin sa sumusunod na pahayag:

"Aking nakita na marami ang nagpapabaya sa paghahanda na lubos na kinakailangan at umaasa sa kaginhawahan'at sa 'huling ulan' upang mag-angkop sa kanila upang makapanindigan sa araw ng Panginoon at makatayo sa Kanyang paningin. O, gaano karami ang nakita ko sa panahon

ng kabagabagan na walang kanlungan! Sila ay nagpapabaya ng kinakailangang paghahanda; kaya sila ay hindi makakatanggap ng kaginhawahang na lahat ay dapat na magkaroon upang maangkop sila na mabuhay sa paningin ng isang banal na Diyos. . . . nakita ko na walang makakabahagi ng kaginhawahan' maliban kung matamo nila ang tagumpay sa bawat paghihirap, sa pagmamataas, pagkamakasarili, pag-ibig sa sanlibutan, at bawat maling pananalita at pagkilos."9

"Yaaong mga nagpapaliban ng paghahanda para sa araw ng Diyos ay hindi matatamo ito sa panahon ng kabagabagan o sa anumang sususod na panahon. Ang kaso ng lahat ng gayon ay wala ng pag-asa."10

"Araw-araw ay kinakailangang nating hahanapin ang pagbibigay-liwanag ng Espiritu ng Diyos, upang magawa nito ang gawain sa kaluluwa at pag-uugali. O, gaano karaming oras ang nasasayang sa pagbibigay pansin sa mga bagay na walang kabuluhan. Magsisi at magbalik-loob, upang ang inyong mga kasalanan ay mapawi kung dumating na ang mga panahon ng kaginhawahang magmumula sa Panginoon."11

"Ngayon ay kinakailangan nating linisin ang sisidlan upang ito ay maging handa para sa makalangit na hamog, handa para sa pagbuhos ng huling ulan; dahil ang huling ulan ay darating, at ang pagpapala ng Diyos ay pupunuin ang bawat kaluluwa na nilinis sa bawat karumihan. Ito ay ating gawain ngayon na ipasakop ang ating mga kaluluwa kay Kristo, upang tayo ay maging karapat-dapat sa panahon ng kaginhawahang nagmumula sa Panginoon—na naaangkop para sa bautismo ng Banal na Espiritu."12

## ANG HULING ULAN AY IBUBUHOS:

"Bago ang huling pagdalaw ng mga paghatol ng Diyos sa lupa ay magkakaroon sa bayan ng Panginoon ng gayong muling pagpapanibagong buhay ng sinaunang kabanalan na hindi pa nasaksihan mula pa noong panahon ng apostol. Ang Espiritu at ang kapangyarihan ng Diyos ay ibubuhos sa Kanyang mga anak."13

"Habang ang mga kaanib ng katawan ni Kristo sa panahon ng kanilang huling pakikipagtunggali, 'ang panahon ng kabagabagan ni Jacob,' sila ay lalago kay Kristo, at makikibahagi ng malaki sa Kanyang Espiritu. Habang ang ikatlong mensahe ng anghel ay lumalakas sa isang malakas na sigaw (loud cry), at habang ang dakilang kapangyarihan at kaluwalhatian ay tumutulong sa pagtatapos ng gawain, ang matapat na bayan ng Diyos makibahagi sa kaluwalhatiang iyon. Ito ay ang huling ulan ang magpapasigla at magpapalakas sa kanila na makapanagumpay sa panahon ng kabagabagan. Ang kanilang mga mukha ay sisinag ng kaluwalhatian ng liwanag na iyon na umaalalay sa ikatlong anghel."14

"Kayo nga'y mangatuwa, kayong mga anak ng Sion, at mangagalak sa Panginoon ninyong Dios; sapagka't kaniyang ibinibigay sa inyo ang maagang ulan sa tapat na sukat, at kaniyang pinalalagpak ang ulan dahil sa inyo, ang maagang ulan at ang huling ulan, sa unang buwan" (Joel 2:23).

"At mangyayari sa mga huling araw, sabi ng Dios, Na ibubuhos ko ang aking Espiritu sa lahat ng laman: At ang inyong mga anak na lalake at babae ay manganghuhula, At ang inyong mga binata ay mangakakakita ng mga pangitain, Ang inyong mga matatanda ay magsisipanaginip ng mga panaginip: Oo't sa aking mga lingkod na lalake at sa aking mga lingkod na babae, sa mga araw na yaon Ibubuhos ko ang aking Espiritu; at magsisipanghula sila." (Gawa 2:17, 18).

"Sa pagsisimula ng panahon ng kabagabagan, tayo ay mapupuspos ng Banal na Espiritu habang tayo ay humahayo at ipinahahayag ang Sabbath ng lubusan."15

"'Ang pagsisimula ng panahon ng kabagabagang iyon,' na binanggit dito ay hindi tumutukoy sa panahon kung kailan ang mga salot ay magsisimulang ibuhos, kundi sa isang maikling panahon bago sila ibuhos, habang si Kristo ay nasa sa santuwario. Sa panahong iyon, habang ang gawain ng kaligtasan ay nagtatapos, darating ang kaguluhan sa lupa, at ang mga bansa ay magagalit, gayon pa man pinipigilan upang hindi mapigilan ang gawain ng ikatlong anghel. Sa panahong iyon ang 'huling ulan,' o ang kaginhawahang nagmumula sa Panginoon, ay darating, upang magbigay ng kapangyarihan sa malakas na tinig ng ikatlong anghel, at ihanda ang mga banal na makatayo sa panahon kung kailan ang huling pitong huling salot ibubuhos."16

"Ang bayan ng Diyos ay natapos ang kanilang gawain. Sila ay tatanggap ng 'huling ulan,' 'ang kaginhawahang nagmumula sa Panginoon,' at sila ay handa na para sa mahirap na panahon sa unahan nila. Ang mga anghel ay nagmamadali paroo't parito sa langit. Isang anghel ang bumalik mula sa lupa ay nagpapahayag na ang kanyang gawain ay natapos na; ang huling pagsubok ay dadalhin sa sanlibutan, at

lahat na napatunayan ang kanilang sarili na matapat sa mga banal na utos ay makakatanggap ng 'tatak ng Dios na buhay.' Pagkatapos si Jesus ay titigil sa Kanyang pamamagitan sa santuwario sa itaas."17

## ISANG SAMA-SAMANG KARANASAN

Habang pinag-aaralan natin ang mga Kasulatan na naglalaman ng mga nakakamanghang pangako ng Diyos sa pagkakaloob sa atin ng Banal Espiritu sa kapuspusan, dapat nating maunawaan na sa panahon ng maagang ulan ang kapangyarihan ng Banal na Espiritu ay ibinigay sa magkakasama na "silang lahat ay nangagkakatipon sa isang dako." Sa panahon ng huling ulan ang karanasan ng bayan ng Diyos dapat magkakatulad. Ang talata sa Bibliya sa Zacarias ay nagsasabi:

"Hingin ninyo sa Panginoon ang ulan sa kapanahunan ng huling ulan, sa Panginoon na nagpapakidlat; at kaniyang bibigyan sila ng ulan" (Zacarias 10:1).

Maraming beses na nating nabasa ang talatang ito sa Bibliya, at naglalagay ng matinding pagdidiin sa mga salitang: "Hingin mo sa Panginoon ang ulan ang panahon ng huling ulan," at nakakalimutan ang huling bahagi ng talata na nagsasabing ang Panginoon ay magbibigay ng ulan "at ang bawa't isa'y ng damo sa parang." Ang mga huling mga salitang ito ay nagpapahiwatig na ang bawat isa na nasa parang (ang iglesia), na sa panahong iyon ay dapat na isang dalisay na iglesia, ay tatanggap ng huling ulan. Yaong mga nagpabayang gumawa kanilang paghahanda para sa pagpapala ng huling ulan ay hindi matatagpuan kasama nila. Sila ay matatanggal mula sa nalalabing bayan ng Diyos sa pamamagitan ng isang matinding pagliliglig. Ang salita ng kinasihan ay napakalinaw:

"Ang Diyos ay binibistay ang Kanyang bayan. Siya ay magkakaroon ng malinis at banal na iglesia. Hindi natin maaaring basahin ang puso ng tao. Ngunit ang Panginoon ay naglaan ng pamamaraan upang mapanatiling malinis ang iglesia."18

"Ang ilan ay naliliglig at naiiwan sa daan. Ang walang ingat at pabaya, na hindi sumasali kasama ang mga taong pinahahalagahan ng sapat ang tagumpay at kaligtasan sa matiyagang pagsusumamo at pakikipagbuno para dito, ay hindi makukuha ito, at sila ay maiiwan sa kadiliman, at ang kanilang mga lugar ay agad na mapapalitan ng iba na nanghahawakan sa katotohanan at pumapasok sa mga hanay."19

## ANG PAGDATING NI HESUS

"Sapagka't napakita ang biyaya ng Dios, na may dalang kaligtasan sa lahat ng mga tao, na nagtuturo sa atin, upang, pagtanggi natin sa kalikuan at sa mga kahalayan ng sanglibutan, ay marapat mabuhay tayong may pagpipigil at matuwid at banal sa panahong kasalukuyan ng sanglibutang ito; Na hintayin yaong mapalad na pagasa at ang pagpapakita ng kaluwalhatian ng ating dakilang Dios at Tagapagligtas na si Jesu-Cristo" (Tito 2:11–13).

"Kapag ang katangian ng Tagapagligtas ay ganap na natularan ng Kanyang bayan, pagkatapos Siya ay darating upang angkinin ang sariling Kanya. Ito ay ang pribilehiyo ng bawat Kristiyano, hindi lamang maghintay, kundi padaliin, ang pagdating ng ating Panginoon."20

"At kung magkagayo'y lilitaw ang tanda ng Anak ng tao sa langit: at kung magkagayo'y magsisitaghoy ang lahat ng mga angkan sa lupa, at mangakikita nila ang Anak ng tao na napaparitong sumasa mga alapaap ng langit na may kapangyarihan at dakilang kaluwalhatian. At susuguin ang kaniyang mga anghel na may matinding pakakak, at kanilang titipunin ang kaniyang mga hinirang mula sa apat na hangin ng sanglibutan, mula sa isang dulo ng langit hanggang sa kabila." (Mateo 24:30, 31).

"Datapuwa't pagparito ng Anak ng tao na nasa kaniyang kaluwalhatian, na kasama niya ang lahat ng mga anghel, kung magkagayo'y luluklok siya sa luklukan ng kaniyang kaluwalhatian: At titipunin sa harap niya ang lahat ng mga bansa: at sila'y pagbubukdinbukdin niya na gaya ng pagbubukodbukod ng pastor sa mga tupa at sa mga kambing; At ilalagay niya ang mga tupa sa kaniyang kanan, datapuwa't sa kaliwa ang mga kambing. Kung magkagayo'y sasabihin ng Hari sa nangasa kaniyang kanan, Magsiparito kayo, mga pinagpala ng aking Ama, manahin ninyo ang kahariang nakahanda sa inyo buhat nang itatag ang sanglibutan" (Mateo 25:31–34).

## KONGKLUSYON

Habang binabasa natin ang karanasan ng mga unang alagad sa simula ng dispensasyong Kristiyano nang natanggap nila ang dating ulan, makikita natin na ang mga nasa silid sa itaas ay tumanggap ng bautismo ng Banal na Espiritu nang sama-sama. Ang ibang mga kaanib ng iglesia ay

tumanggap pagkatapos, bawat-isa.

Maaari rin ba itong mangyari sa ating kapanahunan? Ang huling ulan ay pinag-uusapan, at lubos nating ipinagdadasal ito ng madalas, bilang isang kaganapan na mangyayari sa hinaharap. Kailan kaya ito magaganap? Ito ba ay kasalanan ng Panginoon ang pagkaantala sa pagtanggap ng dakilang pagpapala? Sinasabi sa atin ng Bibliya: "Kung kayo nga, bagaman masasama, ay marurunong mangagbigay ng mabubuting kaloob sa inyong mga anak, gaano pa kaya ang inyong Ama sa kalangitan na magbibigay ng Espiritu Santo sa nagsisihingi sa kaniya?" (Lucas 11:13).

Sa loob ng ilang linggo, ang mga kinatawan ng nalabing bayan ng Diyos ay magtitipon ng sama-sama. Ang Banal na Espiritu ba ay maibubuhos sa mga delegado ng General Conference session sa 2025? Maaari ba ang napakagandang pangako ng huling ulan matatanggap pagkatapos? Mahal na mga kapatid, tayo ay maghanda sa dakilang pagpapalang iyon. Ang Panginoon ay tutulungan ang lahat ng mayroon nitong pagnanais na mabautismohan ng Banal na Espiritu. Ang Espiritu ng Hula ay nagpapayo sa atin:

"Ang mga anghel ng Diyos ay nagbabantay sa pagbubuo ng ugali at tinitimbang ang moral na halaga. Ang panahon ng awa ay malapit nang matapos, at tayo ay hindi pa handa. O nawa, ang salita ng babala ay mag-alab sa inyong mga kaluluwa! Maghanda! maghanda na!" 21

Bilang isa sa inyong kapwa mga lingkod, ako ay may pagnanais na gumawa ng pagsusumamo sa bawat isa kung sino ang pupunta bilang isang delegado sa General Conference Session sa 2025: Pakiusap, pumunta sa Conference na walang laman, malaya sa lahat ng hindi matuwid na ideya, gumawa ng masusing paghahanda, at makipagpayapaan sa Diyos at sa tao, magkaroon ng walang kapintasang budhi, at maging handa na mabautismuhan ng Banal na Espiritu. Sino ang nakakaalam kung ang labis na inaasahang pangako ay matutupad? At tayong lahat, mga kapatid, na hindi delegado, ay dapat suriin ang ating buhay, ipahayag ang ating mga kasalanan at pagkakamali sa Diyos at sa isa't isa, at humingi ng kapatawaran, upang ang ating ang mga kasalanan ay mapawi, at manalangin ng taimtim para sa tagumpay ng Conference, upang dalawin ng Panginoon Ang kaniyang mga lingkod na may mga ulan ng dakilang pagpapala. Ang Espiritu ng Hula ay nagpapayo sa atin:

"Hayaan ang mga Kristiyano na alisin ang kanilang hindi pagkakaunawaan, at ibigay ang kanilang mga sarili sa Diyos para sa pagliligtas ng mga nawaglit. Hayaan sila na sa pananampalataya ay humihingi ng pagpapala, at ito ay darating. Ang pagbuhos ng Espiritu sa panahon ng mga apostol ay ang 'unang ulan,' at maluwalhati ang resulta. Ngunit ang 'huling ulan' ay magiging mas masagana."22

"Ngayon ay ibigay mo ang iyong sarili sa Diyos, upang kayo ay mawalan ng laman sa sarili, walang laman ng inggit, selos, masasamang akala, pagtatalo, lahat ng iyon ay kalapastanganan sa Diyos. Ngayong araw dapat mong linisin ang inyong sisidlan upang ito ay maging handa para sa makalangit hamog, handa na sa pagbuhos ng huling ulan; sapagkat ang huling ulan ay darating, at ang pagpapala ng Diyos ang pupuno sa bawat kaluluwa na nilinis mula sa bawat karumihan. Ito ay ating gawain ngayon na ibigay ang ating mga kaluluwa kay Kristo, upang tayo ay maging angkop para sa panahon ng kaginhawahan na mula sa harapan ng Panginoon—angkop para sa bautismo ng Banal na Espiritu."23

Amen! ℛ

**References:**


1 *Testimonies to Ministers*, p. 506.
2 *The Great Controversy*, p. 611.
3 *Steps to Christ*, p. 41.
4 Ibid., p. 57.
5 Ibid., p. 59.
6 *The Great Controversy*, pp. 611, 612. [1888 edition.] [Words in brackets are in the original.]
7 *The Acts of the Apostles*, p. 37.
8 Ibid., p. 49.
9 *Early Writings*, p. 71.
10 *The Great Controversy*, p. 620.
11 *Ye Shall Receive Power*, p. 319.
12 *The Review and Herald*, March 22, 1892.
13 *The Great Controversy*, p. 464.
14 *The Review and Herald*, May 27, 1862.
15 *Early Writings*, p. 33.
16 Ibid., pp. 85, 86.
17 *The Great Controversy*, p. 613.
18 *Testimonies for the Church*, vol. 1, p. 99.
19 *Early Writings*, p. 271.
20 *Maranatha*, p. 112.
21 *Testimonies for the Church*, vol. 2, p. 401.
22 *The Desire of Ages*, p. 827.
23 *God's Amazing Grace*, p. 205.



SABBATH, DISYEMBRE 14, 2024

# ANG PAGPARITO NI JESU-CRISTO

NI MARCELO PONCE — GERMANY


"Na hintayin yaong mapalad na pagasa at ang pagpapakita ng kaluwalhatian ng ating dakilang Dios at Tagapagligtas na si Jesucristo" (Tito 2:13).

"Isa sa pinaka-solemne at gayunman ang pinaka maluwalhating katotohanan na inihayag sa Bibliya ay ang ikalawang pagparito ni Kristo upang tapusin ang dakilang gawain ng pagtubos. Sa bayang manlalakbay ng Dios, na napakatagal ng naninirahan sa 'lupain at lilim ng kamatayan,' isang napakahalagang, nagbibigay-kagalakang pag-asa ang ibinigay sa pangako ng Kanyang pagpapakita, na Siya 'ang pagkabuhay na maguli at ang kabuhayan,' upang 'pauwiin muli ang Kanyang pinalayas.' Ang doktrina ng ikalawang pagdating ay ang pinaka-pangunahing paksa ng Banal na Kasulatan.

Ako ay 11 taong gulang na bata noong ako dumalo sa aming mga pagpupulong sa iglesia kasama ang aking pamilya sa unang pagkakataon. Doon ako nagsimulang makarinig sa unang pagkakataon ng kahanga-hangang mensahe ng muling pagparito ni Hesu-Cristo sa lupa; at ang mga dakilang kaganapan na ipinahayag sa mga propesiya na natupad nang eksakto at sa oras na inihula nila, ay ang patunay na makikita na natin ang kaganapang iyon sa loob ng maikling panahon.

## ANG KANIYANG PANGAKO

Ilang sandali bago si Jesus pumunta sa Getsemani sa huling pagkakataon upang manalangin, ipinahayag Niya sa Kanyang mga alagad na iiwan Niya sila dahil ang kanyang misyon sa lupa ay malapit ng



magtapos at Siya ay babalik na sa lugar kung saan sila, sa ngayon, ay hindi maaaring sumama ka sa Kanya. Sa pagkakita sa mga alagad' sa natural na reaksyon ng kalungkutan at marahil ng pag-iwan, sinabi ni Jesus sa kanila: "Huwag magulumihanan ang inyong puso" (Juan 14:1). Ang mga salitang iyon ang nagbigay sa kanila ng pag-asa at, tulad nila, ninanais ni Hesus na ibigay sa bawat mananampalataya ang pagtitiwala ng pagkaalam na nauunawaan Niya ang lahat ng mga pangyayari sa buhay at Siya ay mayroon ng lahat ng bagay na kinakailangan ng kaluluwa upang mapayapa. Pagkatapos ay sinabi Niya sa kanila: "Sa bahay ng aking Ama ay maraming tahanan; kung di gayon, ay sinabi ko sana sa inyo; sapagka't ako'y paroroon upang ipaghanda ko kayo ng dakong kalalagyan" (Juan 14:2).

Ang mga mansyon na iyon ay kumakatawan sa isang tahanan at ang isang tahanan ay ang lugar kung saan tayo lahat sa pangkalahatan ay nakakahanap ng seguridad, kapayapaan, at kaligayahan. Ang pangakong iyon ay dapat maging isang dakilang inspirasyon sa bawat isa sa atin; Makakarating tayo sa isang tahanan kung saan din "Ang lobo at ang kordero ay manginginaing magkasama, at ang leon ay kakain ng dayami na gaya ng baka" (Isaias 65:25). Ang tahanang iyon ay malayo sa lahat ng bagay na sa ngayon ay nagdudulot sa atin ng kalungkutan at kawalan ng kapanatagan, kung saan "papahirin niya ang bawa't luha sa kanilang mga mata; at hindi na magkakaroon ng kamatayan; hindi na magkakaroon pa ng dalamhati, o ng pananambitan man, o ng hirap pa man:" (Pahayag 21:4).

Ngunit ang sumunod na pangako ay dakila gaya ng nauna: "At kung ako'y pumaroon at kayo'y maipaghanda ng kalalagyan, ay muling paririto ako, at kayo'y tatanggapin ko sa Aking sarili; upang kung saan Ako naroroon, kayo naman ay dumoon" (Juan 14:3). "Ako ay darating muli" ay ang balsamo na kinakailangan ng mga alagad sa sandaling iyon. Hindi pa nila nalalaman ang pagsubok na naghihintay sa kanila, ngunit mula noon ang pangakong ito ang magiging sentro ng kanilang atensyon at sigasig na lumabas upang ipahayag ang Kanyang pagbabalik, at magsikap na ipakilala si Hesu-Kristo sa lahat bansa, tribo, wika, at mga tao.

## ANG KANYANG PAG-AKYAT AT PAGBABALIK

Apatnapung araw pagkatapos ng Kanyang muling pagkabuhay, si Jesua ay pinangunahan ang Kanyang mga disipulo sa Bundok ng mga Olibo, malapit sa Betania, sa harap ng lungsod ng Jerusalem kung saan Siya ay tinanggihan at pagkatapos ay hinatulan ng kamatayan. Ito ang sandali ng pagpaalam at pagkakataon upang ibigay ang mga huling tagubilin sa pangkat na ito ng mga lalaki at babae na kumakatawan sa nawawalang tupa na natagpuan. Ang mga salita ni Jesus ay hindi panunumbat sa kanilang mga pagkakamali o kabiguan, ang mga iyon ay mga salita ng napakataimtim na pagkahabag at pagdamay.

"Ang mga kamay na nakabukas sa pagpapala, at kahit na may katiyakan ng Kanyang nag-iingat na pangangalaga, Siya ay dahan-dahang umakyat mula sa kanila, iniaakyat sa langit sa pamamagitan ng isang mas malakas na kapangyarihan kaysa sa anumang makalupang paghatak. Habang Siya ay umaakyat paitaas, ang namamanghang mga alagad ay may humahatak na tingin para sa huling sulyap sa kanilang umaakyat na Panginoon. Isang ulap ng kaluwalhatian ang nagkubli sa Kanya mula sa kanilang paningin; at ang mga salita ay bumalik sa kanila na tulad ng maulap na karo ng mga anghel ang tumanggap sa Kanya, 'narito, Ako'y sumasa inyong palagi, hanggang sa katapusan ng sanglibutan.' Kasabay nito ay may lumutang pababa sa kanila ng napakamatamis at napakasayang musika mula sa koro ng mga anghel."[2]

Sa sandaling iyon, dalawang makapangyarihang mga anghel sa anyo ng mga tao, dahil sa pagdamay at pag-ibig sa mga alagad na nakatingin sa langit, ay lumapit at nagtanong sa kanila: "Kayong mga lalaking taga Galilea, bakit kayo'y nangakatayong tumitingin sa langit? itong si Jesus, na tinanggap sa langit mula sa inyo, ay paparitong gaya rin ng inyong nakitang pagparoon niya sa langit" (Gawa 1:11). Ito ang parehong mensahe ng pag-asa na sinabi sa kanila ni Jesus matagal na "Datapuwa't pagparito ng Anak ng tao na nasa kaniyang kaluwalhatian, na kasama niya ang lahat ng mga anghel, kung magkagayo'y luluklok siya sa luklukan ng kaniyang kaluwalhatian" (Mateo 25:31). Ito ay parehong pahayag na natanggap ni Juan sa pulo ng Patmos "Narito, siya'y pumaparitong nasasa mga alapaap; at makikita siya ng bawa't mata, at ng nangagsiulos sa kaniya; at ang lahat ng mga angkan sa lupa ay magsisitaghoy dahil sa kaniya. Gayon din, Siya nawa" (Pahayag 1:7). Ang mga anghel ay tiniyak sa kanila na ang parehong Jesus na kanilang nakitang umaakyat sa langit ay darating muli tulad ng Kanyang pag-akyat. Totoo, Siya ay darating na nasa mga alapaap, at makikita Siya ng bawat mata.

## MGA TANDA NG KANYANG PAGDATING

Ang higit pang pag-unawa tungkol sa panahon ng katapusan ay isang bagay na umakit ng atensyon ng mga alagad— at ganon din tayo dapat maakit nito. Sila ay lumapit kay Jesus nang palihim upang itanong: "Sabihin mo sa amin, kailan mangyayari ang mga bagay na ito? at ano ang magiging tanda ng iyong pagparito, at ng katapusan ng sanglibutan?" (Mateo 24:3).

Sa mga lugar kung saan ang teknolohiya ay mas lumalago at ang mga paglalakbay ay ginagawa na may modernong pamamaraan ng transportasyon, tayo ay nagbibigay pansin sa mga signal ng satellite navigator o GPS device na ibinibigay sa atin, tungkol sa natitirang distansya sa patutunguhan o posibleng mga pagbabago sa napiling ruta. Ang mga palatandaan na malapit sa daan ay nakakatulong din sa atin. Ang mga hula sa Bibliya ay parang katulad ng GPS na nagsasabi sa atin kung nasaan tayo sa kasalukuyan upang tayo ay makapag-handa at gabayan nang ligtas sa patutunguhan.

## ANG PANLILINLANG

"At sumagot si Jesus at sinabi sa kanila, Mangagingat kayo na huwag kayong mailigaw ninoman. Sapagka't marami ang magsisiparito sa aking pangalan, na mangagsasabi, Ako ang Cristo; at ililigaw ang marami." (Mateo 24:4, 5). Bakit ito ipinahayag ni Kristo bilang unang tanda bago ang katapusan? Ang sagot ay ibinigay ni apostol Pedro: "Kayo'y maging mapagpigil, kayo'y maging mapagpuyat; ang inyong kalaban na diablo, na gaya ng leong umuungal, ay gumagala na humahanap ng masisila niya" (1 Pedro 5:8). Mahal mga kapatid na lalaki at babae, si Satanas ay nalalaman ang mga hula sa Bibliya at nalalaman na ang pagdating ni Kristo ang magwawakas sa kanyang nakakakilabot na paghahari. Kaya naman sa tusong panlilinlang at lihim na pakana–katulad ng leon na pinagmamasdan ang biktima nito bago sunggaban ito—ipinakilala niya ang mga huwad na doktrina na nahahaluan ng ilang bahagi ng katotohanan upang ang mga mananampalataya ay mahulog sa kanyang mga bitag. Ang paglaganap ng Islam, Budismo, Agnostisismo, at iba pang pilosopiyang paglaganap sa buong mundo ay binabaluktot ang pang-unawa ng mga tao sa katangian ng nag-iisang tunay na Diyos, ang Maylalang ng langit at lupa, at naglayo sa kanila mula sa tanging tunay na pinagmumulan ng kaalaman, ang Bibliya.

Ang ating tanging katiyakan ay nakasalalay sa pag-aaral ang Banal na Kasulatan na may maraming pananalangin at pagtatalaga. Ito ang tanging bagay na maaaring mag-ingat sa atin laban pagkakamali. Kung gagawin natin ito, tayo ay tiyak na makakapanindigan "Sa kautusan at sa patotoo! kung hindi sila magsalita ng ayon sa salitang ito, tunay na walang umaga sa kanila." (Isaias 8:20). Sa madalas na pag-aaral sa kanila tayo ay makakapag-imbak sa ating kaisipan ng tanging kayamanan na makakapagpatibay sa atin: "Nasusulat." Ngunit isang babala: sa pagsulong ng teknolohiya ito ay lalong lumalagong karaniwang makikita na ang mga mananampalataya ay tinatalikuran ang pagbabasa ng nakasanayang mga Bibliyang yari sa papel. Sa isang banda, ito ay ginawang mas madali para laging dala natin ang kumpletong mga aklatan, mga aralin, mga hymnal, atbp. gamit ang ating mga electronic devices. Pero sa kabilang banda, kahit sa kaunting hudyat ng mensaheng nakarating sa atin o konting sandali ng pagkagambala, iniiwan natin ang pag-aaral at ang ating kaisipan ay mabilis na nababaling

> Ang nag-iisang layunin ng panahon ng awa na mayroon tayo ngayon ay para gamitin natin ito para sa ating pagtatalaga at paghahanda para sa dakilang araw ng pagdating ni Kristo.

sa iba pang mga bagay na madalas walang kinalaman sa sandalling iyan. Dahil napakadali na at dahil sa pamamaraang ito, si Satanas ay maraming beses na nagagawang hadlangan ang mga mananampalataya mula sa pag-aaral ng katotohanan.

## DIGMAAN, SALOT, GUTOM, MGA LINDOL

Si Jesus ay nagbabala sa Kanyang mga alagad:At mangakakarinig kayo ng mga digmaan at mga alingawngaw ng mga digmaan; ingatan ninyo na huwag kayong magulumihanan: sapagka't kinakailangang ito'y mangyari datapuwa't hindi pa ang wakas. Sapagka't magsisitindig ang bansa laban sa bansa, at ang kaharian laban sa kaharian; at magkakagutom at lilindol sa iba't ibang dako" (Mateo 24:6, 7). Sa hindi pa natatagalang mga taon nasaksihan natin ang kaguluhan kung saan ang mga bansa nabubuhay. Habang ang bawat isa ay kasalukuyang naghahanap ng kapayapaan, ang mga malalaking digmaan ay nagwawasak at pumapatay ng libu-libo sa palibot ng mundo. Ang paglilipat ng libu-libong mga taong tumatakas dulot ng mga digmaan at kawalan ng katatagan sa pulitika sa maraming bansa ay kinukuha sila sa iba't ibang panig, gumagawa ng totoong makataong mga krisis kung saan ang sakit at gutom ay nangyayari. Sa kabila ng mga nakakakilabot na pangyayaring ito, milyon-milyon ang inilalaan ng mga may malalaking kapangyarihan upang bumili ng mga armas at bala para ipagpatuloy ang mga digmaan.

Sa kabilang banda, habang sa ilang mga bansang mayroong kasaganaan ng pagkain at maraming tao ang nagkakasakit dahil sa lahat ng fast food o junk food na kanilang kinakain, at kung saan araw-araw libu-libong toneladang pagkain ang napupunta sa basurahan, ay meron ding ibang mga lugar kung saan libu-libo ang namamatay dahil sa gutom. Mahirap tanggapin na sa ika-21 na siglo, sa kabila ng lahat ng teknolohikal na pagsulong at ng pagiging madali at pagiging mabilis ng mga bagay maaaring maihatid. May mga lugar kung saan ang mga tao ay namamatay dahil sa mga sakit na dulot ng kawalan ng inuming tubig o dahil sa panghihina dahil sa wala ng kahit anong makakain. Ang mga likas na sakuna na nangyayari kamakailang mga dekada ay kabilang din sa mga tanda na tinutukoy ni Hesus. Tulad ng tagtuyot na pumupuksa ng buhay sa ilang rehiyon ng planeta, mga baha na dulot ng matindi at abnormal na pag-ulan o buhawi at ang mga bagyo ay nag-iiwan ng pagkawasak at libu-libong mga biktima sa kanilang paglipas. Sa nagdaang mga taon, marahas na mga lindol ang naganap sa iba't ibang mga dako at hindi lamang nadagdagan ang lakas, kundi ganon din ang malaking bilang ng mga biktimang iniiwan nila.

"Gaano kadalas nating naririnig ang mga lindol at mga buhawi, ang pagkawasak sa pamamagitan ng apoy at baha, na may napakalaking pagkawala ng buhay at ari-arian! Tila ang mga kalamidad na ito ay ang hindi mahulaang paglaganap ng magulo, hindi makontrol na pwersa ng kalikasan, ganap na lampas na sa pagkontrol ng tao; ngunit sa kanilang lahat, ang layunin ng Diyos ay maaaring basahin. Sila ay kasama sa mga ahensya kung saan Siya ay nagsisikap na pukawin ang mga kalalakihan at kababaihan sa pagkadama ng kanilang panganib." 3 Ang mga siyentipiko at pilosopo na naghahanap ng mga paliwanag at pamamaraan upang maiwasan ang mga kaganapang ito ay nagpalagay na ang lahat ay mula sa pagbabago ng klima (climate change) at ito ay ang sanhi ng epekto sa kalikasan sa ganitong paraan. Muli, ang mga teorya ng tao ay inililihis ang tainga ng mga tao mula sa totoong dahilan para sa mga kaganapang ito. Totoo na ang kalikasan ay naapektohan at nababago dahil sa masamang mga gawa ng sangkatauhan, subali't hindi natin dapat ipagwalang bahala na ito rin ang mga tanda na tinutukoy ni Jesus. Hindi rin natin dapat balewalain

ang mga sumisira sa kalikasan ay parurusahan. "At nangagalit ang mga bansa, at dumating ang iyong poot, at ang panahon ng mga patay upang mangahatulan, at ang panahon ng pagbibigay mo ng ganting-pala sa iyong mga alipin na mga propeta, at sa mga banal, at sa mga natatakot sa iyong pangalan, maliliit at malalaki; at upang ipahamak mo ang mga nagpapahamak ng lupa" (Pahayag 11:18). Ang dakilang gawa ng paglikha ay sinira, at ang mga may kagagawan sa pagkasira nito ay parurusahan.

Ang mga pangyayaring ito ba ay ang mga tandang ipinahayag ni Hesus sa Kanyang mga disipulo na magsisilbing gabay upang malaman paano matukoy ang panahon? Oo, sila nga. Tulad ng itinanong ng mga alagad, kailan ang magiging katapusan ng panahon? Tayo ay hindi maaaring magtakda ng petsa, tayo ay maaari lamang bigyang kahulugan ang mga tanda at maunawaan na wala nang maraming oras na natitira para sa ating mundo at sa mga naninirahan dito. "Nguni't tungkol sa araw at oras na yaon walang makakaalam, kahit ang mga anghel sa langit, kahit ang Anak, kundi ang Ama lamang" (Mateo 24:36).

## ANG KASAYSAYAN AY NAUULIT MISMO

Si Jesus ay itinuro na ang panahon ng katapusan ay magiging katulad ng panahon bago ang baha. "At kung paano ang mga araw ni Noe, gayon din naman ang pagparito ng Anak ng tao. Sapagka't gaya ng mga araw bago nagkagunaw, sila'y nagsisikain at nagsisiinom, at nangagaasawa at pinapapagaasawa, hanggang sa araw na pumasok si Noe sa daong, At hindi nila nalalaman hanggang sa dumating ang paggunaw, at sila'y tinangay na lahat; ay gayon din naman ang pagparito ng Anak ng tao." (Mateo 24:37–39).

Ang pagkain, ang pag-inom, o pag-aasawa ay hindi labag sa batas na mga bagay. Kung ano ang gumagawa sa kanilang kasuklam-suklam sa Diyos ay ang mga kalabisan na ginagawa ng tao sa kanila. Ang pinakakaraniwang sakit ngayon ay higit na kagagawan ng masamang gawi sa pagkain o pag-inom, ang laging nakaupong pamumuhay, at ang paggamit at pag-abuso ng mga sangkap na nakakapinsala sa kalusugan. Ang matagal na pagkakalantad sa mga nakakalasong bagay tulad ng mga nalalanghap sa malalaking lungsod o paggamit ng tabako at droga ay hindi lamang ang sanhi ng maraming sakit, kundi ganon din ang(genetic alterations) (pagsasama ng mga cell o genes sa hindi natural na pamamaraan) na naglalantad sa mga lumalalang sakit o autoimmune na sakit (sakit na nabubuo kapag ang immune system ay nasisira). Ang kuwento kung ano ng nangyari sa Sodoma at Gomorra, gayundin ang karanasang isinasabuhay ng bayan ng Israel sa Shitim sa harap ng lupang pangako, ay isang babala na naitala upang ituro sa atin na ang kahalayan at hindi makontrol na mga pagnanasa ay aakay sa mga tao na gumawa sa harapan ng Diyos ng pinaka-kasuklam-suklam at napakasamang mga kilos na maaaring maisip natin. "Sa lahat ng kapanahunan mayroong nagkalat na mga malalaking kapinsalaan ng pag-uugali na napadpad sa mga bato ng mahalay na pagpapakabuyo. Habang nalalapit tayo sa katapusan ng panahon, habang ang bayan ng Diyos ay nakatayo sa mga hangganan ng makalangit na Canaan, si Satanas ay gagawin, tulad noong unang panahon, na dodoblehin ang kanyang pagsisikap upang hadlangan sila sa pagpasok sa mabuting lupain. Inilalatag niya ang kanyang mga silo para sa bawat kaluluwa. Hindi ang mangmang at hindi sibilisado ang kinakailangan lang bantayan; siya ay naghahanda ng kanyang mga panunukso para sa mga nasa matataas na katungkulan, sa pinakabanal na katungkulan; kung maaari niyang akayin sila na dumihan ang kanilang mga kaluluwa, maaaring niyang gawin sa pamamagitan nila na mapahamak ang marami. At siya ay gumagamit ng parehong mga ahente ngayon tulad ng ginamit niya sa nagdaang tatlong libong taon. Sa pamamagitan ng makamundong pakikipag-kaibigan, sa pamamagitan ng pang-aakit ng kagandahan, sa paghahanap ng kaluguran, kasiyahan, piging, o ng saro ng alak, siya ay nanunukso ng paglabag sa ikapitong utos."4

## PINABIBILIS ANG KANYANG PAGDATING

"Ito ay pribilehiyo ng bawat Kristiyano na hindi lang hintayin kundi madaliin ang pagdating ng ating Panginoong Hesu-Kristo" (2 Pedro 3:12, margin). Kung ang lahat ng nag-aangkin ng Kanyang pangalan ay nagdadala ng bunga para sa Kanyang kaluwalhatian, gaano kabilis ang buong mundo ay mahahasikan ng binhi ng ebanghelyo. Mabilis ang huling malaking pag-aani ay mahihinog, at si Kristo ay darating upang tipunin ang mahalagang trigo."5

Pribilehiyo nating magsalita tungkol sa mapalad na pag-asa na yun ay ang pagbabalik ni Jesu-Kristo. Pribilehiyo rin nating gawin ang parehong gawain ng pagbabago na ginawa ni Juan Bautista upang ihanda

ang daan para sa unang pagdating ng Panginoon. "Ang dakilang paksa ng pagbabago ay dapat magpasigla, at ang kaisipan ng publiko ay dapat pukawin. Pagpipigil sa lahat ng bagay ay dapat na nakaugnay sa mensahe, upang ibaling ang bayan ng Diyos mula sa idolatriya, kanilang katakawan, at sa kanilang labis na paggasta sa pananamit at iba pang mga bagay."6

Ngayon na ang oras upang gumawa ng pagbabago sa ating mga buhay, kapag ang ating pagsunod sa kautusan ng Diyos ay nagpapahayag na totoong iniibig natin Siya. Walang oras na dapat masayang. Tayo ay dapat na determinado na isara ang mga lagusan sa lahat ng bagay na hindi kumakatawan sa katangian ng bayan na naghahandang ilipat sa makalangit na tahanan. Ang ating mga gawa ay dapat nagpapahayag na "ang ating pagkamamamayan ay nasa langit; mula doon ay hinihintay naman natin ang Tagapagligtas, ang Panginoong Jesu-Cristo" (Filipos 3:20).

## ANG ATING PAGHAHANDA

"Hindi mapagpaliban ang Panginoon tungkol sa kaniyang pangako, na gaya ng pagpapalibang ipinalalagay ng iba; kundi mapagpahinuhod sa inyo, na hindi niya ibig na sinoman ay mapahamak, kundi ang lahat ay magsipagsisi" (2 Pedro 3:9). Ang nag-iisang layunin ng panahon ng awa na mayroon tayo ngayon ay para gamitin natin ito para sa ating pagtatalaga at paghahanda para sa dakilang araw ng pagdating ni Kristo. Bawat araw na lumilipas ay isang araw na bawas sa (countdown) pabawas na pagbilang sa katapusan. Kung si Jesus ay hindi pa bumabalik ito ay dahil lamang binibigyan niya tayo ng panahon upang lahat tayo ay sumailalim sa lubusang pagsisisi at makaranas ng malalim, tunay na pagkahikayat sa ating buhay.

Ang pagliligtas sa atin ay ginawa gamit ang mahalagang dugo ni Kristo, ang Korderong walang kapintasan at walang dungis ( 1 Pedro 1:18, 19 ) upang maabot ang mga tahanang iyon na kung saan "hindi nakita ng mata, at ni narinig ng tainga, Ni hindi pumasok sa puso ng tao, Anomang mga bagay na inihanda ng Dios sa kanila na nangagsisiibig sa kaniya" (1 Corinto 2:9). Huwag hayaan ang mga pang-aakit ng sanlibutan na iniaalok sa atin, ang mga kapistahan at tradisyon nito, mga hindi kinakailangang mga uso o palamuti, hindi masustansyang pagkain o mga inumin o ang pag-ibig sa salapi at mga makamundong ari-arian ang maghihiwalay sa atin sa mahalagang mensahe ng pagdating ng Panginoon na ngayon na ang oras upang makapaghanda!

## KONGKLUSYON

Tanging ang biyaya ng Diyos ang makakatulong sa atin upang paghandaan ang Kanyang pagdating. Tanging ang gawa ng Banal na Espiritu ang maaaring magkumbinsi sa atin sa panawagan ng pagsisisi at pagbabalik-loob. Nawa ang ating pang-araw-araw na panalangin ay "dumating nawa ang kaharian mo." Nawa ang mapalad na pag-asa ay maging tulad ng tanglaw na nagliliwanag sa ating paglalakbay sa madilim na mundong ito na punong-puno ng kasamaan at pagdurusa. Nawa ang ating layunin ay ipagpatuloy patungo sa hangganan, sa ganting-pala ng dakilang pagkatawag (Filipos 3:14) upang ipakita si Jesus sa araw-araw at sa bawat pagkilos. Nawa ang dalisay at walang dungis relihiyon (Santiago 1:27) ang maging bunga ni Kristo sa atin.

"Kapag ang katangian ni Kristo ay ganap na natularan ng Kanyang bayan, pagkatapos Siya ay darating upang angkinin sila bilang Kanya."7 Maranatha, ang Panginoon ay darating na! Ipinahayag niya:

"Oo: ako'y madaling pumaparito. Siya nawa: pumarito ka Panginoong Jesus." (Pahayag 22:20). Amen..


**References:**

[1] *The Great Controversy*, p. 299.
[2] *The Desire of Ages*, pp. 830, 831.
[3] *Prophets and Kings*, p. 277.
[4] *Patriarchs and Prophets*, pp. 457, 458.
[5] *Christ's Object Lessons*, p. 69.
[6] *Testimonies for the Church*, vol. 3, p. 62.
[7] *Christ's Object Lessons*, p. 69.





# ANG KAHARIAN NG KALUWALHATIAN

NI RÔMULO BORGES — BRAZIL

Habang tayo ay nagtatapos ng ngayong Linggo ng Panalangin, tayo ay parang magtatapos ng isang paglalakbay na puno ng mga lihim at mga pagtuklas. Ginagabayan tayo mula sa isang paghahayag tungo sa iba pa, ang Banal na Kasulatan ay nagsisilbi sa atin bilang compass. Naglilinang sa mga talata sa Mga Gawa 3:19 at 20, tinuklas natin ang makabuluhang mga tema tulad ng pagsisisi, pagbabalik-loob, ang pagpawi ng mga kasalanan, ang panahon ng kaginhawahan, at ang pagparito ni Hesus. Ngayon, sa huling pagtitipon na ito, tayo ay magsasaliksik sa "Kaharian ng Kaluwalhatian."

Ang kahariang ito ay hindi ang isang pangkaraniwang, nasasaklaw ng makalupang hangganan o panahon ng tao; ito ay isang walang hanggang kaganapan, kasinglawak at kahanga-hanga gaya ng sansinukob mismo, nakaangkla sa hindi matitinag na katarungan ng ating Panginoong Hesu-Cristo. Parang isang tore ng ilaw na pansenyas (lighthouse) nakakapagtiis sa pagsubok ng panahon at mga unos, ang kahariang ito ay inilarawan sa Daniel 2:44: "At sa mga kaarawan ng mga haring yaon ay maglalagay ang Dios sa langit ng isang kaharian, na hindi magigiba kailan man, o ang kapangyarihan man niyao'y iiwan sa ibang bayan; kundi pagpuputolputulin at lilipulin niya ang lahat na kahariang ito, at yao'y lalagi magpakailan man."

Kaya, aking inaanyayahan kayo na tuklasin magkakasama ang walang hanggang mga pangako nitong maluwalhating kaharian.

## ANG KAHARIAN NG BIYAYA AT ANG KAHARIAN NG KALUWALHATIAN

Itinatampok ng Banal na Kasulatan ang pagpapakita ng kaharian ng Diyos sa dalawang natatanging bahagi:

(1) ang kaharian ng biyaya at

(2) ang kaharian ng kaluwalhatian.

Ang kaluwalhatian ay hindi maaaring umiral kung



wala ang naunang pagpapakita ng biyaya; samakatuwid, mahalagang lumahok muna sa kaharian ng biyaya upang makapasok sa kaharian ng kaluwalhatian.

Noong sinimulan ni Jesus ang Kanyang ministeryo sa Galilea, ipinahayag Niya ang pagdating ng kaharian ng Diyos na may ang mga salitang ito: "Naganap na ang panahon, at malapit na ang kaharian ng Dios: kayo'y mangagsisi, at magsisampalataya sa evangelio." (Marcos 1:14, 15).

"Habang si Jesus ay naglalakbay sa Galilea, nagtuturo at nagpapagaling, maraming tao ang dumagsa sa Kanya mula sa mga lungsod at mga nayon. . . . Hindi kailanman nagkaroon ng panahon tulad ng ganito sa sanlibutan. Ang langit ay dinala pababa sa mga tao. Ang nagugutom at nuuhaw na kaluluwa na matagal nang naghihintay para sa pagtubos ng Israel ngayon ay nagbubunyi sa biyaya ng mahabaging Tagapagligtas."1

Ang kaharian ng biyaya, na ipinahayag ni Hesus, ay naabot ang kasukdulan nito ang krus ng Kalbaryo, kung saan kinuha Niya ang ating kalagayan at namatay bilang ating kahalili upang tubusin tayo sa kahatulan ng kasalanan. Sa pamamagitan ng mga probisyon ng Kanyang biyaya, ang sangkatauhan ay tumanggap ng kapatawaran ng mga kasalanan, pakikipagkasundo sa Diyos, at lubos na kaligtasan. Tulad ng nakasulat sa Efeso 2:8, "Sapagka't sa biyaya kayo'y nangaligtas sa pamamagitan ng pananampalataya; at ito'y hindi sa inyong sarili, ito'y kaloob ng Dios."

Si Jesus ay nagturo din ng tungkol sa nalalapit na pagdating ng kaharian ng Diyos sa Kanyang ikalawang pagdating. Kasama sa kanyang iba't ibang mga turo, itinatampok natin kung ano ang sinasabi ng Mateo 25:31–34 sa kontekstong ito:

"Datapuwa't pagparito ng Anak ng tao na nasa kaniyang kaluwalhatian, na kasama niya ang lahat ng mga anghel, kung magkagayo'y luluklok siya sa luklukan ng kaniyang kaluwalhatian: At titipunin sa harap niya ang lahat ng mga bansa: at sila'y pagbubukdinbukdin niya na gaya ng pagbubukodbukod ng pastor sa mga tupa at sa mga kambing; At ilalagay niya ang mga tupa sa kaniyang kanan, datapuwa't sa kaliwa ang mga kambing. Kung magkagayo'y sasabihin ng Hari sa nangasa kaniyang kanan, Magsiparito kayo, mga pinagpala ng aking Ama, manahin ninyo ang kahariang nakahanda sa inyo buhat nang itatag ang sanglibutan."

"Habang ang mensahe ng unang pagparito ni Kristo ay ibinalita ang pagdating ng kaharian ng Kanyang biyaya, gayon ang mensahe ng Kanyang ang ikalawang pagdating ay nagpapahayag ng kaharian ng Kanyang kaluwalhatian. At ang pangalawang mensahe, tulad ng una, ay batay sa mga propesiya."2

Ang salitang "kaharian" sa talata ng Matthew, kapag tumutukoy sa kaharian ng kaluwalhatian, ay ginagamit ni Hesus bilang paglalarawan kung ano ang mangyayari sa mga huling kapanahunan habang itinatatag Niya Ang pang-buong mundong kaharian ng Diyos. Bagama't ang kaganapang ito ay sa hinaharap, ang pangako na ang Panginoon ay darating ay isang kaganapan. Tulad ng sinabi Niya Mismo:

"Huwag magulumihanan ang inyong puso: magsisampalataya kayo sa Dios, magsisampalataya naman kayo sa akin. Sa bahay ng aking Ama ay maraming tahanan; kung di gayon, ay sinabi ko sana sa inyo; sapagka't ako'y paroroon upang ipaghanda ko kayo ng dakong kalalagyan. At kung ako'y pumaroon at kayo'y maipaghanda ng kalalagyan, ay muling paririto ako, at kayo'y tatanggapin ko sa aking sarili; upang kung saan ako naroroon, kayo naman ay dumoon" (Juan 14:1–3).

Batay sa mahahalagang paghahayag na ito, ang Kristiyano ay hindi lamang nabubuhay sa katiyakan ng pagtubos sa kasalukuyan kundi gayon din sa pag-asa ng sukdulang pagtubos sa kaharian ng kaluwalhatian.

## ANG PAGLUWALHATI AY PINAHIHINTULUTAN ANG MGA NASASAKUPAN NA MABUHAY SA KAHARIAN NG KALUWALHATIAN

Ang pagluwalhati ay ang banal na paghipo na nagpapabago sa isang tao, pinalalaya tayo mula sa mga kahatulan ng kasalanan at ginagawa silang walang kamatayan. Isaalang-alang kung ano ang ipinapahayag ng 1 Corinto 15:51, 52 :

"Narito, sinasaysay ko sa inyo ang isang hiwaga: hindi tayong lahat ay mangatutulog, nguni't tayong lahat ay babaguhin, Sa isang sangdali, sa isang kisap-mata, sa huling pagtunog ng pakakak: sapagka't tutunog ang pakakak, at ang mga patay ay mangabubuhay na maguli na walang kasiraan, at tayo'y babaguhin."

Ang kasalukuyang katawan ng isang mananampalataya kay Kristo ay hindi angkop para sa makalangit na buhay, dahil ito ay mortal, masama, at marupok. Bagama't ang mananampalataya ay natatamasa ang kapuspusan ng Espiritu sa kanilang buhay, taglay pa rin ng kanilang katawan ang marka ng kamatayan. Kaya, sa tunog ng huling trumpeta, na magaganap sa ikalawang pagparito ni Kristo, si Kristo ay bibigyan sila ng bagong katawan.

Ang bagong katawang ito ay hindi masisira, maluwalhati, malaya sa kasalanan, at walang kamatayan, inihanda para sa buhay na walang hanggan. Ang natural na katawan ng Kristiyano ay mababago sa isang espirituwal na katawan na may kakayahang mapanindigan ang kaluwalhatian ng Diyos at handa na para sa paglilipat.

Ang Diyos ay ibabahagi ang banal na paghipo ng pagbabago sa bawat tinubos na indibidwal, kapwa sa muling binuhay na mga banal at sa mga matapat na hindi nakaranas ng kamatayan. Ang aklat na The Great Controversy ay ipinapapahayag ng napakaganda ang kaisipang ito:

"Babaguhin Niya ang ating napakasamang mga katawan at gawing katulad ng Kanyang maluwalhating katawan. Ang may kamatayan, nasisirang anyo, walang kagandahan, minsang nadungisan ng kasalanan, ay magiging sakdal, napakaganda, at walang kamatayan."3

Lahat ay magiging sakdal! Ang pagbabagong ito ay makakaapekto sa kaanyuan ng katawan ng tao subali't iniingatan ang personal na pagkakakilanlan ng bawat isa, hinahayaan ang mga tinubos na kilalanin ang bawat isa.

Ang ating personal na pagkakakilanlan ay iniingatan sa pagkabuhay na maguli . . . . Ang huling bakas ng sumpa ng kasalanan ay aalisin, at ang mga matapat kay Kristo ay lilitaw sa 'kagandahan ng Panginoong nating Diyos,' sa isip at kaluluwa at katawan ay ipinapakita ang sakdal na wangis ng kanilang Panginoon."4

## ANG MGA KATANGIAN NG KAHARIAN NG KALUWALHATIAN

Kapag tinutukoy natin ang kaharian ng kaluwalhatian, ang ating naiisip ay ang Paraiso ng Diyos, ang Bagong Lupa, at ang bagong langit. Gayunpaman, napakahalagang tanggapin na hindi sapat ang ating wikang pantao upang ilarawan ang makalangit na kaluwalhatian. Lahat ng pangwikang pamamaraan ay kulang upang mailarawan ng sapat ang Paraiso ng Diyos. Ang pahina 675 sa The Great Controversy ay binibigyang-diin ang puntong ito:

"Ang wika ng tao ay hindi sapat upang ilarawan ang gantimpala ng mga matuwid. Malalaman lamang ang mga iyon ng mga makakakita nito. Walang may hangganang isipan ang makakaunawa ng kaluwalhatian ng Paraiso ng Diyos."

Sa kabila ng limitasyon ng wika ng tao, maaari tayong kumuha ng inspirasyon mula sa mga salita ng mga propeta at hayaang gabayan tayo sa ating imahinasyon patungo sa banal na paraiso. Sa mga paghahayag sa Apocalipsis, si Apostol Juan ay mapalad na nakasulyap

> Wala ng ibang panahong ibinibigay sa atin upang makapahanda para sa langit. Ito ang tangi at huling pagkakataon upang bumuo ng pag-uugali na aangkop sa atin para sa hinaharap na tahanan na inihanda ng Panginoon sa para sa lahat na masunurin sa kanyang kautusan.

sa makalangit na kaluwalhatian ng walang hanggang kaharian ng Diyos. Ang kanyang pagdidiin ay nasa salaysay ng Apocalipsis 21:1–5, na nagsasabing:

"At nakita ko ang isang bagong langit at ang isang bagong lupa: sapagka't ang unang langit at ang unang lupa ay naparam; at ang dagat ay wala na. At nakita ko ang bayang banal, ang bagong Jerusalem, na nananaog mula sa langit buhat sa Dios, na nahahandang gaya ng isang babaing kasintahan na nagagayakang talaga sa kaniyang asawa. At narinig ko ang isang malakas na tinig na mula sa luklukan, na nagsasabi, Narito, ang tabernakulo ng Dios ay nasa mga tao, at siya'y mananahan sa kanila, at sila'y magiging mga bayan niya, at ang Dios din ay sasa kanila, at magiging Dios nila: At papahirin niya ang bawa't luha sa kanilang mga mata; at hindi na magkakaroon ng kamatayan; hindi na magkakaroon pa ng dalamhati, o ng pananambitan man, o ng hirap pa man: ang mga bagay nang una ay naparam na. At yaong nakaluklok sa luklukan ay nagsabi, Narito, ginagawa kong bago ang lahat ng mga bagay. At sinabi niya, Isulat mo: sapagka't ang mga salitang ito ay tapat at tunay.

Batay sa propesiyang pangitain ni Juan, maaari nating tukuyin ang ilang mga katangian ng kaharian ng kaluwalhatian:

## ANG LUPANG GINAWANG BAGO AT ANG MAKALANGIT NA JERUSALEM

Ang pahayag na "Bagong Lupa" ay nagsasaad ng bagong paglikha. Ang planeta na labis na naapektuhan ng kasalanan ay mawawasak, matutupok ng mga apoy ng banal na paghatol. Si Satanas, ang kanyang mga anghel, at lahat ng masasama ay ganap na lilipulin. Sa Malakias 4:1 ay nagsasalaysay sa atin:

"Sapagka't, narito, ang araw ay dumarating, na nagniningas na parang hurno; at ang lahat na palalo, at ang lahat na nagsisigawa ng kasamaan ay magiging parang dayami, at ang araw na dumarating ay susunog sa kanila, sabi ng Panginoon ng mga hukbo, na anopa't hindi magiiwan sa kanila ng kahit ugat ni sanga man."

Sa pagkawasak ng pasimuno ng kasalanan (si Satanas) at sa paglilinis ng planeta, ang kaluwalhatian ng Eden ay maibabalik. Ang nilalang ay may pagkakasundo sa Maylalang, at ang Bagong Jerusalem ang magiging kabisera ng Bagong Lupa.

## ANG KALUWALHATIAN NG BAGONG JERUSALEM

Ang paglalarawan ng Bagong Jerusalem ay bumihag sa atin sa kagandahan at karilagan nito. Ito ay magniningning na may kaluwalhatian ng Diyos at kikinang na parang mahalagang bato, gaya ng batong jasper, na may mala-kristal na tingkad ng liwanag. (Tingnan ang Pahayag 21:10, 11.)

## ANG TABERNAKULO NG DIYOS SA SANGKATAUHAN

Ang Panginoon ay kasama ng Kanyang bayan. Ang Diyos ay pipiliing manirahan kasama ng Kanyang mga tinubos, na ngayon ay Kanyang walang hanggan mga anak. Sila ay magiging masaya magpakailanman sa Kanyang napakahalagang presensya at Kanyang liwanag. Si Kristo, ang Isa na tumubos sa kanila, ay tatayo sa kanilang tabi. Ang ang naligtas ay magkakaroon ng pribilehiyong sambahin ang Diyos nang harapan sa buong walang-hanggan. Ang Tabernakulo ng Diyos ay nasa kanila, nagtatatag ng isang napakalapit at magiliw na relasyon sa pagitan ni Jehova at ng mga tinubos.

"Ang bayan ng Diyos ay may pribilehiyong magdaos ng hayagang pakikipagkaisa sa Ama at ng Anak. Ngayo'y malabo tayong nakakikita sa isang salamin.' 1 Corinto 13:12. Namamasdan natin na ang wangis ng Diyos ay naipapakita, tulad sa isang salamin, sa mga gawa sa kalikasan at sa Kanyang pakikitungo sa mga tao; ngunit pagkatapos ay makikita natin Siya ng mukhaan, walang nakapagitang tabing na nagpapadilim."5

## WALA NG KALUNGKUTAN O PAGLUHA

Si Juan, ang propeta ng Patmos ay inilarawan ang isang sitwasyon ng walang hanggang kagalakan at kaligayahan sa paraiso ng Diyos:

"At papahirin niya ang bawa't luha sa kanilang mga mata" (Pahayag 21:4).

Sa Bagong Lupa, ang kaharian ng kaluwalhatian ang magiging walang hanggang tahanan ng mga tinubos, kung saan wala nang pagluha, tulad ng lahat ng mga dahilan na maging sanhi ng kalungkutan at pag-iyak ay magiging mga bagay ng nakalipas.

"At ang pinagtutubos ng Panginoon ay mangagbabalik, at magsisiparoong nagaawitan sa Sion; at walang hanggang kagalakan ay mapapasa kanilang mga ulo: sila'y mangagtatamo ng

kasayahan at kagalakan, at ang kapanglawan at ang pagbubuntong-hininga ay mapaparam." (Isaias 35:10).

## WALA NANG SAKIT

Sa Bagong Lupa, ay wala nang sakit. Hindi na kailangan ng mga ospital, doktor, o medikal na mga paggamot. Lahat ng mga kapinsalaan ng kasalanan ay naalis na, at wala ng magsasabing, "Ako ay may sakit!"

"At ang mamamayan ay hindi magsasabi, Ako'y may sakit: ang bayan na tumatahan doon ay patatawarin sa kanilang kasamaan." (Isaias 33:24).

"Kung magkagayo'y madidilat ang mga mata ng bulag, at ang mga pakinig ng bingi ay mabubuksan. Kung magkagayo'y lulukso ang pilay na parang usa, at ang dila ng pipi ay aawit: sapagka't sa ilang ay bubukal ang tubig, at magkakailog sa ilang." (Isaias 35:5, 6).

## WALA NG KAMATAYAN O MGA PRUSISYON NG LIBING

Sa buhay sa lupa, ang kamatayan ang nagtatapos sa maraming masasayang kwento. Sa Bagong Lupa, wala ng kamatayan, prusisyon ng libing, o mga libingan.

"Sinakmal niya ang kamatayan magpakailan man; at papahirin ng Panginoong Dios ang mga luha sa lahat ng mga mukha; at ang kakutyaan ng kaniyang bayan ay maaalis sa buong lupa: sapagka't sinalita ng Panginoon" (Isaias 25:8).

Datapuwa't pagka itong may kasiraan ay mabihisan ng walang kasiraan, at itong may kamatayan ay mabihisan ng walang kamatayan, kung magkakagayon ay mangyayari ang wikang nasusulat, Nilamon ng pagtatagumpay ang kamatayan." (1 Corinto 15:54).

## PAGLAGO SA KAHARIAN NG KALUWALHATIAN

Sa Bagong Lupa, ang mga tinubos ay tutuklasin ang mga nakakamanghang pag-ibig ng Diyos at magpapatuloy sa pag-aaral ng walang kapaguran upang mas maunawaan ang malikhaing kapangyarihan ng Diyos.

"Doon, ang mga walang kamatayang kaisipan ay pagninilayan nang may hindi natatapos na pag-apaw ng kagalakan ang mga nakakamanghang malikhaing kapangyarihan, ng mga hiwaga ng tumutubos na pag-ibig. Hindi magkakaroon ng malupit, mapanlinlang na kaaway upang matukso sa pagkalimot sa Diyos. Bawat kakayahan ay mapapabuti, ang bawat nalalaman ay lalago. Ang pagkamit ng kaalaman ay hindi na nakakapagod sa isipan o uubos ng lakas. Doon ang pinakadakilang kasigasigan ay maipagpapatuloy, ang pinakamatayog ng mga adhikain ay maaabot, ang pinakamataas na pangarap ay matutupad; at naroon pa rin ay lilitaw ang mga bagong tugatog na aakyatin, mga bagong kababalaghang hahangaan, mga bagong katotohanang uunawain, mga bagong bagay na hahamon sa kakayaran ng isipan at kaluluwa at katawan.

"Lahat ng kayamanan ng sansinukob ay magiging hayag sa pag-aaral ng tinubos ng Diyos. Hindi nahahadlangan ng kamatayan, sila ay naglalakbay sa kanilang walang sawang paglipad sa mga mundong malayo—mga mundong nanginginig sa pagmamasid sa paghihirap ng tao at aalingawngaw ng awit ng kagalakan sa pabalita ng tinubos na kaluluwa. Sa hindi masayod na kaluguran ang anak ng lupa ay papasok sa kagalakan at karunungan ng hindi nahulog na mga nilalang.

Ibinabahagi nila ang mga kayamanan ng kaalaman at pang-unawang nakuha sa bawat kapanahunan sa pagmumuni-muni sa gawa ng Diyos. Sa hindi nadidilimang paningin sila ay nagmamasid sa kaluwalhatian ng nilikha—mga araw at mga bituin at sistema, lahat sa kanilang nakatalagang pagkakaayos ay umiikot sa trono ng Diyos. Sa lahat ng bagay, mula sa pinakamaliit hanggang sa pinakadakila, ang pangalan ng Maylalang ay nakasulat, at sa lahat ang kasaganaan ng Kanyang kapangyarihan ay makikita.

"At ang mga taon ng walang-hanggan, habang gumugulong, ay magdadala ng mas sagana at mas maluwalhati pa ring paghahayag ng Diyos at ni Kristo. Habang ang kaalaman ay lumalago, ay gayundin ang pag-ibig, paggalang, at kaligayahan ay magpapatuloy. Habang ang mga tao ay natututo sa Diyos, mas higit ang kanilang pagpapahalaga sa Kanyang katangian. Habang inihahayag ni Jesus sa harapan nila ang mga kayamanan ng pagtubos at ang kamangha-manghang mga tagumpay sa matinding pakikipagtunggali kay Satanas, ang mga puso ng tinubos ay nanginginig na may mas taimtim na pananalangin, at may higit na nag-uumapaw na kagalakan ay kinakalabit nila ang mga gintong alpa; at ang sampung libong ulit ng sampung libo at libu-libong mga tinig ay nagkakaisa upang palakasin ang napakaraming himig ng papuri."6

Ang pagbabalik ng kasalanan ay hindi kailanman magbabanta sa paglago sa kaharian ng kaluwalhatian,

dahil hindi magkakaroon ng manunukso o anumang panganib ng kasamaan. Gayundin, wala ng punong kahoy ng kaalaman ng mabuti at masama na magbibigay ng pagkakataon para sa panunukso. Ang sansinukob ay nasaksihan paghihimagsik ni Satanas at nakita ang mga kaparusahan. Ang banal na hustisya ay itinatag, at ang lahat ng napakalawak na nasasakupan ng Diyos ay magpapahayag:

"Matuwid at tunay ang iyong mga daan, ikaw na Hari ng mga banal" (Apocalipsis 15:3).

Totoo, magkakaroon lamang ng alaala ng pakikibaka sa pagitan mabuti at masama. Bagaman ang mga paghihirap, sakit, at panunukso sa sanlibutan ay nagwakas na, ang bayan ng Dios laging may malinaw at matalinong pag-unawa sa naging kabayaran ng halaga ng kanilang kaligtasan. Si Kristo ay tataglayin pa rin sa Kanyang katawan ang mga tanda ng pagtubos. Sa buong walang katapusan siglo ng walang-hanggan, ang mga tandang ito ay magpapatotoo sa napakadakilang pag-ibig ng Diyos at ang hindi masukat na sakripisyo ni Hesus upang matubos tayo.

"Upang patuloy na pukawin ang pagkamangha at pagsamba ng sandaidigan ang Maylalang ng lahat ng sandaigdigan at Tagapamagitan ng lahat ng kahahantungan ay kinailangang isantabi ang kaluwalhatian at ibaba ang Kanyang sarili sa pag-ibig sa tao. Habang ang mga bansa ng naligtas ay nakatingin sa kanilang Manunubos at minamasdan ang walang hanggang kaluwalhatian ng Ama na nagniningning sa Kanyang mukha; habang minamasdan nila ang Kanyang trono, na nagmula sa walang hanggan tungo sa walang hanggan, at nalalamang ang Kanyang kaharian ay walang katapusan, sila'y biglang aawit ng may labis na kagalakan: 'Karapatdapat, karapatdapat ang Kordero na pinatay, at tumubos sa atin sa Diyos sa pamamagitan ng Kanyang sariling napaka-halagang dugo!'"

## KONGKLUSYON

Matapos tuklasin ang kaharian ng kaluwalhatian at ang walang katulad na mga kababalaghan nito, Ang mga malalim na katanungan ay lilitaw: Sino magkakaroon ng pribilehiyong tamasahin ang mga pag-apaw ng kagalakan ng kahariang ito? Sino ang magiging mga tagapagmana nito?

Sa liwanag ng banal na mga paghahayag, matatagpuan natin ang mga kasagutan: Yaong mga niyayakap at namumuhay sa kaharian ng biyaya ang magiging mga sakop ng kaharian ng kaluwalhatian. Sila ang mga nagtagumpay sa mga kaaway ng sanlibutan, ng laman, at ng isang napakasama.

"Ang magtagumpay ay magmamana ng mga bagay na ito; at ako'y magiging Dios niya, at siya'y magiging anak ko." (Pahayag 21:7).

Ang mga ito ay nagkaroon ng personal na pakikipagkaisa kay Jesu-Kristo, ang Tagapagligtas, at ang Panginoon ng kanilang buhay. Sila ay binago ng Kanyang biyaya sa panahon ng kaligtasan.

Mahal na mga kapatid at kaibigan, tayo ay nabubuhay na sa mga huling sandali ng kasaysayan ng sanlibutang ito. Sa lalong madaling panahon, masasaksihan natin ang pagdating ng kaharian ng kaluwalhatian at magkakaroon ng pribilehiyong tamasahin ang walang hanggang pag-apaw ng kagalagakan nito. Kaya, tayo ay "kinakailangang gawin ang pinakamabuti sa ating kasalukuyang mga pagkakataon. Wala nang ibang panahon ng awa na ibibigay sa atin upang makapaghanda para sa langit. Ito na lamang ang ating tangi at huling pagkakataon upang bumuo ng mga pag-uugali na aangkop sa atin para sa magiging tahanan na inihanda ng Panginoon para sa lahat ng masunurin sa Kanyang kautusan." 8

Ang taimtim kong hiling ay manindigan tayo ng sama-sama bilang mga mananagumpay. Hindi natin maaaring isapanganib na mawala ang ating kaligtasan. Nawa ang Diyos ay tulungan at pagpalain tayo upang ikaw at ako ay maaaring makibahagi sa kaharian ng kaluwalhatian sa makalangit na paraiso. Amen! ℛ

**References:**

[1] *The Desire of Ages*, p. 232.
[2] Ibid., p. 234.
[3] *The Great Controversy*, p. 645.
[4] *The Faith I Live Ni*, p. 185.
[5] *The Great Controversy*, pp. 676, 677.
[6] Ibid., pp. 677, 678.
[7] Ibid., pp. 651, 652.
[8] *Last Day Events*, pp. 236, 237.

the Reformation Herald®

P.O. Box 7240
Roanoke, VA 24019-0240

Periodical Postage PAID
Roanoke, VA 24022

MOVING? Please let us know.

# ANG MENSAHENG KINAKAILANGANG IPALAGANAP

NI BARBARA MONTROSE

*Gaano karami ang nakakapakinig, sa mundong ito na puno ng kabulaanan*
*Ng ebanghelyong nagmula sa Diyos mula sa panahon ng kanilang kabataan?*
*Ito ay nakasulat sa Banal na Kasulatan na ngayon ay napakalinaw;*
*Ang mensaheng napakahalaga sa ngayon—ang pangkasalukuyang katotohanan!*

*Kapag nagtuturo sa malayo at sa napakalawak, sa ibabaw ng burol at o lambak,*
*Ang matamis na himig sa mga puso ay umaalingawngaw;*
*Nagigising ang pag-asa ng mga kaluluwang matagal sa kadiliman*
*At ang mensaheng ito na mula sa Panginoon ay nauunawaan!*

*Sa kaibuturan ng ating kaluluwa, ang panawagan ay dumarating sa atin,*
*Na Ngayon ang panahon na ang pagsisisi ay kinakailangan natin.*
*Upang ang pang-aakit na magkamali at kasalanan ay iwaksi natin*
*At magtiwala sa Tagapagligtas na may pagbiyayang ipinadala sa atin.*

*Sa pagtingin kay Kristo na namamagitan para sa atin,*
*Ang Isa kung kanino ang lahat dapat ay manabik na taimtim,*
*Sa dugong Kanyang sakripisyo ang kapangyarihan ay nagniningning:*
*Ang Batong buhay; na walang tanda ng pagbaling.*

*Malapit ng magwakas ang sanlibutang ito, kasama ang kalungkutang dulot nito;*
*Na malinaw na makikita ng lahat na may pagkakamali dito.*
*Matindi ang ating pananabik sa pananampalataya habang tayo ay nag-iisip*
*Ng pakikipagka-isa kay Hesus at sa makalangit na kaligayahang ninanais!*

*Ngayon sa gitna ng unos at gutom na laganap,*
*Mga sakit at digmaan na may gayong kalungkutan at hirap,*
*Kay Hesus sumuko, ang ating pag-asa ay dapat lumago—*
*Maging determinado sa pagkilos sa pamamagitan ng huling ulan ng Diyos.*

*Ang katotohanang ito ay hindi teorya; ito ay espiritu at buhay;*
*Sa kapangyarihan, ito ay mabunga sa mga pusong ito ay nakalagay.*
*Kapag ang lahat ay nasabi na at nagawa na, ang ating Tagapagligtas ay darating na—*
*At sa bawat isa Siya ay may tiyak na gantimpalang dala.*

*Habang ang katotohanang dapat pahalagahan ay pinagtatawanan at kinukutya;*
*Ang mensahe ay tinatanggihan ng manlilibak at manunuya,*
*Ngunit habang sila ay hindi nakabantay, ang pintuan ng awa ay pagsasarhan,*
*At si Hesus, ang Hari ay magbabalik sa Kanyang kaluwalhatian!*

*Kaya, ngayon na ang ating pagkakataon na pagsisishan ang ating mga kasalanan;*
*Ngayon na ang pagkakataon nating abutin ang nasa kabukiran—*
*Ang pag-aani sa mga kaluluwa ay hinog na*
*At isang gawain ng iilang matatatakan ay dapat magawa na.*

*Sa pagtingin kay Hesus, pananatili sa Kanya,*
*Tayo ay umaangat sa lahat ng kasamaan at kaguluhan.*
*Sa biyaya sa Kanyang kalakasan, tayo ay pumapasok sa Kanyang ubasan*
*Sa pamamagitan ng pananampalataya sa Kanyang pangalan at sa pamumuhay ng Kanyang buhay!*